

KARUNUNGAN LABAN

SA PANANAMPALATAYA

 Salamat, Kapatid na Neville. Pagpalain ka ng Panginoon. Magandang umaga, magandang umaga. Kapatid . . .

² Magandang umaga sa inyo, mga kaibigan. [May nagsasabi, “Magandang umaga, Kapatid na Branaham.”—Pat.] Nagagalak akong makabalik sa bahay ng Panginoon!

³ Pinuntahan ko ang isang tawag sa akin, kani-kanina lang, para ipanalangin ang isang matandang ministro. Nawalan kasi siya ng malay, ganoon na nga. Wala namang nakitang gaanong problema sa kanya. Sadyang isa na siyang matandang lingkod ng Panginoon. Tapos nung pabalik na ako rito, aba’y pinasama ni Satanas ang pakiramdam ko, na parang masusuka, rin ako. Sabi ko, “Sadyang kailangan natin talagang ipanalangin ang isa’t isa.” Ganoon nga. Oo. Hayan nga, si Kapatid na Coggins. Kilalang-kilala na natin siya, dito sa tabernakulo. Malayo ang pinanggalingan niya’t sa Carolina pa. At matindi, matindi ang nangyari sa kanya kanina, nakatayo lang—lang siya tapos bigla na lang siyang nawalan ng malay. Pero wala namang nakitang naging problema sa kanya, walang problema sa katawan niya. Kaya, sa malamang ang diyablo ’yun na sinusubukan siyang buyuin. Hayan nga’t, matinding mambuyo talaga ang diyablo, at magaling, din.

⁴ Narinig n’yo na ’yung kuwento tungkol sa isang matandang kapatid na babae na dumadalo sa simbahan, hindi niya ugaling magsalita ng anumang masama tungkol sa kaninuman. Sabi nga, “Ano pong masasabi n’yo tungkol sa diyablo?” Sabi niya, “Buweno, isa siyang magaling na kaaway.” Ganun nga—ganun nga ang diyablo.

⁵ Nagagalak tayo, ngayong umaga, na makaparito muli sa bahay ng Panginoon, ngayong sanglinggong ito, na naghihintay sa Pagparito ng Panginoong Jesus.

⁶ At ngayon, mangungusap sana ako, sa umagang ito tungkol sa paksang, “Isinailalim sa Dugo,” pero tila binago ng Espiritu Santo ang isip ko sa bagay na ’yan. At kaya may iba ako ritong paksa, na ituturo. Dahil, sa, hayan nga, sabi ko, kagabi, “Bakit Niya kaya binago ang isip ko sa ganoong paksa, ‘Isinailalim sa Dugo?’” Alam n’yo na marahil kung saan ko sana hahanguin ang tekstong ’yan, “Ang Israel sa ilalim ng dugo, nagmamartsa patungo sa pangako,” kita n’yo. At siguro’y tatalakayin na lang natin ’yan, sa ibang panahon.

7 Heto nga't naalala ko, dito sa bagay na napanaginipan ko, di pa gaanong katagalan. At ako raw, sa panaginip na ito, nag-iimbak daw ako ng Pagkain sa tabernakulo, kita n'yo, dito sa panaginip na ito. Ilan ang nakakaalala rito, ilang linggo na ang nakakaraan, nung makapanaginip ako ng ganoon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi ko maibigay sa inyo ang ibig pakahulugan nito noon. At kung di naman ako masyadong kakain ng oras, isasaysay ko po ito sa inyo, kung gusto n'yong marinig ito. ["Amen."] Sige po.

8 Madalang akong managinip ng kahit anong panaginip na madalang unawain. Kasi, madalas, atrasado na ako matulog, at pagkatapos magigising na lang. At kung nerbiyoso ka at pagod, managinip ka man, hayan nga't matutulog ka at mananaginip, tapos gigising na lang. Alam n'yo 'yung ganoong pakiramdam, ng isang taong nerbiyoso na gaya ko.

9 At naroon kami noon nina Kapatid na Wood at Kapatid na Sothmann, at sadyang inihahayag ng Panginoon sa mga tao. . . na pumaroon sa. . . sa dakong 'yun. . . At sa Tucson, Arizona po ito. Hayan nga't sadyang ganap na inihahayag ng Panginoon, sa bawat pagkakataon, ang ibig sabihin ng mga panaginip.

10 Ngayon, kita n'yo, kapag may nagkukuwento, nagsasabi sa akin tungkol sa isang panaginip, ang tanging paraan lang para maibigay ko ang ibig sabihin nun, ay makita ko talaga 'yung panaginip na 'yun. At marami sa inyo dito ang nakakaalam, na sa pagsasaysay n'yo sa mga bagay-bagay, hindi n'yo sinasabi sa akin ang kabuoan, ng panaginip. Ngunit kung makikita ko, rin 'yun, maisasaysay ko 'yung mga bagay-bagay na di n'yo nasabi. Kita n'yo? At kaya kinakailangan talagang makita muna 'yun, at pagkatapos ay Kanyang ihahayag na. Hayan nga't, kung minsan masakit. Kung minsan mahirap tanggapin, nakakagalit sa tao. Subalit kailangang maging tapat kayo, sapagkat Salita ito ng Panginoon. Kita n'yo? Dahil, umaasa sila rito. At hindi Ito nagkakamali. . . ang Panginoon nga'y laging mabuti sa akin, upang laging wasto ang pagkakahayag Nito.

11 At kaya nung gabing 'yun minarapat ko—ko nang matulog, at nakapanaginip ako, hayan nga. At biglang pumasok sa isip ko. . . May kasamahan tayo rito na dati kong nakakasama sa pagboboksing, maraming taon na ang nakakalipas. Marami sa inyo, na matagal nang dumadalo rito. . .

12 Si Kapatid na Roy Slaughter po ang tinutukoy ko, hayan siya't nakatayo sa may pinto. Kasa-kasama na siya, sa palagay ko nga'y isa siya sa pinakamatatagal nang miyembro rito, sa simbahan. Si Kapatid na Slaughter, sa palagay ko'y, isa siya sa matatagal nang miyembro. At hayan—hayan nga't. . .

13 Sa pagsasalita ko ngayon tungkol sa kanya, napakaraming magagandang katangian si Roy Slaughter na hindi nalalaman ng mga tao. Siyanga. Siya'y kinakapatid ko, at mas nanaisin kong

bigyan siya ng isang maliit na bunton ng mga bulaklak ngayon, o ng isang putol ng bulaklak, kaysa sa isang malaking kumpol ng mga bulaklak kapag yumao na siya. Siyanga. Hayan nga't napakarami niyang magagandang katangian. Si Kapatid na Roy ay naging isang tunay na kapatid sa akin, siya at ang kanyang pamilya, namumuhay roon, at nagsisikap maigi para maitaguyod ang munting pamilya niya, at lumaking mga uliran ang mga anak niya. Kilala ko ang lahat ng mga anak niyang babae at mga anak niyang lalaki, at ako po ang nangaral noon sa libing ng anak niyang lalaki nung pumanaw ito.

¹⁴ Hayan nga't naalala ko, minsan dito, may kinuha kaming gagawa rito sa simbahan. At 'yung . . . At 'yung kinuha naming 'yun ang inaasahan naming gagawa, dahil karpintero nga siya. Wala kami noong gaanong pera. At ikakabit na sana niya 'yung interyor dito. At may dumating namang gusto ring gumawa, at kaya hindi na niya itinuloy. At paupo-upo na lang siya roon, at sabi niya gumagawa naman raw siya nang kalahating oras, o parang ganoon, at nasugatan na nga siya sa paa. At kaya 'yun, dahil puwede niyang idemanda ang iglesya sa ganoong dahilan, hayan nga't idinemanda niya tayo sa halagang sampung libong dolyar. Buweno, wala tayong kapera-pera noon. Ni hindi nga natin alam na ganoon na pala ang nangyari hanggang sa may hatol na pala. Kita n'yo, nagdemanda sila. Itong—itong lalaki kasi, kung bakit wala siyang insurance, at kaya tuloy tayo ang sumagot. Wala naman tayong, pambayad.

¹⁵ At hindi ko malilimutan ang gabing 'yun, nakaupo kami noon, sa dakong likuran *doon*, nang biglang dumukot si Roy sa kanyang bulsa. Isang lumang . . . Ipagpaumanhin mo, Kapatid na Roy. Lumang, gula-gulanit na pitaka, bumunot siya ng mga perang papel na naipon niya sa kanyang paghahakot ng dumi ng hayop, sa kanyang pagtatrak. Sabi, “Buweno, Kapatid na Bill, ito ang ambag ko.”

¹⁶ Ang munting kalugod-lugod namang si Evelyn, na kapatid niyang babae, marahil ay nakaupo siya rito ngayon, kung saan man. Sabi niya, “Kapatid na Branham, itong munting lumang bahay ko, tatlong daang dolyar lang ang pinagbilhan nito, pero iaambag pa rin namin ito.” Kita n'yo? Iyon ay tunay, at tamang uri ng pag-uugali, kung tatanungin n'yo ako. Iyon sa pananaw ko, ay tamang uri talaga.

¹⁷ Naalala ko rin, di masyadong katagalan pagkatapos nun, naroon ako noon sa pinakauna kong pagtitipon sa labas. Nasa St. Louis ako noon, sa isa sa mga pinakauna kong malakihang pagtitipon. At dumating ang isang telegrama, “Ang maliit kong dalagita'y nakaratay sa bingit ng kamatayan. Si Kapatid na Slaughter ito. Pumarito ka agad.” Kaya dagli akong lumakad, isinilid ko 'yung mga damit ko sa maleta. Yun na 'yun. Sadyang hindi ko siya kayang tanggihan. At bumiyahe na kami. Nung pagdating ko, pumasok ako dun sa silid. Yung mga nars, doon,

sa ospital na 'yun, ng Katolikong ospital dito sa New Albany, kanilang sinukuan na 'yung dalagita niya. Ngunit pagpasok na pagpasok pa lang namin dun sa silid, pinagaling na agad siya ng Panginoong Jesus. Hayan nga siya, kita n'yo. Kita n'yo?

¹⁸ At tulad nga ng tinapay na hinasik sa tubigan, babalik ito sa iyo balang araw. Napalayo na ako sa paksa ko; hayan nga't balikan natin 'yung sinasabi ko nung una.

¹⁹ Hayan nga't nung araw ay nagboboksing ako. At may isang lalaki sa bayang ito na kilalang-kilala sa bansag niya. Kaawa-awa lang siya't napakalakas maglasing ngayon. Ang isa sa mga anak niyang lalaki'y nasa kapulisan na. Smith, George Smith, pero mas kilala siya sa bansag na, "Six-second Smith." Siya 'yung nagsanay sa akin, noong mayroon pa tayo nitong . . . bago pa nagkaroon nitong Golden Gloves. Dito kami sa may gusali ng gobyerno nagsasanay dati. At ganoon na nga, aba, siya ang pinakamabagsik na taong nakita ko. Walang pakundangan niya akong susuntukin, at napapatilapon talaga ako. At tatayo ako. Sasabihin ko, "Hindi mo naman kailangang lakasan. Kita mo?" Sabi ko, "Nauubusan ako ng hininga sa suntok mo."

²⁰ Sabi niya, "Sinasiabi ko sa iyo, Billy," sabi, "kahit gaano ka pang kaigi magsanay, at gaano mang karami ang karanasan mo sa laro, at gaano ka mang kalakas, para sa laki mo, o anumang tulad nun," sabi, "patitigilin ng suntok na 'yun ang dugo kapag natamaan ka nang *ganoong* kalakas." [Ipinalapak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang minsan—Pat.] At sabi, "Maaaring mamuhi ka sa akin ngayon, pero pagtungtong mo dun sa ring, at ikaw na lang dun," sabi, "pasasalamatan mo ito." Sabi, "Pinapatatag nito ang katawan mo, para makabawi ka agad. Kapag tinamaan ka kasi at natumba, hihilata ka lang dun at mabibilangan ka. Pero kung matatag ang katawan mo at kayang tumanggap ng ganoong suntok," sabi, "hayan nga't, masuntok ka man, matamaan ng malalakas na suntok," sabi, "hayan nga't makakabawi ka agad," sabi, "makakatayo ka uli. Mapatumba ka man sa ring, makakatayo ka agad." Katatapos lang niya akong patalsikin noon palabas ng ring. Kaya sabi niya, "Kailangan mo talagang pagdaanan 'yan. Kita mo?" At halos mapatay na niya ako. Mga nasa tatlumpu o apatnapung libra ang lamang ng timbang niya sa akin. At kaya niyang . . . Isa siyang boksingero at nag-eensayo pa lang ako, kaya halos mapatay niya ako. Sabi niya, "Pero pasasalamatan mo ito pagtungtong mo na ng ring." Nalaman ko ngang totoo pala ang sinabi niya.

²¹ Heto nga't, may narinig din ako tungkol sa mga sarhento sa hukbong sandatahan na sinasanay ang mga kabataang lalaking naroon, at pinahihirapan talaga. Namumuhi sila sa sarhentong 'yun. Pero nung sumabak na sa labanan, mahal na mahal nila ang sarhentong 'yun, dahil sa pinahirapan sila sa pagsasanay.

²² Sa ganoon ko rin sinisikap na masanay ang mga Cristiano. “Huwag n’yong papuputulan ’yang mga buhok n’yo. Huwag kayong magkokolorete. Huwag n’yong gawin ang bagay na *ito*.” Kailangan kayong dumaan sa mahirap. Pasasalamatan n’yo ako kapag sumapit na ako sa—sa dulo ng daan. Kita n’yo? Pagsasanay, kita n’yo, dapat na wasto talaga ang pagsasanay. Hayan nga’t manatili tayong—tayong wasto sa Salita. Mahirap man ito, pagpira-pirasuhin man nito ang mga bagay-bagay na iba dun sa denominasyon, ngunit pasasalamatan n’yo ito kapag sumapit na kayo sa dulo ng daan. Kita n’yo? Nanindigan kasi kayo sa kung ano lang ang naroon sa Aklat.

Kaya naman, ang maybahay ko, inilagay, idinantay niya ang braso niya sa akin, at lumakad na kami.

²³ At si George Smith ngayon, siya’y, sa palagay ko, siya’y ubanin na. Sa palagay ko’y nasa pito o walo, sampung taon ang tanda niya sa akin. At nagbalik siya sa ring, at nakikipaglapan siya. At ’yung mga di hamak na mas batang-batang mga binata na umakyat dun, nagsisilaparan ang mga balikat nila, pero di nila nakayang tapatan siya, kahit anong gawin. Wala silang. . . Wala pang isang minuto’y lupasay na sila. At may isang binata dun ang sabi, “Kaya kong talunin ang matandang ’yan. Tiwala akong kaya ko.” Kaya hayan na nga siya, napakalaki’t matikas na binata, dali-daling tumungtong dun sa ring. Hindi man lang siya tumagal ng kalahating minuto. Pagkababa niya, sabi, “Di ko alam kung saan nanggagaling ’yun, pero isa siyang matikas na lalaki talaga.”

²⁴ At noon din, tiningnan ko ang maybahay ko, sa panaginip po ito, at ang sabi ko, “Mahal, alam mo, ’yang lalaking ’yan ang unang nagsanay sa akin.”

²⁵ At pagkatapos nun, alam n’yo naman, ang mga panaginip kakaiba. Naroon naman daw ako sa may—may malaking dagat, at ang mga tubig nun ay talagang maalon. At ’yung barkero. . . Ngayon, di ko na rito kasama si Meda, ang maybahay ko. At pagkatapos, hayan na nga, lumapit ’yung—’yung barkero, at inabutan niya ako ng isang maliit na lunday na mga dalawa’t kalahating piye, tatlong piye ang haba. At sabi niya. . . Puting-puti nga ’yung lunday na ’yun, gawa sa plastik, at puti ang kulay. Sabi niya, “Heto na ang bangka mo.”

“Oh,” sabi ko, “hindi ako makakatawid, sa ganyan, gamit ’yan.”

²⁶ Sabi niya, “Buweno,” sabi, “kaya nitong umandar nang limampung milya kada oras, paroo’t parito sa gawing *ito*.”

²⁷ Sabi ko, “Puwede ’yan siguro, pero paroo’t parito lang sa baybayin, pero hindi ’yan aabot *doon*. Kita mo?” Sabi ko.

²⁸ Sabi niya, “Buweno, sumama ka sa kanila.” At tumingin ako, at naroon nakaupo sina Kapatid na Wood, at Kapatid na Fred Sothman, ’yung dalawang kapatid na nakasama ko noong

gabing napanaginipan ko ang panaginip na ito. At nakasakay sila dun sa isang berde lunday, na may maraming lubid, mga lubid na ginagamit sa camping, mga tolda, at kung anu-ano pa. At nakasakay nga sila. Sabi niya, “Sumama ka sa kanila.”

²⁹ Sabi ko, “Ni hindi nga sila marunong mamangka.” Sabi ko, “Ako alam ko ito.” Sabi ko, “Isa akong barkero. At alam ko—alam ko ang pasikut-sikot nitong lunday, kung paano nga ito paandarin. Pero,” sabi ko, “sila, hindi nila alam. Hindi sila makakarating dun. Hindi ako sasabak kung ganoon, din lang.”

³⁰ “Buweno,” sabi niya, “pero mahal ka nila.” At sabi, “Bakit hindi ka bumalik dito at mag-imbak?”

³¹ Kaya, bumalik nga ako. At 'yung munting lugar kung saan kami noon nagtungo, isang maliit na lugar na kung tawagin ay Klondike, nasa apatnapung milya ang layo mula sa anumang kabihasan, isang maliit na tindahan para sa mga rantsero at ng kung anu-ano pa. Para ngang Klondike ang lugar na 'yun, at mangyaring ang tabernakulo pala 'yun. Nakatayo ako mismo rito. Tulak-tulak ko paloob 'yung, mga naglalakihang bariles ng pinakamagandang pagkain na nakita ko. Mga labanos, na halos, tatlong talampakan ang haba; at may mga singkamas, at mga gulay, at mga patatas, at lahat na.

³² Sabi niya, “Mag-imbak ka ng marami nito.” Kita n'yo? At nakatayo ako roon, basta iniimbak lang 'yun sa loob.

³³ At nagising na ako. Hindi ko 'yun maunawaan. Akala ko'y basta lang 'yun panaginip, at hinayaan ko na lang. Natigatig si Kapatid na Wood at ang marami sa kanila dahil dun. Kaya, narito na po ang ibig sabihin nun. Hayan nga't kinailangan ko munang maghintay, gaya nga ng sinasabi ko na sa inyo nang makailang ulit na. Kailangang maganap ang mga bagay-bagay bago mo maunawaan ang kahulugan; mga bagay na naglalagay rito sa tamang pagkakalinya. Narito ang ibig sabihin. Sila . . .

³⁴ Matagal na naming hinihintay na makapangibayong-dagat. Si Kapatid na Miner Arganbright, na matalik kong kaibigan, ang sasagot sa lahat ng gastusin ng maybahay ko at gastusin ko, sa paglilibot namin sa Palestina. At pupunta rin kami dun sa Switzerland, at pagkatapos tutulak pa-Afrika, at tapos sa isang malawakang gawain sa Hunyo. At ang maybahay ko, at si Rebekah, hayan nga't, sila'y tuwang-tuwa dahil makapag-iikot sila sa Alemanya, Inglatera, Pransya, at Palestina. Lalagi sila roon hanggang sa matapos ko 'yung malawakang gawain dun sa Afrika, at pagkatapos dadaanan ko sila bago bumalik dito. At sila'y labis na nananabik. Narinig n'yo na noon na sinabi ko, “Kung loobin ng Panginoon,” hayan nga. “Kung loobin ng Panginoon, isasakatuparan ko talaga ang malawakang gawaing 'yan sa ibayong dagat. Pero hindi pa ako nakakatiyak kung matutuloy.” Kaya hinihintay ko lang ito.

35 Pero heto na po talaga 'yun. Itong G. Smith, George Smith, na naging pinakauna kong tagapagsanay, hayan nga't walang kahit sinong kabataan sa buong lupain ngayon ang papantay sa kakayahan niya, sa pagboboksing. Ang kahulugan nga n'yan ay una kong pagsasanay, sa pila sa pananalangin. Kita n'yo?

36 Maraming beses, tuwing tinitipon ko ang mga tao, may mga pangitain. Naghihintay ako. Ganoon nga. *Dito*, may pangitain. *Doon*, may pangitain. Hindi 'yun naging madali. Hayan nga't, nung nagpapasimula pa lang ako, wala akong pinalalampas na kahit sino. . . Liban na lang kung may matuklasan ako sa pila, na sadyang ito tama, at pahihintuin Niya ako, Siya Mismo, kita n'yo, at ipapaalam sa akin ang tungkol dun, pagkatapos ay magpapatuloy ako sa pananalangin sa mga tao. At, naku, ang—ang pakiramdam nga'y parang makasandaang beses, 'pagkat kailangan kong. . . ipanalangin ang nasa apat o limangdaan na tao sa isang gabi. Pero ngayon, marahil dalawampu't lima o tatlumpu, hindi ganoong karami. Marahil sampu o labinlimang pangitain lang, at ako'y. . . kailangan n'yo na akong alalayan sa pag-uwi, halos.

37 Kung babalikan natin 'yung bagay na pinangungusap natin kanina, kita n'yo, babalikan 'yung tungkol dun sa una kong pagsasanay. Hayan nga't, walang kahit ano sa larangang 'yan ang nakadaig kailanman *Dito*, o makadadaig, kita n'yo, 'pagkat ito ang Salita. Hindi Ito basta-basta denominasyon lang diyan. Ito ang Salita. Kita n'yo?

38 At pagkatapos, hayan nga, kung mapapansin n'yo 'yung kasunod na nangyari pagkatapos nun, nawala si Meda dun sa panaginip. Yung bahaging napunta ako sa dagat, 'yun po 'yung: pagpunta ko sa ibayong dagat.

39 Ngayon, tinawagan ako ni Kapatid na Arganbright, noong isang gabi, may pananabik siya, at sabi, "Kapatid na Branham, magiging isang mahabang bakasyon ito. Nagkaroon ng atake sa puso si Kapatid na Shakarian, kaya ang mga pagtitipon natin sa ibayong dagat ay nakansela." At 'yung. . . Yung pagtitipon sa Switzerland, gusto niyang sumadya ako nang isang gabi, at magdaos ng isang gabing pagtitipon dun. Pagkatapos 'yung natitirang araw ay bakasyon nang lahat, mamamasyal-masyal sa palibot ng bansa. Oh, 'yan, nga'y, napaka inam; si Kapatid ni Arganbright ay tunay na maasikaso, Cristiano, at matalik na kaibigan ko at ng pamilya ko.

40 At, hayan nga, nakita n'yo, 'yung maliit, na puting plastik na lunday na nais niyang sakyan ko, 'yun po 'yung Salita ng Diyos. At walang sapat na pangangaral para sumakay ako dun, para tawagin ako sa ibayong dagat. Sabi ko, "Huh-uh, hindi kakayanin. Sakay n'yan? Huh-uh."

Sabi nung lalaki, "Kung gayon humayo ka, sumama ka sa kanila, sila nga'y hahayo rin."

41 Sabi ko, “Hindi naman sila barkero, o mangangaral. Ako’yung ministro. Kung pupunta sila, puro bakasyon lang, ang mangyayari, hayan nga’yung mga lubid dun na ginagamit sa camping.” Kaya naman hindi ko na’yun tinanggap. Tumanggi na ako. Hayan nga po ang ibig sabihin nung—nung panaginip na’yun. Kita n’yo?

42 At mangyaring tinawagan po ako ni G. Arganbright, mga ilang gabi na ang nakalipas, at ipinaalam sa akin na—na ang—ang. . . Hayan nga’t, nabalitaan na namin noong hindi na tuloy’yung mga pagtitipon sa ibayong dagat, dahil sa nangyari kay Kapatid na Shakarian. At wala naman kasing. . . Tapos, ’yung sa Switzerland, isang gabi lang kasi’yun. At ako naman. . .

43 Hinintay ko munang manggaling mismo kay Meda, na, di na siya tutuloy. Kaya tinawagan ko siya, nasa Florida ako nun, nung isang gabi, o Georgia pala, at sinabi ko’yun sa kanya. Sabi ko, “Tumawag si Kapatid na Arganbright at ang sabi niya sa ikadalawampu na ng Mayo ang alis natin.”

44 Sabi niya, “Di na puwede. Di na puwede.” Kita n’yo? “May pagsusulit ang mga bata sa araw na’yun. Hindi kami puwede.” Kita n’yo, hinintay kong manggaling sa kanya mismo, na di na siya tutuloy, kasi siya talaga ang kasama dun. Bakasyon niya’yun. At ganoon na nga ang nangyari.

45 Maging mga panaginip, lahat, ay may pinahihiwatig. Lahat ng bagay ay may pinahihiwatig na kung anuman’yun. Hayan nga’t, may ibig sabihin ang mga panaginip.

46 Ngayon, dito tayo muli. . . Sinasabi ko nga ito sa inyo para maunawaan n’yo, at naka-teyp po ito. Dun sa daan, pauwi. . .

47 Bago nga ako nagtungo roon, ilan po rito ang nakakaalala nung binanggit ko uli’yun dito, ’yung dumating sa akin ang isang Tinig, sa silid isang araw pagkatapos ng isang pangitain, at may sinabi tungkol sa, sinabi’yung tungkol sa serpiyente, na nakagapos na’yun, at huwag nang katakutan pa ang anuman? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sabi Niya, “Huwag kang matakot.” Sabi, “Hindi ba’t nariyan na ang patunay na Ako’y kasa-kasama mo saan ka man magtungo?” Sabi, “Hindi ba’t nariyan na ang patunay na Ako’y kasa-kasama mo sa mga lakad mo sa pangangaso mo?” Naaalala n’yo ba nung banggitin ko sa inyo’yung tungkol sa matatamo ko, bago ako umalis, at ang lahat ng bagay na’yun? [“Amen.”] Kita n’yo? Sabi, “Hindi ba’t nariyan na ang patunay na Ako’y kasa-kasama mo?” Tapos may napaka tamis na Tinig, ang sabi, “Ang di-nagmamaliw na Presensya ni Jesus Cristo ay sasaiyo saan ka man magtungo.” At batid kong, sa pamamagitan nun, patungo na tayo sa isang mataas na bagay. Di ko alam kung ano talaga’yung bagay na’yun. Di ko po masabi.

48 Nung pauwi nga ako, nung isang gabi, o nung isang araw, o bago lang ako umuwi, nagkaroon ako ng isang pangitain. At

nakita ko roon ang ilang mumunting bata, mga mapapayat, na parang mga batang lalaki yata 'yun, o kung ano, na may suot-suot na mga pamandong sa ulo. At nakatayo nga kami roon, nangangaso. At nakabaril ako ng isang malahigante't, sobrang laki talagang kulay-tsokolateng oso. At pagkatapos bumaling 'yung mga bata sa akin at sabi sa akin, sabi, "Hayan nga't may ilang kaguluhan tungkol dun sa pagtitipon."

⁴⁹ Sabi ko, "Kahit ano pang kaguluhan 'yan, kung nakatakda talaga akong pumunta, saanman 'yan, pupunta pa rin ako, kita n'yo. Walang dipirensya dun." At nawala na 'yung pangitain. Hindi ko alam kung saang lugar ang tinutukoy dun. Pero, nasa teyp po ito. Mangyayari ito. Kita n'yo? Tandaan n'yo nga lagi, mangyayari ito. Isa itong pangitain.

⁵⁰ Kaya, ngayon, sa susunod na Linggo, nasa Tennessee po ako n'yan, kung loloobin ng Panginoon, sa susunod na Sabado ng gabi at Linggo, makakasama si Kapatid na M. E. Littlefield, sa, oh, doon nga ito sa punong himpilan ng church of God sa Cleveland, Tennessee. Kina Kapatid na M. E. Littlefield, dun sa simbahan niya, 'yung simbahan niyang inihandog ko po noon, mga dalawa o tatlong taon na rin ang nakalipas, sa Cleveland, Tennessee, sa susunod na Sabado ng gabi at Linggo ng umaga. Gawain lang sa Linggo ng umaga 'yun, sa Linggo. At asahan n'yo ako, isasama ko ang pamilya ko roon, at babalik kami rito agad. Nangako ako sa kanyang, bibisita ako at mangangaral uli sa kanyang simbahan. Sa susunod na Linggo na 'yan.

⁵¹ Pagkatapos, sa susunod na Linggo, paririto si Kapatid na Arganbright kasama si Kapatid na Rowe, na isang diplomata ng Washington, na, nanungkulan noon sa ilalim ng tatlo o apat na pangulo. Paririto sila sa Linggong 'yan, may dadalhin silang bagong litrato. Kaya gusto kong sikapin ng bawat isa rito na makapunta, kung maaari, sa araw na 'yan. Maging ako gusto kong makapunta, rin.

⁵² Tapos sa susunod na Linggo na ang Pasko ng Pagkabuhay. Umaasa tayo sa isang mainam na pagtitipon dito, sa Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay. Kung loloobin ng Panginoon, gusto ko sanang makaparito ng Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay. Para sa . . . Hayan nga't mayroon tayong pagbubukang-liwayway na gawain n'yan, gaya ng lagi nating ginagawa. May bautismo rin, kaya lahat ng babautismuhan, sa Pangalan ng Panginoon nating Jesus, ay pumarito sa Linggo na 'yan. At nabanggit na rito, o napabatid na, kanina, na dahil sa wala tayong sapat na lugar para makaupo ang lahat, baka arkilahin natin 'yung Boy's Club, nasa pito o walong daan ang maiuupo nun, dito lang 'yan sa pasulong dun, sa banda roon, isang bagong lugar diyan sa may kanto lang dito, tapos babalik tayo rito sa atin para sa gawaing pagbabautismo pagkatapos. Tapos babalik uli dun, para ang lahat ay maginhawang makaupo para sa umaga ng Pasko ng

Pagkabuhay. Sisikapin naming asikasuhin na agad ang tungkol dito, sa sanlinggong ito, para alamin na.

⁵³ Pagkatapos ang susunod nang gawain n'yan, magsisimula 'yun ng . . . Luluwas ako sa ikadalawampu- . . . ikadalawampu't lima o ikadalawampu't anim ng buwang ito. At pagkatapos sa ikapito . . . ikaanim, ikapito, ikawalo, at ikasiyam, at ikasampu naman, nasa ano ako noon sa . . . nasa Van- . . . o Victoria Island, dun sa liblib na lugar ng mga Indian, kung saan kailangan mo pang sumakay ng bangka, para makarating sa kanila.

⁵⁴ May munti akong misyunerong kaibigan, isang kapatid na lalaki, nakasama ko siya nitong nakaraang taglagas sa isang lakad ko sa pangangaso. Hayan nga't iniwan nila ang maganda nilang tahanan, siya at ang kanyang maybahay. Kaya naman ang mga bisig niya, 'yung buong 'yun, ay tadtad ng kagat, sa iba't ibang parte. Buweno, ganoon na nga ang nangyari. Dahil 'yun sa mga pulgas, surot at kung anu-ano, kita n'yo, na tiniis nila roon, sa kanilang pananatili dun, sa piling ng mga Indian. Napadalo nila ang ilan sa katutubo dun sa pagtitipon, naisama maging 'yung pinaka pinuno nila. Mga Katoliko silang lahat, halos. At bumaba roon ang Espiritu Santo at dumako roon sa pinaka pinuno, at sa lahat ng mga kasama niya, at pinagaling ang bawat isa sa kanila sa mismong pagtitipong 'yun. Sadyang halos mapudpud 'yung baybayin, sa pagparoo't parito nila, sakay nung sarili nilang bangka. Komersyal na pangingisda ang ikinabubuhay nila, kaya paroo't parito sila sa baybayin. Hayan nga't nagyaya si Kapatid na Eddie, at may bahagyang pagnanais naman din akong magpunta, kita n'yo, kaya sasadya ako roon.

⁵⁵ At pagkatapos aalis kami roon, at magbibiyahé nang isang araw mula dun, at lalagi nang dalawang gabi o tatlong gabi sa Fort St. John. Nasa bandang dulo pa 'yun ng daang-bayan pa-Alaska. At dalawang gabi nga kami roon.

⁵⁶ Tapos, uuwi muna, at . . . sa palagay ko sa ikapito, ikawalo, ikasiyam at ikasampu ng Hunyo. Ngayon, maaari nga kayong magpunta sa lugar na ito, sa mga pagtitipon dito, na gaganapin sa Southern Pines. Naalala pa ba n'yo 'yung kapatid na 'yun na may isinulat siyang magandang artikulo tungkol sa atin dito, di pa katagalan. Siyanga pala, pinadalhan niya ako ng ilan pang mga babasahin. Nabitbit ko sana ang mga 'yun ngayon. Dadalhin ko na lang ang mga 'yun dito sa susunod na Linggo, kung loloobin ng Panginoon. At sige po sa Southern Pines ito, mga nasa, oh, anim o walong oras na pagmamaneho mula rito, Southern Pines, North Carolina. O, sa South Carolina pa yata? North Carolina. Oo. Tama pala. Pagkatapos, hayan nga, tapos nun aalis kami dun sa ikasampu.

⁵⁷ At sa ikalabing-isa at ikalabindalawa, makakasama ko naman si Kapatid na Bigby sa Columbia, South Carolina. At ito 'yung lalaking tinutukoy ko, 'yung Presbyterian na sumulat

nung artikulo. Sa akin lang, 'yun talaga 'yung tumimo sa akin nang husto kumpara sa anumang isinulat ng iba riyang tungkol sa akin. Ang lalaki pong ito'y isang Presbyterian, isang doktor ng dibinidad. At naroon siya noon sa Chicago at isinulat niya ang artikulong 'yun. Tungkol 'yun sa . . . Nakalimutan ko lang 'yung eksaktong nilalaman nun. Pero napakainam talaga nun. May kopya pa ako nun, at nakalagay 'yun sa isang babasahin. Parang tungkol 'yun sa "isang Presbyterian, pagtatagpo sa may Pentecostes," basta parang ganun, "pagtatagpo ng propetang pentecostal sa isang Presbyterian," parang ganun. Hayan nga't makakasama ko siya.

⁵⁸ Hayan nga rin, kagabi, tinawagan namin si Kapatid na Roy Borders, na nasa West Coast na ngayon. At may mga tumulong sa dakong 'yun para mapagtipun-tipon ang halos tatlumpu't lima hanggang apatnapung iglesya para makiisang dumalo sa magiging pagtitipon; Sedalia, California; tapos sa Grass City, tapos nun . . . o Grass Valley, pala. At pagkatapos dun, tutulak na kami pa-Oregon; tapos tuluy-tuloy na sa—sa Washington.

⁵⁹ At pagkatapos si Kapatid na Arganbright, narito na siya n'yan, pupunta kami, pinagpaplanuhan na namin ngayon, na sa huling linggo ng Hulyo, sasadya kami sa Anchorage, Alaska, para magpasimula roon ng sangay ng Christian Business Men, na sasabayan ng mga anim siguro o walong araw na rebaybal na umaasa akong maidaraos dun, dahil sobrang hirap talaga, ng situwasyon diyang sa Alaska. Alam n'yo po 'yan, 'yang buhay na naghahanap ka ng deposito at nagmimina. Tapos ang presyo ng hamon na may kasamang itlog ay nasa halos tatlong dolyar at limampung sentimo na agad kada plato. Talagang—talagang napaka hirap ng situwasyon sa dakong 'yan, subalit kailangan na kailangan talaga nila ang Ebanghelyo.

⁶⁰ Ngayon, heto nga ang nilalayan kong gawin, ganito po, ang mga bagay na ito na itinuturo ko rito, iniimbak ko ang Pagkain rito at ipamamahagi ang mga ito sa labas, hayan nga't gusto ko na talagang humayo. Hindi tiyak kung saan-saang mga lugar ako susugin, subalit ahayo ako, maghahasik ng mga binhi, sa mga dakong susugin ako, ganyan nga po.

⁶¹ Ang maybahay ko, narito po siya ngayon. May natanggap siyang liham sa Illinois mula sa isang ginang noong isang araw. Sadyang tumimo 'yun na parang alab sa kaluluwa ng aking puso. Sabi nung ginang, "Kapatid na babaing Branham," sabi, "hindi na ako magtataka na sa maraming pagkakataon, kahit mapasa hanggang ngayon, mula nung ikinasal ka, na marami ka nang pinagdaanang hirap na dapat mong tiisin, dahil laging wala si Kapatid na Branham, tapos naiiwan sa iyo ang mga bata." At sabi, "Ang mga bata, siyempre, nagsisiyakan sila kapag hinahanap nila ang tatay nila at kung anu-ano pa." At sabi, "Batid ko ang pinagdaraan mo, dahil may mabait din akong

mister, hayan nga.” Sabi niya, “Pero heto, sasabihin ko sa iyo ang naging situwasyon ko.”

⁶² Sabi niya, “Ako—ako’y sumailalim sa apat na maseselang operasyon, sa loob ng huling apat na taon.” Sabi niya, “Yung iniinom kong gamot mga nasa, labinlima o hanggang labing-anim na pampakalma kada araw.” At sabi niya, “Nasa tatlong sari-saring iniksyon ng Lexron ang itinuturok sa akin, di pa kasama ’yung iba, kada linggo.” At sabi, “May nakaantabay pa ako roong gamot na pampatulog, at nitong huli na ’yan, at para ’yun sa ugat ko para kumalma. Tapos ’yung iniksyon naman, nasa dalawa ang itinuturok ko, dobleng dosis ng pampatulog kada gabi, at hindi pa rin naman ako makatulog.” At sabi niya, “Pinayuhan na ako nung doktor ko na magpapasok na ako sa institusyon ng mga baliw agad at baka hindi na ako maisalba. Baka may pag-asa pa na maisalba ang pag-iisip ko.” At sabi, “Wala na ngang magagawa pang remedyo ang mga espesyalista ng medisina sa akin.”

⁶³ At sabi niya, “Pinag-iisipan ko nang magpakamatay noon, nagbabalak na noon, at maiwan ko ang mabait kong mister at maliit ko pang anak na babae.” Sabi niya, “Sa Kansas kami nakatira. Gustung-gusto ko dun, dahil nasasaksihan ko ’yung paghihinog ng mga butil, at naiisip ko ang anihan.”

⁶⁴ Sa tanda ko isa siyang Methodist. At sabi nagpunta dun. . . . Hayan nga, at doon sa kolehiyo ng Methodist sa Bloomington, Illinois, nakakuha sila nung diyaryo, na ang sabi dun paroroon ako, labing-isang buwan na ang nakalipas. Marami sa inyo ang nakakaalala nung pagtitipong ’yun sa Bloomington. Nagpunta nga kayo noon.

⁶⁵ At sabi niya, “Isinama ako ng mister ko, at may kasama rin kaming ilang mga kaibigan, at nagpunta dun.” At sabi, “Batid ng Panginoon na di ko na noon kakayanin pa kapag umabot pa ng kasunod na araw.” Talagang halos wala na siyang pag-asa. At sabi, “Ako ’yung pinaka una roon. Yung anak mong, si Billy Paul, inabutan niya ako ng card. At nung gabing ’yun, nung—nung magtawag ang asawa mo ng mga bilang, ako ’yung nasa harap noon ng pila, para ipanalangin.” At sabi, “Pagtungtong na pagtungtong ko sa entablado,” sabi, “sinaysay niya sa akin ang buhay ko at sinaysay sa akin ang mga bagay na nagawa ko, at ang lahat ng tungkol dun, at nagwika, ‘GANITO ANG SABI NG PANGINOON, wala na ’yan.’” Sabi, “Doon sa mismong sandaling ’yun, di na ako nakadama ng anumang pangingirot.” Sabi, “Nasa higit-kumulang pitumpung libra lang ako noon. Ngayon nasa higit-kumulang sandaan at animnapu na.” Tapos sabi, “Kapatid na babaing Branham kapag nakadarama ka ng lungkot sa pag-iisa,” sabi, “batid ko nga ang pakiramdam mo na ’yan, na pinahihiram mo ang iyong asawa sa mundo, at mga ganoong bagay. Subalit,” sabi, “huwag nawang mawaglit sa iyo,

na isang maybahay mula sa Kansas ang lumaya na ngayon, dahil sa asawa mong handa laging tumalima sa Panginoon.”

66 Ipinakita ko 'yun kay Billy. Sabi ko, “Billy, gusto kong ipadala mo ito dun sa kolehiyo ng Methodist doon.”

May hinalukay siyang ilang liham at iniabot sa akin, sabi, “Basahin n'yo po ang ilan nito.”

67 Sabi ko, “Oo naman. Oo nga't napakainam ng mga 'yan, pero ang isang ito ang pinakamainam sa lahat. Pinatotoo nga nito ang lahat.”

68 Narinig n'yo na ba 'yun? “‘Marumi! Marumi!’ Inaalihan ng demonyo ang lalaki,” hayan nga, nawala raw sa katinuan 'yung lalaki, “nagdusa sa may libingan. Subalit si Jesus ay nariyan, Kanyang pinalaya ang nagagapusan.” At si Jesus ang Salita. Kaya, panghawakan n'yo ang Salita, at palalayain Nito ang nagagapusan.

69 Hayan nga't sa mga nasabi ko na rito, nakain ko na tuloy 'yung oras ko, nakain ko na 'yung oras n'yo, at napakarami pa sana akong sasabihin.

Iyuko na natin ang ating mga ulo.

70 Panginoon, sa aming pagiging mortal, batid naming kapos ang oras namin para makapagsaysay nang mahaba. Sa aking pagtuon ng paningin sa munting, grupo ng mga manlalakbay na ito na ang mga puso'y nangagugutom sa kanilang pagdalo rito mula sa kabukiran, sa pagsasaka, habang ang ilan ay mula pa sa mga komunidad, mula sa pagtatrabaho. Hayan nga't ang ilan sa kanila'y binagtas pa ang mga kabundukan, ang mga disyerto, at mga kaparangan at matutubig na dako, para lang makapagtipon dito, kahit na nakatayo pa. Hayan nga't sila'y mga manlalakbay. Hindi sila nabibilang sa sanlibutan. Narito lamang sila bilang mga patotoo, bilang mga ilaw na natatayo sa ibabaw ng bundok, na nagbibigay Liwanag sa pamayanan kung saan sila naninirahan. At sa pagtitipun-tipon nila, upang muling maihandog ang mga sarili, at mapuno ng Salita, tatayo sila rito, kahit mamitig ang kanilang mga binti, at ang—ang matatanda at mga kabataan, sama-sama rito.

71 Iniibig Ka nila, Panginoon. Kaya naman sila'y pumarito. Kahit sino'y batid na di paririto ang isang tao, at magbibiyaha nang milya-milya, at tatayo sa tabi ng mga pader, sasandal, at mangangalay ang mga binti, para lang magpakita. Hayan nga't sa dako na ito, Panginoon, kami—kami nga'y mga mahihirap lamang. Hindi kami nagpunta rito na elegante ang pananamit. Nagpunta kami rito upang sambahin Ka. May isang adhikain sa puso namin, isang layunin at isang motibo, at Ikaw po 'yun, Panginoon.

72 Dalangin ko po, Diyos, na gantimpalaan Mo po sila nang sagana. Wala nawang isa mang daraan sa mga pintuang ito, sa

araw na ito, na di magtatamo ng Buhay na Walang Hanggan. “Nariyang ang mga pasakit sa lakbayin ay papawiin, pagsapit namin sa dulo ng landasin.” Kung may karamdaman po sila, pagalingin Mo sila, Panginoon.

⁷³ At ngayon nabanggit ko po ang tungkol sa iba pang mga pagtitipon, o 'yung tungkol sa hindi ko batid kung saan 'yun, pero ako pa rin ay hahayo, kung ito ang Iyong kalooban, basta isasaboy lang ang mga Binhi. Uusbong nga Sila, kung tatama po Sila sa tamang lupa. Idinadalangin ko nga, Panginoon, na pangunahan Mo Sila sa tamang lupang 'yun.

⁷⁴ Nakapatong po sa entablado, o sa pulpito, ang ibig kong sabihin, ngayong umaga rito, ang mga panyo, maliliit na tela. Nangangahulugan lang na ang mga tao'y may karamdaman, nangangailangan. Oh Diyos ng Langit, na Siyang nagbangon kay Cristo mula sa mga patay at Siya na ipinakilala sa amin sa huling panahong ito, sa anyo ng Espiritu Santo, Siya nawa Na sumasalihat ng dako ay tumunghay; nakababatid, nakakaalam ng lahat ng mga bagay; kalakas-lakasan, makapangyarihan sa lahat. Masdan Mo ang mga maliliit na telang ito. At ang mga ito nawa, pagdampi ng mga ito sa mga maysakit at napipighati, buhayin nawa ng Espiritu Santo ang panalanging 'yun sa mga tainga ng Diyos, at agad nawa silang magsigaling.

⁷⁵ Panginoon, sa pag-alala namin sa kaawa-awang munting babaing 'yun noon. Nabanggit ko po ang patotoo niya, “Naroon siya sa Kansas ngayon, masaya, wala nang pangigiro. Walang sinumang doktor ang makakakita ng anumang problema sa kanya. Wala na ang mga pananakit, wala na ang mga gamot na pampakalma, wala na ang mga gamot na pampatulog; siya'y nakakatulog na nang mainam at mahimbing. Maayos na ang lahat.” Oh Panginoon, tunay nga, kapag dumarating Ka, ang lahat ng bagay ay nagiging mabuti na. Nagpapasalamat po kami sa Iyo para sa bagay na 'yan.

⁷⁶ Ngayon, Ama, habang ibinabaling namin ang aming sarili sa Salita, pagpalain Mo po ang Iyong Salita. Nawa'y hindi Ito bumalik sa Iyo na walang kabuluhan, kundi matamo Nito ang itinakdang layunin para Rito at kung para saan ito itinaan. Sa Pangalan ni Jesus ay aming hinihiling ito. Amen.

⁷⁷ Ngayon, naririnig ba ako, nang bawat isa maigi? Diyan sa likod sa may bandang likod, malinaw po ba? Alin ang malinaw, 'yung *paganito* ako magsalita, o 'yung *paganito* ako magsalita? Yung sa gawi *rito*, mas malinaw sa banda rito? Nasasagap n'yo ba ako riyan sa likuran? Sige, hihilain ko na lang ito sa banda rito, para mas malapit.

⁷⁸ Yung nakaraang Linggo nga'y, ibang klase talagang linggo 'yun, medyo—medyo nasagad ko 'yung oras, napahaba 'yung pangangaral ko. Hindi ko sana gusto 'yung ganun. Kaya naman ngayon, sige lang po, ayos lang naman sa akin, kung 'yung mga

nakaupo, aalukin nila 'yung mga nakatayo, na makipagpalitan ng puwesto sa kanila, kahit sandali, para maginhawaan sila. Napakabuting gawain ng Cristiano 'yan. At ngayon, ngayon, sisikapin natin, na sa—sa Pasko ng Pagkabuhay, baka may iba tayong lugar para magpadausan ng—ng—ng pinaka gawain.

⁷⁹ Ngayon magsisibuklat tayo, ngayong umaga. Kayong lahat na mga sundalo'y bunutin n'yo nga ang inyong—inyong Tabak ngayon, at tayo'y magdedeklara ng gera laban sa kaaway. May inaawit-awit tayo dati-rati rito na isang munting awitin na alam n'yo.

Labanan ay sisilakbo, Oh Cristianong sundalo,
Harapin ang kalaban nang may katapangan.

Narinig n'yo na ang awiting ito.

Mga baluti'y pinakikintab, mga bandera'y
inilaladlad,
Ang tama at mali ay muling magtutunggali.

Kita n'yo? Ganoon nga.

Labanan ay sisilakbo, pero huwag panghinaan
ng loob,
Magpakalakas ka't manghawakan sa Kanyang
mainam na kapangyarihan;
Kung ang Diyos ay kakampi natin, bandera
Niya'y sumasa atin,
Sa huli'y aawitin natin ang pananagumpay na
awitin.

⁸⁰ Ganoon nga. Ngayon magsibuklat na nga muna tayo, rito, para basahin natin ang pagbasa sa Kasulatan na matatagpuan dito sa San Juan 10, ang unang limang talata.

Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang pumapasok sa hindi pintuan ng kulungan ng mga tupa, kundi umaakyat sa ibang daan, ang gayon ay tulisan at magnanakaw.

Datapuwa't ang pumapasok . . . sa pintuan ay siyang pastor ng mga tupa.

Binubuksan siya ng bantay-pinto; at—at dinirinig ng mga tupa ang kaniyang tinig: at tinatawag ang kaniyang sariling mga tupa sa pangalan, at sila'y inihatid sa labas.

Pagka nailabas na niya ang lahat ng sariling kaniya, ay pinangungunahan niya sila, at nagsisisunod sa kaniya ang mga tupa: sapagka't nakikilala nila ang kaniyang tinig.

. . . sa iba'y hindi sila magsisisunod, kundi magsisitakas sa kaniya: sapagka't—sapagka't hindi nila nakikilala ang tinig ng mga iba.

⁸¹ Ngayon, ang paksa sa umagang ito, na napili kong ituro sa kaunting oras, ay: *Karunungan Laban Sa Pananampalataya. Karunungan Laban Sa Pananampalataya.*

⁸² Ngayon, dalawa lang ang pinagkukunan, o sa pamamagitan lang ng dalawang pinagkukunan, tayo maaaring mabuhay. Alam n'yo ba 'yun? Ngayon ating . . .

⁸³ Marami akong mga Kasulatang nailista rito. At nais kong inyong . . . Siguro'y sasangguni tayo sa mga ito, sa pagpapatuloy natin. At—at sisikapin kong tapusin ito agad kung maaari. At hindi na masyado pang . . . Basta ilalatatag ko lang ito, para kayo na ang tumugaygay sa inyo pagkatapos. Kita n'yo?

⁸⁴ Hayan nga't sa dalawang pinagkukunan lamang tayo makahuhugot ng ating buhay. Ang isa riyang ay karunungan, at ang isa naman ay pananampalataya; at siguro isipin natin kung anong ibinubunga ng karunungan, at kung anong ibinubunga ng pananampalataya. Siguro'y, ang dalawang pinagkukunan na ito, babalik-balikan natin sila ngayong umaga at gagawin nating paksa para sa pag-aaral natin ng Sunday school ngayon, at tutugaygayin sila sa Biblia; at ipapakita kung ano ang mga ito, at kung ano ang gagawin ng mga ito, at kung ano na ang nagawa nila, sa pamamagitan ng tulong ng Panginoon.

⁸⁵ Ngayon, pananampalataya at karunungan. Ngayon, sa pagsisimula natin, mapapansin natin, dito, sa Genesis, sa una nitong kabanata, mapapansin natin na—na ipinakilala ang pananampalataya, at ipinakilala rin ang karunungan. At, maging sa panahon ngayon, ang dalawang pinagkukunang ito'y ipinakikilala pa rin sa sankatauhan. Hayan nga't natuklasan natin, na, ang Diyos ang May-Akda ng pananampalataya, para maniwala, para manampalataya at magtiwala ang mga tao sa Kanyang Salita. At si Satanas naman ang may-akda nitong karunungan, ibinabaling ang mga tao na tanggapin ang karunungan niya, at hinihila palayo ng pananampalataya na nasa Salita ng Diyos. Yan nga ang dalawang pinagkukunan.

⁸⁶ Tila kakatwa ang natuklasan nating ito tungkol sa Genesis, ang pinagsibulang kabanata, na ganito pala ito nagpasimula. Hayan nga't nakita natin na ang lahat ng bagay na mayroon tayo, sa araw na ito, ay orihinal na nagpasimula sa Genesis, 'pagkat ang salitang *Genesis* nga'y nangangahulugang “ang pasimula.” Kaya naman kung mapapansin natin ang mga bagay-bagay sa paligid natin, ngayon, kung bakit sila ganito-ganyan ang kalagayan, ay dahil may pinagsimulan sila. Kinakailangan mo ngang tugaygayin ang lahat pabalik mula sa pinaka simula.

⁸⁷ At heto po ang isang bagay na gusto kong isipin n'yo. Ang lahat ng bagay na may pasimula, ay may katapusan. Subalit ang mga bagay na walang pasimula, o walang katapusan, sila lang ang tanging mga bagay na Walang Hanggan.

⁸⁸ Kaya naman, may gusto lang akong itanong. Papaano natin mabibigyan ng katwiran ang salitang “ang Walang Hanggang pagiging anak ng Diyos”? Kung Anak Siya, may pasimula Siya. Kung Siya’y Walang Hanggang Anak, papaano Siya magiging Anak at magiging Walang Hanggan? Samantalang, ang *anak* ay—ay bunga ng isang bagay. Kaya naman, kung Siya nga’y—Siya nga’y ganoon, hindi maaaring matawag na Walang Hanggang Anak. Wala kasing ganun, “Walang Hanggang Anak ng Diyos.” Dahil nga, kung Siya’y—kung Siya’y walang pasimula kahit kailan, ibig sabihin Siya’y wala na ngang iba kundi Walang Hanggan. Ngunit, kung Siya’y Anak, hayan nga’t may pasimula talaga Siya, kaya hindi Siya maaaring maging isang Walang Hanggang Anak.

⁸⁹ Ganito po kasi ’yun ang Walang Hanggang Diyos ay nahayag bilang Anak. Uh-huh. Kita n’yo? Walang Hanggang Diyos dapat, ’pagkat ang Diyos lang ang nag-iisang bagay na Walang Hanggan.

⁹⁰ At ang tanging paraan lamang para mabuhay tayo ay ang pagkakaroon natin ng Buhay na Walang Hanggan. Mamamatay ang katawang ito, lahat ng mga bahagi natin ay mamamatay. Subalit ang bahaging Walang Hanggan na ang Diyos nga, ay di maaaring mamatay. Ngayon, ngayon, ang Salita, ang Biblia, ay Walang Hanggan, sapagkat ang Diyos Ito sa anyong Salita. At ang anumang bagay na nasa Diyos, sa mga kaisipan Niya, bago pa man magkaroon ng anumang binigkas na Salita, ay Diyos nga. Nakikita n’yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Diyos nga. Samakatwid, yamang tayo’y itinalaga na, tayo nga; na nagsasabing “tayo,” at ako nga’y umaasa kasama n’yo na itinalaga talaga tayo; kasama tayo sa—sa mga bagay na ’yan na nasa Diyos na dun pa sa Walang Hanggan.

⁹¹ At kaya naman, kung anak kayo ng Diyos na naipanganak muli, kayo nga, sa pagtataglay n’yo ng Espiritu Santo sa loob n’yo, kayo ang kahayagan ng binigkas na Salita ng Diyos bago pa Ito naging isang Salita. Kinailangan nga muna itong maging kaisipan bago ito maging isang Salita. Ang Salita nga’y isang binigkas na kaisipan. At ang mga kaisipang ito’y nasa Diyos, kaya naman nasa Diyos na tayo sa Walang Hanggan pa lang, at binigkas tayo ng Salita upang magsilitaw. Oh, kay ganda . . . Sa pamamagitan nga ng anong Salita? Ng Salitang *Ito*, Salita ng Diyos.

⁹² Ngayon, ang Diyos ang May-Akda ng pananampalataya. Si Satanas naman ang may-akda ng karunungan. Hayan nga’t, ibinigay ng Diyos sa Kanyang unang mga anak ang Kanyang Salita, at sinabihan silang dapat nila Itong sampalatayanan; tapos inilagay itong kamatayan, paghihiwalay, kaparusahan, kung mabibigo silang sampalatayanan Ito.

⁹³ At dumating si Satanas at kanyang sinubukang alukin si Eba, ng karunungan, “Ika’y magiging pantas, na nakakakilala ng tama sa mali, parang Diyos.” Ngayon, kita n’yo, nung pasimula pa lang, makikita n’yo na diyan mismo na nagmula ang karunungan sa diyablo. Tila kakaiba ’yun, di po ba? Pero ’yan talaga ang katotohanan. Nagmumula ang karunungan sa diyablo. Siya ang may-akda ng karunungan.

⁹⁴ Ngayon, siyempre, anumang may kinalaman sa diyablo, ay pagbabaluktot ng orihinal. Ang kasalanan ay pagbabaluktot, pagbabaluktot ng katuwiran. Ang pangangalunya ay pagbabaluktot ng isang—ng isang legal na gawain. Ang kasinungalingan ay pagbabaluktot ng katotohanan.

⁹⁵ At kaya naman itong—itong karunungan na nais ko sanang maliwanagan kayo, bago tayo mag-umpisa. May karunungan kasi ang Diyos, ang karunungan ng Diyos, hayan nga, ay ang pananatili sa Kanyang Salita. Pero si Satanas, sa karunungan niya, kanyang sinikap na baluktutin ang Salita, at ito po ’yung karunungan na tinutukoy ko.

⁹⁶ Maging kay Satanas nga po’y may partikular na sukatan ng pananampalataya. Kung—kung tatanggapin mo si Satanas, iyo ngang pinaniniwalaan si Satanas, kaya naman may tinatawag ding baluktot na pananampalataya sa isang baluktot na bagay. At anumang bagay na nagtatangkang baluktutin ang Salita ng Diyos, para pasalitain Ito ng bagay na hindi naman Nito sinabi, ay maling espiritu nga, kita n’yo, nag-aalok ng karunungan para kumontra sa karunungan ng Diyos. Kaya, ang itatawag natin diyan ngayon ay karunungan, at hindi pananampalataya ni Satanas.

⁹⁷ Marami sa mga tao na ganoon ang pananampalataya, ay mga sinsiro, at nananampalataya, sa pamamagitan ng buong pananampalatayang taglay nila, na sila’y tama. Kita n’yo? Kaya kailangan n’yo talagang mag-ingat. Parang kumot ’yan na puwedeng mahatak sa dalawang direksyon. Kaya naman, ang taong ’yan, sila . . . Ang tanging paraan para makasigurado, ay bumalik sa orihinal na Salita. Doon nakabatay ang lahat ng mga bagay, doon nga sa Salita.

⁹⁸ Ngayon, nalaman natin na may dalawang pinagsangahan, o dalawang pinagkukunan, nga: ’yung isa, karunungan; at ’yung isa naman, pananampalataya. At sila’y nagpapang-abot na sa isa’t isa simula pa noong paglalang, sa halamanan ng Eden.

Ngayon, may mga anak dun sa magkabilang panig.

⁹⁹ Ngayon, ano nga uli itong—itong karunungan na tinutukoy natin dito? Ito ngang di pagsang-ayon nito na ang kabuoan ng Salita ay ang Katotohanan. Isa itong bagay na lilihis palayo ng Katotohanan, ihahayag ang sarili bilang mas nakakaangat na kaalaman, nakakaangat na karunungan. At kung nagbuhat ang

ganung uri ng karunungan kay Satanas, ang mga anak niya ay nabubuhay sa pamamagitan ng ganoong karunungan.

¹⁰⁰ At kung ang pananampalataya sa Diyos ay buhat naman sa Diyos, at ang Diyos ay Salita, nabubuhay ang mga anak ng Diyos sa pananampalataya. Sinabi ba ng Biblia, “Ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng karunungan?” [Sinabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Pananampalataya! “Ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.” Hindi sa kung anong maaari niyang matutunan, kundi sa kung ano ang kaya niyang sampalatayanan. Buweno.

¹⁰¹ Ngayon, ngayon natuklasan nga natin. Talakayin natin ang karunungan, muna. Ang karunungan ay may pangangatwiran. Ang pananampalataya’y walang pangangatwiran. Subalit ang karunungan ay may mga pangangatwiran. Simulan nating buklatin sa Biblia, at bumuklat po tayo ngayon sa Genesis, sa ika-3 kabanata ng Genesis, at ituro natin ito.

¹⁰² Ngayon ano itong ginagawa natin, itong sinisikap nating gawin sa umagang ito? Ang sundin nga kung anong sinabi ng Panginoon, “Mag-imbak ng Pagkain.” Kakailanganin n’yo Ito, pagdating ng panahon. “Mag-imbak ng Pagkain.”

¹⁰³ Ngayon, Genesis 3:1, basahin natin ito ngayon, at pansinin kung papaanong ang karunungan ay may pangangatwiran.

Ang serpiyente nga ay lalong tuso kay sa lahat ng mga hayop sa parang na nilikha ng PANGINOONG Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay bang, sinabi ng Dios, (pagsampalataya, pagbigkas sa Salita), Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?

At sinabi ng babae sa serpiyente, Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami:

Datapuwa’t... sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan, ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, (binanggit niya ang Salita), ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo’y mamatay.

¹⁰⁴ Ngayon, ang pananampalataya ay nanghahawakan Doon. Kita n’yo? Ngayon masdan.

... sinabi ng serpiyente sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay:

¹⁰⁵ Isa ’yang pangangatwiran, mga pangangatwiran, “Napaka buti naman ng Diyos. Napaka mahabagin naman ng Diyos. Mahal na mahal naman Niya kayo nang lubos.” Maririnig n’yo nga ang siya ring diyablo noon sa araw na ito. “Napakabuti ng Diyos para gawin ang *ganyan*. Hindi *iyang* gagawin ng Diyos. Hindi magpaparusa ang Diyos.” Pero gagawin nga Niya nang eksaktong-eksakto kung ano ang sinabi ng Kanyang Salita na Kanyang gagawin. Kita n’yo?

¹⁰⁶ “Tunay na hindi kayo mamamatay.” Nakikita n’yo? Yang sinisikap niyang gawin? Inaakit niya ang babaing mangatwiran kasama niya. Sa minuto ngang mangatwiran kayo sa Salita ng Diyos, inyo nga talagang mawawaglit ang pananampalataya. Kita n’yo? Huwag nga kayong sa una “oo, tapos hindi, siguro.” Manatili kayo mismo Roon. Kita n’yo? Tama na sana si Eba nung simula, pero nakinig siya sa mga pangangatwiran.

¹⁰⁷ Sadyang napakaraming mga tao ngayon na nagtataglay ng tamang kaalaman, na nalalaman nilang ang Salitang ito ay ang Salita ng Diyos, at Ito talaga ang Salita ng Diyos, pero sa kanilang pagkakatayo dun ay hinahayaan nilang ilihis sila sa pamamagitan ng pangangatwiran ng mga nagsisipag-aral sa seminaryo palayo sa bagay na Iyon, palayo sa Espiritu Santo, palayo sa mga bagay ng Diyos. “Mga pangangatwiran, dapat nating gibain ang mga ito.”

¹⁰⁸ Ngayon, ika-4 na talata.

Sapagkat . . .

Sasabihin ko sa inyo kung bakit ganyan ang sinasabi ni Satanas. Babasahin ko muna ang ika-4 na talata, tapos, ’yung ika-5 nito.

At sinabi ng serpiyente sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay—mamamatay:

Sapagka’t talastas ng Dios na sa mga araw na kayo’y kumain niyaon, ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo’y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti sa masama.

¹⁰⁹ Kita n’yo, pinakitaan siya nito ng pangangatwiran, “Gusto mo bang makapantay ang Diyos? Sundin. . .” Sa madaling salita, “Gusto mo bang makuha talaga ang kaisipan ng Diyos? Sundin mo ang payo ko. Makinig ka sa akin. Hindi Ganyan ang ibig sabihin ng Diyos diyan. Hindi ganyan.”

¹¹⁰ Sa oras na marinig n’yo ’yan, layun n’yo na agad. Siyanga. Sutsot ’yan ng serpiyente. May katwiran nga kung tutuusin. Subalit huwag nga kayong lumagi sa pangangatwiran, kahit anong mangyari. Basta sampalatayanan n’yo lamang ito, itong sinabi ng Diyos. Ngayon, nang ang. . .

At nang makita ng babae na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, . . .

¹¹¹ Nakita n’yo na kung anong kinahinatnan? Dinala ng mga pangangatwiran ang babae patungo sa isang kaisipan na tama raw ’yun, na totoo raw ’yun.

. . . at nakalulugod sa mata, at kahoy na mananasa . . .

¹¹² “Upang makapanampalataya ang tao”? [Sinabing kongregasyon, “Hindi.”—Pat.]

*...upang magtamo ng kaalaman ang tao,
magpapantas sa tao,...*

113 Nakita n'yo na kung anong nangyari? Ipinapasok ni Satanas ang kaalaman, kaalaman na salungat sa Salita, "upang magpapantas sa tao."

*...pumitas siya ng bunga...at kinain; at binigyan
din niya ang kaniyang asawang kasama niya; at ito'y
kumain.*

*At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at
kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi
ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang
panapi.*

114 Ngayon, anong nagpasimula nun? Pangangatwiran. Kita n'yo? Ang pananampalataya nga'y walang pangangatwiran. Huwag kayong mangatwiran, kahit ano pang mangyari. Kayo'y manampalataya. Sa sandaling naipanalangin na kayo, at inyo nang tinanggap ang Salita ng Diyos para mapagaling, huwag na kayong mangatwiran kesyo ganito ang nararamdaman n'yo. Huwag na kayong mangatwiran kesyo ganito-ganyan. Walang lugar dapat ang pangangatwiran dito. Ang Diyos na mismo ang nagsabi, at 'yun na dapat 'yun.

115 Oh, nais ko sanang huminto rito nang kahit ilang minuto, at bumabad dito, at humango ng teksto mula rito. Pero di na kakayanin, hayan nga't ipapangaral ko pa ang mga ito, na nasa apatnapu o limampung teksto na nailista ko rito. Kaya naman ito pong pangangatwiran...

116 Sa tuwing may ibinibigay na pangitain ang Panginoon... Sasabihin ko lang po ito sa inyo, sa sarili kong munti't musmos na pamamaraan. Sa tuwing nagbibigay nga ang Panginoon ng pangitain ng isang bagay na magaganap, aba, hindi ko alintana 'yung mga bagay-bagay na kumokontra rito.

117 At tandaan n'yo, lahat nga nitong pumapasok, kumokontra, si Satanas ang may gawa nun. Sisikapin niyang mangatwiran, "Hindi mo 'yan kaya."

118 Gaya na lang, nitong kababanggit ko lang kanina, tungkol sa pagpunta... Ngayon, medyo kakaiba ito. Nangyari ito nung bago lang yumao ang nanay ko. At batid ng Panginoon na hindi ako noon makakatupad sa napag-usapan ng mga kapatiran na lakad, para mangaso. At may pangitain, at isinusugo ako dun sa kalayo-layong British Columbia.

119 At nung dumating na kami dun, sabi nung kasama naming nagtuturo ng daan, "Ako nga hindi pa ako nakakakita ng osong silver-tip. Samantalang dito na ako namuhay sa buong buhay ko. At isa pa, sa kaparangan tayo ng mga tupa papunta, sakay rito sa kabayo. Walang mga silver-tip doon. Walang...Hindi kayo makakakita ng ganun dun sa pupuntahan natin." Kita n'yo?

Kita n'yo? Sinisikap, kita n'yo, sinisikap na ibaling sa iba; sa pangangatwiran.

¹²⁰ Sabi ni Satanas sa akin, “Baka naman, naano mo lang—naano mo lang namali ka lang ng pagkaunawa sa pangitain.”

¹²¹ “Subalit hindi ako namali. Mangyayari ito. GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” At nung lumitaw 'yung caribou, at nakita naming tumugma nga 'yun, na nasa pangitain nga 'yun, hayan nga't alam n'yo 'yan.

¹²² Pagkatapos sabi niya sa akin, sabi sa akin nung kasama naming tagaturo ng daan; napakabait na kapatiran, nakasama nga namin siya nang ilang linggo, Cristianong kabataan talaga. Sabi niya, “Kapatid na Branham, may epilepsy noon ang lalaki kong kapatid. At dumating ka nga rito nung araw na 'yun na nakakabayo, at sinabi mo sa akin na gawin ang isang bagay, at 'yung 'epilepsy ng kapatid ko'y mawawala.” Sabi niya, “Nung ginawa ko nang eksakto 'yung sinabi ng Espiritu Santo sa iyo na sabihin sa akin,” sabi, “hindi na siya sinumpong, mula nung araw na 'yun.”

¹²³ Sabi niya, “Ngayon narito na tayo, sa ibabaw ng bundok na ito. At tatlong milya pababa ryan, wala man lang palumpong sa paligid na aabot ng apat na pulgada ang taas. Walang kahit ano rito kundi mabababang lumot lang, at ilang asul na berry, at nasa dalawa o tatlong pulgada lang ang taas nung mga 'yun.” Sabi niya, “Mabababang lumot lang at asul na berry ang narito, walang punongkahoy hanggang makarating sa ibaba, at ipinapahinga na natin ngayon ang mga kabayo natin dito sa may batuhan. At ngayon, base dun sa sinabi mo sa akin bago tayo umabot dito, sabi mo, basta mula rito hanggang dun sa kinatatayuan nung batang lalaki, na nakasuot ng kamisetang kuwadra-kuwadrado ang disenyo, makapapatay ka kamo ng isang siyam-na-talampakang osong silver-tip grizzly.”

Sabi ko, “Oo GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Kita n'yo?

Ano nga 'yang nangyayaring 'yan? Sinisikap ni Satanas na mag-alinlangan ako.

¹²⁴ Naghanda na kaming bumaba ng bundok. Nung papalapit nang papalapit kami, paulit-ulit niyang sinasabi, “Kapatid na Branham, nasa isang milya na lang tayo bago makarating dun ngayon.”

Sabi ko, “Nag-aalinlangan ka ba, Bud?”

“Hindi po.”

¹²⁵ Lumapit lalo kami hanggang nasa mga kalahating milya na lang. Sabi, “Kalahating milya na lang tayo ngayon.”

¹²⁶ Sabi ko, “Mabuti.” Sabi, “Isipin mo na lang, kalahating milya na lang!” Dapat gibain ang pangangatwiran.

127 Sabi niya, “Tingnan mo. Tanaw na tanaw natin ang lahat sa harapan natin. Wala namang kahit ano riyan.”

128 “Subalit,” Sabi ko, “ang Diyos Na nagbigay sa akin nung Salita ay makapaglikha ng isa sa dakong ’yan. Huwag kang mangatwiran. Basta sampalatayanan mo lang ito. Huwag kang makinig sa anumang pangangatwiran. Walang lugar ’yan dito. Basta sampalatayanan mo lang ang sinabi Niya. Ganoon lang.”

129 Nakatayo ako roon, tumanaw ako sa kabundukan, saan ka man tumanaw, mangilaw-ngilaw na mababang lumot lang ang nandun sa bawat sulok; papalubog na ang araw; ’yung mga burol, ang ganda. Matatanaw mo maging ’yung pinakasulok saan ka man tumanaw, tatlong milya man paakyat ng bundok, sa harap ko. At paglingon ko para tumingin, mga dalawang milya sa harap ko, o isang milya at kalahati, o dalawang milya, may nakatayo roong siyam-na-talampakang silver-tip grizzly. Kung papaano nakarating ’yung isang ’yun dun, hindi ko alam. Subalit naroon nga siya. Kita n’yo?

130 Huwag mangatwiran. Manampalataya. Kahit gaano pang kaimposible, huwag n’yong isiping imposible. Manampalataya.

Ngayon sabi ng Diyos, “Sa—sa araw na kayo’y kumain niyaon, sa araw na iyon kayo’y mamamatay.”

131 Sabi ni Satanas, “Hayaan mong sabihin ko ito sa iyo, kita mo. Ngayon, Iyan, iyan nga’y. . . Oh, siyanga naman, sinasabi nating totoo talaga ang Diyos. Tootoo ’yan. Tama naman ’yan. Sinasampalatayanan natin ang Salitang ’yan. Oh,” sabi ni Satanas, “Naniniwala nga ako Riyan, walang pasubali. Ngunit, makinig ka, hayaan mong sabihin ko ito sa iyo, hindi ganun ang eksaktong ibig Niyang sabihin Dun.”

Pero ’yun talaga ang ibig Niyang sabihin Dun. Yun talaga ang ibig Niyang sabihin sa sinabi Niya.

132 Sinabi ni Satanas, “Ngayon, tingnan mo, sasabihin ko sa iyo kung bakit ganyan ang ginawa Niya. Gusto Niya. . . kita mo, na ika’y—ika’y—ika’y di mapantas, hayan nga. Yun bang wala kang karunungan. Kita mo? Yun bang para ka lang isang tupa, na pinagungunahan. Hindi ka malaya sa sarili.” Ganoon ang gusto ng Diyos sa iyo. “Yun bang wala. . . Yun bang gaya n’yan na wala kang Ph.D., pa. Wala—wala—wala man lang sapat na edukasyon. Kita mo? Pero may karunungan ako rito. Ipasubok ko ito sa iyo. Ngayon, tingnan mo, hindi mo alam kung ano ang tama at mali. Alam mo talagang may ganun, pero hindi mo pa alam kung ano ito. Hayaan mong ipakita ko sa iyo kung paano ba dapat ito.” Iyon ang gusto niyang sabihin sa babae. Iyon talaga ang gusto niyang gawin. “Hayaan mong ipakita ko sa iyo kung paano ba dapat ito.”

Sabi niya, “Ngunit mamamatay kami.”

133 Sabi nito, “Tunay na hindi gagawin ng Diyos ang bagay na ’yan. Pero alam Niyang mapapantas nga din kayo.” Kita n’yo?

134 Ipinantatapat niya ang sarili niyang karunungan laban sa Salita ng Diyos. Iyan nga ang karunungang sinasabi ko. Kita n’yo? Karunungan kontra sa pananampalataya, laban sa pananampalataya. Ganyan nga ang unang pagtutunggali. Pero nanatiling matatag at totoo ang Salita ng Diyos. Noon ngang nakibahagi sila sa ipinagbabawal, namatay sila; at patuloy na namamatay, mula noon. Kita n’yo? Diyan nga’y, napatunayan ’yun mismo, nang walang duda.

135 Ngayon talakayin natin ’yan nang kaunti pang sandali. Ngayon, tinatalakay ko itong Genesis 3:1, 17, at ngayon. . . o 1 hanggang 7, pala, at ngayon, ngayon, nakasaad dito na ang karunungan ay may pangangatwiran. Ilan ang naniniwala na riyang ngayon? Sabihin, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kita n’yo? Maaaring sabihin n’yo. . .

136 Sasabihin ng mga doktor, “Buweno, sinasabi ko naman sa iyo.” Ngayon tingnan n’yo, kunin natin itong munting babaing nabanggit ko ang patotoo kanina. Sasabihin ng doktor, “Wala ka nang magagawa pa. Huli na. Wala nang pag-asa para sa iyo. Magpunta ka na dun sa institusyon ng mga baliw. Ipasok n’yo na siya roon.”

137 Sabi nung babae, “Bago pa ako makapasok sa isa sa mga selda roon, mapapatay ko na marahil ang sarili ko.”

138 At anong sumunod na nangyari? Dumating ang Diyos sa eksena. At sa pamamagitan nung anunsyong nakuha niya, na nakalathala dun sa isang bahagi ng pahayagan doon sa Kansas, na may gaganapin sa Bloomington, Illinois, narinig nga niya. “Ang pananampalataya’y nanggagaling sa pakikinig.” Kita n’yo? Buweno, sinuportahan siya ng asawa niya para makadayo dun. Tunay ang kanilang pagsinta, mahal na mahal nila ang isa’t isa.

139 Isipin n’yo. Apat na taon, at apat na maseselang operasyon; labinlima, labing-anim na pampakalma. Sapat na ’yun para makapatay ng isang tao. Kita n’yo? At ang lahat ng iniksyon na ’yun, dalawa o tatlong beses kada linggo. At sa pagkakaalam ko ’yung isa dun ay Lextron, at nakalimutan ko lang kung ano ’yung isa. Parang gamot yata ’yun sa sakit sa utak. Itinuturok niya ’yung mga iniksyon na ’yun sa sarili, at, bukod pa dun, may dalawang tabletang pampatulog pa. Pero di pa rin siya makatulog-tulog, sa dami na nun. Sobrang pagdurusa talaga, may nararamdamang sakit sa maghapon, magdamag, tuluy-tuloy nang ilang taon. Hindi man lang malutas-lutas.

Subalit, “Ang pananampalataya’y nanggagaling sa pakikinig.” Kita n’yo?

140 Ngayon, nung makarating siya dun, inilagay siya ng Diyos sa entablado, siya ’yung pinakauna. Kita n’yo? At tila. . .Aba,

tila? Nung lumapit na ako sa kanya, at sabi ko, “Kumusta ka, kapatid?” “Kumusta po kayo?” Hindi pa siya nakakarinig ng ganun. Hindi pa siya nakakasubok ng ganun. Tapos sabi ko, “Ikaw si Gng. *Ganito-at-ganoon*. Taga-Kansas ka.”

¹⁴¹ Ngayon, bigla, na lang siyang—siyang napaisip. “Sandali muna. Narinig kong sinabi ng ginoong ito, na, ‘Si Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At napatunayan natin dito, sa Biblia, ngayong gabi, na nangako si Cristo na magpapakita sa mga huling araw, sa Kanyang Iglesya, at kung papaanong ’yung ginagawa nila sa Sodoma, ay nagaganap din sa ngayon,’ gaya ng naipangaral niya.” Yun nga ’yung ibinigay kong pambungad na sermon. “Tapos, ngayon, narito’t nakikita ko na itong nagaganap, sa mismong lugar na ito.” Kita n’yo? “Ngayon, hayan nga.”

¹⁴² “Ngayon, marami ka nang doktor na napuntahan. Apat na ang pinagdaanan mong operasyon.”

¹⁴³ “Saan kaya nakukuha ng ginoong ito ang impormasyong ’yun? Saan kaya nanggagaling? Imposible namang alam ito, ng maliit na kalbuhing ginoong ito. Saan kaya nanggagaling?”

“At pagpunta mo rito, *ganito-at-ganyan* ang nangyari.”

¹⁴⁴ “Yan talaga ’yun!” Kita n’yo? “Ngayon, ganyan na ganyan mismo ang ipinapangaral niya. Iyon talaga ang Salita.”

¹⁴⁵ Pero, alam n’yo, sisingit n’yan ni Satanas, “Alam mo, kung tatanggapin mo ’yan, ’yung pastor mo. . .” Walang kinalaman ’yan dito. Kita n’yo? Gibain n’yo ang pangangatwiran. Kita n’yo? “Pero ang sabi ng doktor mo kailangan mong pumasok sa institusyon ng mga baliw.” Gibain n’yo ang pangangatwiran.

¹⁴⁶ “Naghihintay akong makita kung anong sasabihin ng Diyos tungkol dito.” Kita n’yo? Pagkatapos ang Diyos. . . hindi ko alam kung paano ito sasabihin. Bigla na lang lumukob dun ang Espiritu at pinasambulat ’yun sa kawalan.

¹⁴⁷ Sinampalatayanan niya ’yun. Hindi siya nangatwiran kahit kaunti, “Taon-taon na lang, taon-taon na lang, sinusumpung, nawawala sa katinuan, mga operasyon at kung anu-ano pa, ang lahat ng ito; aba, napaka imposible naman nun, na isiping gagaling ako rito, sa isang iglap lang.” Ngunit hindi siya nag-isip na mangangatwiran siya. Basta sumampalataya lang siya. Umiral ang pananampalataya, at gumaling siya, sa isang iglap.

¹⁴⁸ Kung nagnanais kayong sulatan siya, hayan po, puwedeng ibigay sa inyo ni Billy kung saan siya nakatira. Buweno, ngayon. Ngayon, ang pa- . . .

¹⁴⁹ Ang karunungan ay mangangatwiran. Ngayon. . . Subalit ang pananampalataya ay walang pangangatwiran. Wala itong gagawin kundi manghawakan sa Salita. Manghahawakan ito sa pangako.

¹⁵⁰ Ngayon magbasa tayo nang kaunti. Bumuklat tayo rito sa Mga Taga-Roma, ika-4 na kabanata, at bumasa lang tayo rito nang kaunti. At baka gahulin na tayo sa oras, pero basahin lang natin ang mga Kasulatang ito, Mga Taga-Roma, sa ika-4 na kabanata. Hayan nga't, gustung-gusto ko talagang basahin ang Salita. Mabuti ang naidudulot sa inyo ng—ng pagbabasa Nito. Mga Taga-Roma, sa ika-4 na kabanata, at simulan natin sa ika-17 talata. Pakinggan n'yong maigi.

¹⁵¹ Si Pablo, siya'y may isinulat na komentaryo rito tungkol sa buhay ni Abraham, at alam n'yo ba, walang anumang sinabi rito tungkol sa pagtakas ni Abraham papuntang Gerar, at wala ngang ganun sa komentaryo, alam n'yo. Ang nakalagay lang dito, "Sumampalataya si Abraham sa Diyos," Heto nga si Pablo, ang dakilang apostol, sumulat siya ng isang komentaryo tungkol kay Abraham.

¹⁵² Ika-17 talata, "Gaya ng nasusulat . . ." Gustong-gusto ko ito: Si Pablo, nanatili siya sa Salita.

(Gaya ng nasusulat, Ginawa kitang ama ng maraming bansa,) . . .

¹⁵³ "Ginawa." Pitumpu't limang taon noon si Abraham. Namuhay kasama ng kanyang maybahay mula pa nung siya'y ano pa lang . . . nung kapwa kabataan pa lang sila. Magkapatid sila sa ama. Walang anak; hindi siya magka-anak at 'yung asawa kasi niya'y baog. Subalit kinatagpo siya ng Diyos at sinabi, "Ginawa," tapos na, nangyari na bago pa naitatag ang sanlibutan, hayan nga, "ginawa kitang ama ng maraming bansa." Hindi sinabi dung maraming anak, kundi maraming bansa. Isipin n'yo 'yan.

. . . sa harapan niyaong kaniyang pinanampalatayanan, ang Diyos po 'yan, sa makatuwid baga'y ang Dios, na nagbibigay ng buhay sa mga patay, at tumatawag sa mga bagay na hindi pa hayag na tila hayag na.

¹⁵⁴ Huwag mangatwiran, kahit anong mangyari. Makinig.

. . . tumatawag sa mga bagay na hindi pa hayag na tila hayag na.

Siya na laban sa pag-asa . . .

¹⁵⁵ Grabe! "Wala man lang kapaga-pagasa." Paano kaya kung nangatwiran na lang siya? "Wala man lang kapaga-pagasa."

Siya na sumampalataya na nasa pagasa laban sa pagasa, upang maging ama ng maraming bansa; ayon sa sabi, Magiging gayon ang iyong binhi.

¹⁵⁶ Kahit ano pang bagay na iba ang sabihin. "Sinabi ng Diyos na gayon, at sapat na iyon." Oh, kung nanatili lang sana si Eba roon! Kita n'yo? Subalit natigilan siya para mangatwiran, para kumuha ng karunungan. Hindi nagnais ng kung anu-anong

karunungan si Abraham. Ang Salita lamang ang ninais niya. “Sinabi ng Diyos na gayon, at sapat na iyon.”

157 Alam n’yo na ito, naipangaral ko na ang tungkol dito noon, maraming beses na. Pumunta na’t bumili ’yung mag-asawa ng mga lampin at mga perdible, at lahat na, naghanda na sila para sa pagdating nung sanggol, at nanggantsilyo pa si Sara ng magiging sapatos nung sanggol. At lumipas ang maraming taon at taon. “Purihin ang Diyos, matatanggap na natin ito, kahit anong mangyari. Ganoon nga.”

158 “Aba, ang misis mo,” sinasabi ng doktor, “buweno, hindi maaaring magkaroon ng sanggol ang misis mo. Hindi nga kayo maaaring magkaroon ng sanggol.”

“Huwag mong sabihin sa akin ang ganyan. Matatanggap kasi namin ito, kahit anong mangyari. Ganoon nga.”

159 “Laban sa pag-asa, ngunit sumampalataya na nasa pag-asa.” Walang-wala na talagang kapaga-pagasa, pero sa kabila nun sinampalatayanan niya pa rin ito gayong pinatay na ang pag-asa, sa kanya. Patay na ang pag-asa sa bawat pag-aaral ng mga siyentipiko, bawat mapagkukunan ng karunungan. Wala nang kapaga-pagasa, ngunit sinampalatayanan niya pa rin ito. Anong tawag diyan? Pananampalataya sa bagay na ’yun; pananampalataya sa pag-asa gayong wala nang kapaga-pagasa. Hum! Nais kong lumagi riyan kahit kaunting sandali lang. Pananampalataya sa pag-asa gayong wala nang kapaga-pagasa, pero sa kabila n’yan nanampalataya pa rin siya sa pag-asa. Kita n’yo? Hayan nga’t, sabi niya, “Sinabi Niya sa akin, ‘Magiging gayon ang inyong mga binhi.’”

160 Ngayon, ika-19 na talata. “At hindi humina sa ‘karunungan ba, kaalaman, natapos na digri’”? [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Hindi.

... hindi humina sa pananampalataya, (ha, hayan nga), na ipinalagay man ang kaniyang katawang tulad sa patay na, . . .

161 Wala nang kapaga-pagasa. Patay na ang kanyang katawan. Pakinggan n’yo, ito ang kasunod.

... gayon siya’y may mga isang daang taon na, at . . . ang pagkabaog ng bahay-bata ni Sara:

162 Patay na ang pag-asa. Patay na ang katawan niya. Patay na ang bahay-bata ni Sara. Anong ginawa niya? Kasunod na talata, “Hindi nag-alinlangan.” Oh, grabe!

Kundi sa pagtingin niya sa pangako ng Dios ay hindi nagalinlangan sa pamamagitan ng di pananampalataya, karunungan; kundi lumakas ng lumakas sa pamamagitan ng pananampalataya, na niluluwalhati ang Dios;

163 Oh, grabe! Ano pa?

At lubos nanalig na, ang Dios na nangako, ay may kapangyarihang makagawa noon.

164 Hum! Kahit ano pa 'yan, hinding-hindi siya nangatwiran, talaga. Kanya lang kinuha ang—ang Salita at pinanghawakan Ito. Ngayon, kung *ito* ang Salita ng Diyos, sasampalatayanan n'yo ba Ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kung ganun naman pala'y bakit n'yo pinag-aalinlanganan ang mga Salita Rito, mga pangako Rito? ["Amen."] Papaano n'yo magagawang sabihing bahagi lang Ito, at wala *Itong* halaga; at *Ito* ay *ganoon*, pipiliin n'yo lang ang gusto n'yo? Hindi ganun ito. Kung mahalaga'y mahalaga lahat o kung hindi mahalaga'y hindi mahalaga lahat Ito. Ganoon 'yun. Kaya, sa pagkatalos n'yo na Katotohanan talaga Ito, panghawakan n'yo Ito. Huwag n'yo Itong bitiwang, kahit gaano pang kaimposible, gaano pa silang katindi mangatwiran, "Aba, hindi mo magagawa 'yun." Huwag, huwag kang magpadala, sa ganoon. Manatili ka mismo Rito. Ang Diyos ang nangako nun.

165 Kung sasabak nga ako para makita kung maninindigan ako kay Cristo, at naibigay na Niya sa akin ang Espiritu Santo, ang Kanyang Espiritu na nagpapatotoo ng Kanyang Buhay sa akin. Hayan nga't pagsapit ko roon para harapin ang kamatayan, susubukan ngang ilihis ako ni Satanas, sasabihin, "Ngayon, ganito kasi, hindi ka kabilang sa isang organisasyon." Manatili ka pa rin sa Salita. "Hindi mo kasi nagawa ang *ganito*. Hindi mo naman nagawa ang *ganoon*." Kahit ano pa *iyang*, kesyo raw *ganito*, walang lugar ang pangangatwiran ni Satanas Dito. Salita Ito ng Diyos. Manatili ka sa Salita. Kita n'yo? Ginigiba Nito ang lahat ng pangangatwiran. Kita n'yo? Huwag na huwag kayong mangangatwiran; basta manghawakan lamang kayo sa Salita. Kita n'yo?

166 Ngayon, kapag sinabing pananampalataya ibig sabihin nun lubos na pagtitiwala sa Kanyang Salita. Kita n'yo? Ganoon nga ang gusto Niyang gawin nila. Ganoon—ganoon, ngayon, nakukuha n'yo marahil kung saan ko ito hinuhugot. Ganoon nga mismo ang nais ng Diyos na gawin ng sankatauhan: ang magtiwala sa bawat Salitang sinabi Niya.

167 At si Eba nga'y nagtiwala rin naman sa malaking bahagi Nito. Yun nga lang may iba pang bagay siyang tinanggap, "Buweno, kung mapuno ako ng karunungan, siguro—siguro ganito talaga ang ibig sabihin nun. Siguro *ganito* talaga ang ibig sabihin nun." Kita n'yo? Sa punto ngang 'yun unti-unti na siyang nakakabitaw sa kanyang pagkakahawak. Sa punto ngang 'yun siya nagsimulang lumubog, sa punto ngang 'yun. Sa punto ngang 'yun nagsimulang humantong sa libingan ang buong sankatauhan, simula sa puntong 'yun, sapagkat pinag-alinlanganan niya ang isang Salita.

168 Sasabihin ng ilan sa kanila, “Buweno, naniniwala akong totoo *Ito*. Naniniwala akong totoo *Iyon*. Naniniwala akong nakapagliligtas ang Diyos, subalit hindi ako naniniwalang nakapagpapagalang Siya. Sinasampalatayanan ko ang Banal na Espiritu, meron talaga ’yan, bumaba sa Araw ng Pentecostes, subalit walang kahit saang nasasaad na bumaba ang Banal na Espiritu, pagkatapos ng Pentecostes.”

169 Oh, kapatid! Ganyan na ganyan ang sinasabi nila; tapos tatawagin nila ang mga sarili nilang mga iglesya raw ni Cristo. Kita n’yo? “May anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang Salita.” Huh! Uh-huh! Ganoon sila. Kita n’yo?

170 Kailangan n’yong manampalataya. Huwag mangatwiran. Manampalataya. Huwag n’yo nang subukan pang magkaroon ng karunungan. Basta sampalatayanan lang n’yo ang Salita.

171 Ang karunungan nga’y mangangatwiran talaga ’yan at may imumungkahi ’yan na mas mainam daw na bagay. Ngayon, ganoon nga ’yun nung sabihin ni Satanas kay Eba. “Ngayon, hindi ka mamamatay. Tunay na hindi ka mamamatay, ’pagkat mabuting Diyos ang Diyos.”

172 Mabuting Diyos nga Siya. At ang tanging paraan lang para mapaniwalaan kong Siya nga’y, mabuting Diyos talaga, ay mananatili Siya sa Kanyang Salita.

173 Paano n’yo aasahang tapat ako gayong hindi naman ako tapat sa aking salita? Kung sasabihin ko sa inyo ang isang bagay, tapos iba naman ang gagawin ko, ang salita ko nga’y masasabing pabago-bago. Kita n’yo?

174 Hayan nga’t, ang patunay na Siya’y mabuting Diyos talaga, ay ang pagbigkas Niya ng Salita, at kailangan nating mamuhay sa pamamagitan ng Salitang ’yun. “Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita, na lumalabas sa bibig ng Diyos.” Kung ganun, kailangang manatili ng Diyos sa Salitang ’yun. Iyon kasi ang patunay na Siya’y mabuting Diyos talaga.

175 Ngayon, kung sasabihin Niya, “Buweno, palalampasin Ko na lang sila sa bagay na *ito*. Aking, palalampasin Ko na lang sila nagawa man nila *ito*. Buweno, ayos lang *’yun*. Oh, Aking, Aking—Aking iibahin na lang *ito*,” aba, pabago-bago Siya kung ganun, kita n’yo, hindi Siya Diyos; Siya’y—Siya’y kung sinu-sinong ordinaryong tao lang kung ganun. Kita n’yo? Ngunit, upang masabing mabuti talagang Diyos, kinakailangan Niyang manatili sa Kanyang Salita. Ang bawat anak nga’y. . . Kung hahayaan Niya ang *isa* na mangalunya, at ang *isa* na painum-inom ng alak, at—at ang *isa* pasinu-sinungaling na lang, ’yung *isa* panakaw-nakaw na lang, at ang *isa* kung ano—ano na lang ang pinag-gagagawa; tapos ako mahigpit niyang pasusunurin, para makapasok?

¹⁷⁶ Nag-iisa lang ang daang Kanyang inilagay, at ang lahat ng papasok ay daraan sa pintuang 'yun. "Makipot ang pintuan, at makitid ang daan. Hindi papasok doon sa anumang paraan ang anumang bagay na karumal-dumal." Sa Apocalipsis, sabi dun, "Nangasa labas ang mga manggagaway, ang mga mapakiapid, at mga aso, at ang iba pang katulad." "Mapapalad kayo na tumutupad sa lahat ng Kanyang mga kautusan, upang siya'y magkaroon ng karapatan sa Punongkahoy ng Buhay." Siyanga. Nag-iisa lang ang daan, at 'yun ay ang daan ng Diyos.

¹⁷⁷ Hindi natin ito dapat pangatwiranan, di natin ito madadan sa ganoon. Buweno, sabihin man ng iglesyang Romano, "Kami ang Iglesya. Iyang—iyang Bibliang 'yan ay di n'yo maitutumbas man lang sa . . .Aba, aba, Iyan nga'y, di n'yo maitutumbas . . ." Sinabi man ni Obispo Sheen, "Ang ipamuhay Iyan, ay parang pagsuong sa maputik na katubigan." Kita n'yo? Kita n'yo? Paano n'yo pagtutugmain 'yun? Kita n'yo? Ibig sabihin kasi, kung siya ang tama, kung gayon ang Biblia ang mali. Pero ang Biblia ang tama; siya ang mali. Ngayon ano pang maidadahilan n'yo? Hayan nga't tama ang Salita ng Diyos, dahil alinman 'yan sa itong si Obispo Sheen o—o ang Biblia ang tama. Tapos hindi lang si Obispo Sheen ang ganun, kundi sina Rev. *Ganito-at-ganoon*, at Dr. *Ganito-at-ganoon*, at *Ganito-at-ganoon*. Hindi ko na sana babanggitin pa sa inyo ang pangalan nung obispong ito, kung di lang sana siya nagsasabi ng ganun sa radyo. Pero, nagsasabi siya ng ganun, kaya sa palagay ko'y babanggitin ko sa inyo ang pangalan niya. Si Dr. *Ganito-at-ganoon* at *Ganito-at-ganoon*, sabi *ganito-at-ganoon* at *ganito-at-ganoon*. Ngayon sinong paniniwalaan n'yo, ang Diyos o sila?

¹⁷⁸ "Buweno," sasabihin, "Hindi naman kasi *Ganyan* ang ibig sabihin talaga n'yan." Aba'y ganyan talaga sa pagkakasulat n'yan ang ibig sabihin n'yan.

¹⁷⁹ Buweno, ganun nga ang unang kasinungalingan ng diyablo. Sabi niya kay Eba, "Hindi talaga *ganoon* ang ibig sabihin nun. Ang Diyos nga'y napakabuti para gawan kayo ng ganun. Hindi kayo mamamatay." Subalit namatay nga sila. At mamamatay sila, sa bawat pagkakataon. Kinakailangan ngang tumalima sa Salita!

¹⁸⁰ Ang karunungan nga'y nagsisikap na humanap ng mas—mas maginhawang daan, makabagong daan, popular na daan, 'yung . . . tipong madaling daanan, naghahanap ng maiikutan.

¹⁸¹ Ngayon nga'y, ipagpahalimbawa n'yo ang isang lalaki na dadalo rito, hayan nga't makikipag-ugnay sa kanya ang Diyos. Ngayon, maisipan niyang panahon na para dumulog dito. Pero kailangan niyang padulugin din ang kanyang maybahay sa pila. Kailangan niyang ihinto ang paglalaro ng baraha sa mga kasiyahan. Kailangan niyang ihinto ang pagpunta-punta sa mga sayawan. Kailangang pahabain ng maybahay niya

ang buhok nito. Kailangan nang huminto ang maybahay niya sa paglalagay ng kolorete sa mukha. Kailangan niyang itigil na ang paninigarilyo, pag-inom ng alak. Kailangan niyang umalis doon sa bigating samahan na kinabibilangan niya. Kailangan niyang ipakumbaba ang kanyang sarili sa may altar. Kailangan niyang manindigan at mabansagang panatiko, holy-roller, Beelzebub, anumang puwedeng maipula sa kanya. “Ninana is ko ngang maging relihiyoso, pero *dito* na lang ako pupunta, sa iglesyang ito *rito* na lang ako aanib. Nakakasakal kasi diyan sa inyo.” Hayan nga. Kita n’yo na? May halong pangangatwiran, pangangatwiran.

¹⁸² Ngayon dadako tayo sa isang mahalagang punto, sa ilang sandali, tungkol sa bagay na ‘yan. Kita n’yo? Papaano n’yo malalaman kung alin ang tama at mali, kung gayon? Kita n’yo?

¹⁸³ Ngayon, sinisikap na pasalitain ng ibang bagay ang Salita, ganyan nga ang ginagawa ng kaalaman. Ang kaalaman, itong karunungan, sinisikap nito na—na mangatwiran. Naghahanap ang karunungan ng mas maginhawang daan. Pero wala nang iba pang daan kundi ang daan lamang ng Diyos. Sinisikap ng karunungan na ituro, sabihing, “Oh, buweno, ngayon, alam n’yo, hindi naman natin kayang gawin ang gayon sa panahong *ito*.” Dapat nating gawin ito, kahit anong mangyari. Kita n’yo? Nagsisikap na humanap ng mas madaling daan. Pinipilit ang Biblia na pagsalitain ng mga bagay-bagay na hindi naman Nito sinasalita.

Ngayon sasabihin n’yo, “Oh, Kapatid na Branham, naano ka lang. . .”

¹⁸⁴ Sige po hinay lang. Balikan uli natin ‘yung pinagsibulan. Ano nga uli ‘yung sinubukang gawin ng diyablo gamit ang karunungan? Pagsalitain ang Salita ng Diyos ng bagay na hindi Nito sinalita. Siyanga. Sinubukan niyang pagsalitain ang Salita ng Diyos ng bagay na hindi naman Nito sinalita. Kaya hayan nga’t ganyan na ganyan ang nangyayari ngayon, kapag sinusubukan nilang pagsalitain ang Salita ng Diyos ng isang bagay na hindi naman Nito sinasalita.

¹⁸⁵ Buweno, sasabihin nila, “Buweno, sinasabi ko nga sa iyo, Kapatid na Branham, hindi kasi tama ang pagpapaliwanag mo rito.”

¹⁸⁶ Sabi ng Biblia, ganito, “Ang propesiya ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag.” Bakit? Bakit hindi ito sariling pagpapaliwanag? Bakit? “Dumating ang Salita ng Panginoon sa mga propeta.” Ipinaliliwanag Ito ng propeta. Hindi talaga maaaring maging isang pagpapaliwanag, na pansarili lang. Ipinaliwanag na Ito ng mga propeta sa inyo. Hayan na nga ito, nakasulat na mismo Riyan. Ganoon dapat ito.

¹⁸⁷ Ang Diyos nga’y nararapat lamang na may isang batayan na sa pamamagitan nun ay hahatulan ang lahat ng mga tao.

188 Kung sa pamamagitan ito ng isang iglesya, alin sa kanila ang tama? Nasa siyamnaraan sila, siyamnaraan na iba't ibang organisasyon. [Umubo si Kapatid na Branham—Pat.] Pasensya na po. Alin sa kanila ang tama? Papaano kayo makatitiyak na makapapasok kayo? Papaano kung Methodist kayo, tapos tama ang Baptist? Papaano kung Pentecostal kayo, tapos ang mga Presbyterian pala ang tama? Papaano kung Katoliko kayo, tapos ang mga Lutheran ang tama? Papaano kung Lutheran kayo, tapos ang mga Katoliko ang tama? Kita n'yo?

189 Kinakailangan ngang may isang saligang mapagbabatayan nung una pa lang. Kaya kung ang Salita. . .

190 “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos.” Kita n'yo? Ang Salita ay nasa Diyos na noon pa man. Diyos na Ito. Kaisipan na Niya Ito na sumasa Kanya, noon pa man Hayan nga. Kung papaanong Walang Hanggan ang Diyos ay gayundin ang mga kaisipan ng Diyos. Amen. Hindi ito basta gatas na tinatangalan ng krema, kapatid. Kita n'yo? Heto nga't tugaygayin natin. “Ang mga kaisipan ng Diyos ay ang Kanyang Salita, nang pasimula,” tinutukoy rian 'yung, “sa Walang Hanggan,” 'yun ngang, nung ang “pasimula” ay unang magpasimula, nagkaroon na ng oras. “Nang pasimula ay ang Salita, ang mga kaisipan ng Diyos, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos.” Kita n'yo? Ang mga kaisipan Niya ang nagpapahayag kung ano Siya.

191 Ganoon din nga ito, sa inyo. Ang inyong mga kaisipan ang nagpapahayag kung ano talaga kayo. Kahit subukan n'yo pang mamuhay, ng ibang pamumuhay, ang inyong mga kaisipan ang magpapahayag kung ano talaga kayo. Maaaring magkunwari ka, umaakting parang mabuting tao, subalit sa puso mo ay isa kang mangangalunya at kung anu-ano pa. Iyon ang talagang ikaw, ang mga kaisipan mo.

192 At ang mga kaisipan ng Diyos ay ang Kanyang Salita na kasama na Niya at nasa Kanya na, at Diyos nga Iyon. “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salitang iyon.” Nahayag ang mga kaisipan ng Diyos sa isang katawang tao, “Nagkatawang-tao, at tumahan sa gitna natin.” Hayan nga.

193 Ngayon, kung may Buhay na Walang Hanggan na kayo ngayon, nasa Diyos na kayo. Sa pamamagitan ng Katauhan ng Diyos na sumasainyo, kayo ay nahayag na kaisipan ng Diyos. Whew! Kaya naman, huwag na kayong makikinig sa anumang pangangatwiran, baka kunin sa inyo ang inyong putong, at maibigay pa sa iba. Huwag na huwag kayong tatanggap ng anumang pangangatwiran, kahit ano pang mangyari. Basta't manampalataya lang kayo na kung anong sinabi ng Diyos ay ang Katotohanan, at manatili kayo Roon.

194 Dahil itong sari-saring pangangatwiran, sa pamamagitan ng karunungan, pinipilit nga nitong pasalitain ang Salita ng isang bagay na hindi naman Nito sinalita.

Ngayon marahil sabihin n'yo, "Totoo ba 'yan, Kapatid na Branham?"

195 Buweno, bumalik tayo sa Genesis at alamin natin. Dumako tayo sa Genesis, sa ika-3 kabanata ng Genesis, at basahin natin ang—ang—ang ika-4 na talata, tingnan natin kung—kung tunay ngang sinusubukan ng karunungan na pasalitain ang Salita ng isang bagay na hindi naman talaga Ito 'yun. Sa ika-3 kabanata po ng Genesis, sa ika-4 na talata.

At sinabi ng serpiyente sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay:

196 Nakita n'yo na kung anong ipinapasok nito? Ano nga ito? Sinusubukang papagsalitain ang Salita ng isang bagay na hindi naman Nito sinasalita. Kita n'yo?

Sinabi ng Diyos, "Kayo'y mamamatay."

197 Ang karunungan, gaya ng ipinapasok noon ni Satanas sa babae, sabi, "Tunay na hindi kayo mamamatay." Kita n'yo? Sinusubukan nitong papagsalitain ang Salita ng isang bagay, na, "Hindi naman talaga ito ganoon."

198 Ganyan na ganyan ang karunungan sa panahon ngayon. Oh, kapatid, naluluwat nga tayo dahil diyan! Mga seminaryo, mga paaralan ng teolohiya, diyan sila namumugad. Diyan sa pinag-uugatan nilang 'yan, sinisikap na pasalitain ang Salita ng Diyos ng isang bagay na hindi naman Nito sinasalita.

199 Hinahamon ko ang sinuman na ipakita sa akin ang Credo de los Apostoles sa Biblia. Hinahamon ko ang sinuman na ipakita sa akin ang "comunion de los santos" sa Biblia. Kapwa Protestante, Katoliko ay naniniwala rito. Hinahamon ko kayo na ipakita sa akin kung saan nasasaad ang mga bagay na gaya n'yan, sa Biblia. Kita n'yo? Iyan nga ang mga pinag-uugatan ng karunungan na nagpupumilit mangatwiran.

200 "Ang ating pakikilaban ay hindi ukol sa laman, kundi may kapangyarihan, kita n'yo, na gumiba ng lahat nitong pangangatwiran, gumiba ng mga kuta ni Satanas." Hayan nga 'yung magaling at, mabulaklak manalita, na kaakit-akit na nilalang! Hindi kakila-kilabot na mandaraya; hindi, hindi, sa panloob nga'y ganun siya. Ngunit, sa panlabas, dobleng beses na kaakit-akit ang kasalanan. Alam n'yo, kaakit-akit naman talaga ang kasalanan.

201 Ilan sa mga kalalakihan dito, at kababaihan, ang lampas na ng singkuwenta anyos? Itaas n'yo po ang inyong mga kamay. Hindi ko... hindi ko na sana tatanungin ang mga kababaihan. Pero 'yan po... Tanggap natin sa sarili natin ang katotohanan. Gusto ko kayong tanungin ng isang katanungan. Napapansin

n'yo bang sa panahon ngayon na ang mga kababaihan ay dobleng beses na kaakit-akit, halos, kaysa sa mga kababaihan noon, sa paglipas ng panahon, kung titingnan sa buong mundo? Kung sa tingin n'yo ganun, itaas n'yo po ang inyong kamay. Ganoon nga. Dobleng mas kaakit-akit sila kaysa noon.

²⁰² Kumuha kayo ng mga lumang litrato. Tingnan n'yo si lola; mahaba ang kanyang saya; 'yung nakatirintas niyang buhok ay nakalaylay sa kanyang likod. Hindi siya kaakit-akit tingnan.

²⁰³ Tingnan n'yo naman ang isang modernong babae ngayon. Hapit na hapit ang munting bestida, na, bawat galaw kitang-kita ang korte niya, na sa bawat kibot niya'y di siya puwedeng hindi magkasala. Maglalakad, na patakong-takong sa kalsada, na halos lahat na ng kolorete't kosmetikong mailalagay ng Max Factor sa kanya, naipahid na niya. Kung anu-ano na lang ang korte ng kanyang buhok na parang maliit na batang babae ang ayos niya. Nakasuot ng maiksing palda na hanggang ano lang, hanggang, itaas lang ng kanyang mga tuhod, kung nagpapalda, man siya. Ngunit, tingnan n'yo nga siya, kaakit-akit siya. Alam na alam ni Satanas kung paano 'yun gawin. Siya ang may-akda ng kagandahan, ng ganitong klaseng kagandahan na ang bunga ay kasalanan.

²⁰⁴ Ang lupa, hayan nga't, isa itong sinapupunan. Saan nga ba inilagay ng Diyos ang Kanyang mga binhi? Saan inilagay 'yung mga binhi? Sa isang sinapupunan. Doon naglagay ang Diyos ng mga binhi. At anong ginawa ng tao? Gaya ng gagawin ng mga diyablo, sa isang sinapupunan, sisirain niya ang anyo ng isang bata dun sa abot ng kanyang makakaya. Ganoon ang ginawa ng mga diyablo sa lupa, hinaluan ng ibang binhi, humuhulma ng mga nilalang, na di naman sila orihinal na ganoon. Siguro'y iwan ko muna ang usaping 'yan sa ngayon; hindi na kasi ako makakaabot pa sa ibang usaping, nailista ko rito. Pero alam n'yo naman marahil ang ibig kong sabihin diyan. Iyan nga ang naging dahilan kung bakit naglipana ang mga nilalang na sira ang anyo na ipatatapon. Tapos na ang pagtitimpi ng Diyos dito. Walang-wala na talaga sa kaayusan ang daigdig. Ang lahat na lang ng mga bagay rito'y mali. Nakakasulasok ang mga batis. Salaula na ang hangin. Maduming-madumi! Umaalingasaw!

²⁰⁵ Isang matandang Indian, hindi pa katagalan, ang sabi niya, "Taong puti, ayaw ko nang mabuhay pa nang matagal. Sawa na ako sa pakikipaglaban." Sabi, "Saan na naroon ang aking mga anak? Namamatay na ba sila sa gutom? Saan na naroon ang aking asawa?" Sabi, "Bago kayo dumayo rito kasama ng inyong kababaihan at wiski, at kasalanan, ay namumuhay kami nang payapa. Aming lupain talaga ito. Ibinigay ito sa amin ng Diyos, subalit inagaw n'yo ito sa amin. Pagbabayaran n'yo ang ginawa n'yong 'yan, balang araw."

206 Masdan n'yo na lang, ngayon. Itong dating malalawak, at naggagandahang mga disyerto at kabundukan aba'y umaapaw sa alingasaw, kasalanan, bote ng wiski, lata ng serbesa. Bawat sulok ay naglipana ang mga bahay-inuman at mga bagay ng kabulukan. Reno, Nevada, ang malawak na disyertong 'yun sa ibayong 'yun, wala ka na ngang kahit ano pang maaasahan sa lugar na 'yun kundi tadtad ng prostitusyon. Ang naglalakihang mga siyudad, hayan nga't maski 'yung hangin at kapaligiran ay kontaminadong-kontaminado na. Yung dating mayayabong at naggagandahang bundok, ngayo'y kinalbo na para tadtarin ng kung anu-anong kasiraan. Yung dating mayayabong na mga punongkahoy, pinagpupuputol na sila. Yung dating mga ilang, kung saan malayang umaagos ang mga tubig, kontaminado na. Ang buong mundo ay mistulang sinalaula sa kung—kung anong moldehan. Ang lupa nga'y magluluwal ng anak mula sa binhi na 'yan. Binaluktot, ng mga diyablo na sumira rito, sumalaula rito, tunay, naging naging baluktot na nilikha. Pupuksain ito ng Diyos at magsisimula ng panibago. Siyanga.

207 Ano ang sanhi't umabot sa ganun? Isang taong naniwala sa isang katiting na . . . pinag-alinlanganan ang isang katiting na parirala ng Salita ng Diyos.

208 Ang buong sankalupaan ay humihibik. Sinasabi ng Biblia, na, "Maging ang kalikasan mismo ay humihibik para sa araw na iyon ng ginhawa, naghihintay ng pagkahayag ng mga anak ng Diyos." Nagpupunyagi ang mga puno na magsitubo, para sa wala. Nagsusumikap ang mga bulaklak na bigyang sigla ang paparating na . . . Pero, nagsisihibik sila't nagsisiiyak, at talos nilang may bagay na wala sa tamang ayos. Binaluktot! Hindi makapagluwal ang sinapupunan nang sakdal na maisisibol, dahil baluktot na ito. Umaalingasaw ang lupa. Napapaliguan siya ng dugo ng mga inosente. Tila siya . . . Para siyang . . .

209 May sasabihin sana ako, pero masyadong prangka. Ito'y—ito'y—ito'y umaalingasaw. Sabi ng Diyos, "Umaalingasaw ang baho nito," sa harap Niya, nanggigitata sa dumi. Pumasok ako minsan sa isang palikuran, 'yung pinag-ihian, umaalingasaw sa panghi, kontaminado talaga. Ganyan na ganyan ang amoy ng sanlibutan, mistulang, ganyan ang naaamoy ng Diyos dito. Karumihan, ang buong mundo'y sobrang dumi na.

210 Pasasabugin siya ng Diyos hanggang siya'y magpira-piraso. "Ako'y lilikha ng isang bagong kalangitan at lupa," sabi Niya. Siyanga, po.

211 Ano ito? Ang sinapupunan niya'y hindi pa nakapagluluwal ng isang Milenyum. Ang nailuwal niya'y kabaluktutan. Bakit? Dahil pinagpilitan ang karunungan.

212 Wala akong laban na anuman sa Florida. Hindi ko rin ito ibinubunton sa inyo na mga taga-Florida. Pero nung tumawid ako noon at nagpunta ng Florida sa unang pagkakataon, tapos

bumalik sa pinaghihiwalayan nito at ng Georgia, tumayo ako roon at sabi ko, “Bilang mamamayan ng Amerika, ibinabalik ko ang parte ng lupa ko rito sa mga Seminole kung saan naman talaga ito nararapat.” Aba, mas naaasikaso pa ng mga tao dun ang damo sa bakuran nila kaysa sa naaasikaso ko ang buhok ko, pantay na pantay ang kanilang pagkakatabas. Yung mga puno ng palmera dun ay may mga nakalawit na mga ilaw-ilaw. May mga naglalakiha’t mararangyang yate at kung anu-ano pa, pinagpipilitang magluwal ng isang Milenyum gayong wala namang pagsisisi. Para sa akin, ito’y walang katuturan lang.

213 Maka-ilang milyong beses ko pang, nanaising umakyat sa British Columbia, sa ituktok ng isang burol, at tumunghay sa buong kabundukang nilikha ng Diyos, at hindi pa kailanman nahihipo ng mga kamay ng tao. Tunay nga.

214 Pupunta sa mga siyudad gaya nito, sa malalaking tahanan, hindi, hindi nga ako naakit diyan. Hindi ko gusto ’yang mga ganyang bagay. Kita n’yo?

215 Subalit batid ko ngang isang araw, isang araw, babaguhin ito. Itatapon ng lupa ang anak niyang lipos ng pighati. Ang lupa, hayan nga’t babaguhin ito, isang araw. Sige.

216 Naniniwala ang pananampalataya na nasusulat nga ito, at sinasabi nga dun, “Walang kung anong lamat ang Salita.”

217 Nakarinig na ba kayo ng mga ministrong nagsasabi, “Buweno, sinasabi ko sa inyo, ang—ang King James Version, o itong Revised Version, o *ito* rito, kaunti lang—kaunti lang ang pinagkaiba nila. Kung tutuusin, hindi naman talaga Ganoon ang talagang ibig sabihin n’yan diyan”? Nakarinig na ba kayo ng ganun? [Sinasabi ng kongregasyon, “Oo.”—Pat.] Oh, naku! Talagang kontaminado na ang mundo ng ganung kaisipan. Kita n’yo? Subalit di ganun ang paniniwala ng pananampalataya.

218 Naniniwala ang pananampalataya, sa isang Diyos na kaya akong pagawin ng isang bagay, tapos kayang panatilihin ang Aklat na ito sa wastong pagkakaayos para sa pamamagitan nun ay ipamuhay ko ito. Kung hahatulan ako ng Diyos na lumikha sa akin, tapos hindi naman kayang panatilihin ang Kanyang Aklat sa kung ano bang tamang pagkakaayos nito, kung ganun napakahina naman Niyang Diyos. Hayan nga. Kaya naman bawat Salita Nito ay sinasampalatayanan kong Katotohanan talaga. Siyanga, po. Ano bang nagagawa nito, na nagdudulot sa akin na sumampalataya dun? Binibigyan Nito ang pananampalataya ng sakdal na dakong pahingahan Dito. Kita n’yo? Kaya di n’yo puwedeng pag-alinlanganan, at isiping ang Salitang ’yan ay wala sa tamang pagkakaayos, kahit saan pa tingnan. Kailangan n’yo Itong sampalatayanan kung paano nga ba Ito inilahad.

219 Kung susubukan n’yo kasing gamitan ng karunungan, para sabihin, “Ngayon tingnan mo nga. Hindi naman makatwirang

sasabihin ng Diyos na gagawin nito 'yun para sapitin nila 'yung *ganito*." Subalit ginawa nga 'yun ng Diyos. Kita n'yo? Siyanga. Ngayon, kung sasabihin n'yo, "Buweno, ngayon, kung gawin nga *ito* ng Diyos, kung kinuha Niya ang buhay ng isang tao dahil hindi siya isang Levita, dahil nailapat nung taong ito ang kamay niya sa Kaban nung mahuhulog na ito." Kahit ano pa ang pag-aalala ng taong ito, kinuha Niya ang buhay nito dahil sa nagawang 'yun.

²²⁰ Sinabi ng Diyos, "Tanging mga Levita, lamang, ang hihipo Niyan." Pero hinipo 'yun nung lalaki. Kaya naman natigatig si David dahil dun, alam n'yo 'yan. Kita n'yo? Isang Levita, kahit sinong iba'y di puwede kundi isang Levita lamang ang dapat humipo sa Kaban na naroon. At narito na ngang paparating ang Kaban, bumabalik para sa isang rebaybal, at isang tao na labas naman dun ang sumubok na hawakan ang Salita.

²²¹ Ipinapakita lang n'yan na tanging ang pinahiran lamang ng Diyos ang may karapatang humawak sa Salitang 'yun. Walang karapatan ang anumang mga kredo at mga denominasyon na pakialaman Ito. Ang Espiritu Santo lamang ang may karapatan sa Salitang 'yun, at kamatayan ang naghihintay sa sinumang iba na hihipo Roon. O, ang mag-aalinlangan sa anuman Doon, o magtuturo ng ganun, "Aalisin din, ang kanyang bahagi, mula sa Aklat ng Buhay." Huwag n'yong ilapat ang kamay n'yo Rito. Ilayo n'yo ang sarili Rito. Makinig kayo. Sampalatayanan n'yo kung ano lang ang sinasabi Nito. Huwag n'yong paniniwalaan ang salita ng kahit sino pa mang iba riyan. Tanggapin n'yo ang sinabi Nito. Manatili kayo mismo sa Salita. Kamatayan ang naghihintay sa sinumang gumawa ng iba Rito. Ngayon, 'pagkat ito . . .

²²² Anong ginagawa ng pananampalataya? Sumasampalataya Ito nang kung ano lamang Ito mismo. Sa ganoong paraan Ito pinanatiling puro ng Diyos sa nagdaang mga panahon, at heto na nga Ito ngayon. Ito talaga ang Salita ng Diyos, para sa akin. Iginagalang iyon ng Diyos. Nagbibigay Ito ng isang sakdal na pananampalataya sa kadalisan Nito.

²²³ Papaano n'yo pang pakakasalan ang isang babae kung ang dalagang 'yun ay—ay—ay pupuslit at lahat ng pagtataksil ay gagawin, at mamumuhay sa prostitusyon at lahat na ng gaya nun? At—at, pagkatapos, pupuntahan mo at maaabutan mo siya sa isang bahay—aliwan. Lalabas kayo, at siya'y . . . Sasabihin niya, "Buweno, sisikapin ko—ko nang maging isang—isang mas mabuting babae." Hindi ka na nga maaari pang magtiwala sa babaing ganoon. Kita n'yo? Hindi na kayo makapagtitiwala pa. Papaano nga rin makapagtitiwala ang isang babae sa isang lalaking ganun din ang ginawa? Hindi n'yo magagawang itayo ang pagtitiwala n'yo kung ganun. Walang mapagtatayuan. Kita n'yo? Hindi n'yo magagawa.

224 Sa anupa't pupunta kayo rito at sasabihin, "May isang bangka rito na tadtad ng butas, at kakargahan ko ang bangka ng mga sako ng talahib. Siguro naman, kahit paano kakayanin nito—nito 'yung pag-apaw ng tubig, para makatawid ng ilog?" Hayan nga't di talaga ako makikipagsapalaran sa bagay na 'yan, dahil may isa ritong tama ang pagkakayari. Siyanga.

225 Bakit natin pipiliin ang kung anu-anong teolohiya na gawa ng tao na tadtad naman ng butas? Napatunayan nang mali ito. Kita n'yo? Samantalang, *heto* ang isa't nariyan lang, na siyang tunay na Salita ng Diyos, Na kinaya ang pag-apaw ng agos, sa bawat malalakan na hampas at unos. Nanatili nga Itong tapat kung gaano Itong katapat talaga. Mananatili nga Itong tapat sa tuwina. Buweno.

226 "Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas," sabi ni Jesus, "datapwat ang Aking Salita ay hindi." Bakit? Walang Hanggan ang mga Ito. Nasa pasimula na ang mga Ito. Naparito lang Siya para ihayag ang Salita ng Diyos. Siya ang kahayagan ng Diyos. Inihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kanyang Anak.

227 Nagsimula ang lahat ng ito sa Genesis, ang pinagsibulang kabanata, at patuloy na nauulit nang nauulit magmula noon. Mula, sa pinakaunang tagpo dun, patuloy na 'yung nangyayari, isang labanan sa pagitan ng karunungan at pananampalataya, laging may labanan. Heto nga't, ang karunungan ay sa diyablo at sa kanyang mga anak.

228 Napansin n'yo po ba? Nakakita na kayong lahat ng tupa. Nakakita na kayong lahat ng kambing. Ngunit, alam n'yo ba, ang pag-iyak nilang dalawa ay halos magkalapit talaga, na kinakailangan ng tunay na pastol para tukuyin ang pinag-iba. Ilagay mo roon ang isang matandang kambing, hayaan siyang umiyak, iyak. Tapos dito naman sa banda rito'y maglagay ka roon ng isang tupa, at hayaan siyang umiyak. Pakinggan n'yo 'yun. Magkapareho ang tunog nila. Subalit malalaman ng isang tunay na pastol ang tinig nun.

229 Sinabi ni Jesus, "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig." Kita n'yo? Masasabi nila kung kambing ang isang tinig. Buweno, isa rin Siyang tupa, Mismo. Uh-huh. Hindi Siya. . . "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig. Sa iba'y hindi sila magsisisunod." Ano ang Kanyang Tinig? Heto nga't, ang Salita. Kita n'yo? "Nakikilala ng Aking mga Tupa ang Aking tinig." Kita n'yo?

230 Hindi nila hahayaang sabihin sa kanila ng kung sino, "Oh, ngayon, heto. Itong sinasalita ko'y, Tinig ng Diyos, din naman. *Ganito* talaga ang sinasabi nito roon." Ngunit ito'y, kita n'yo, si Satanas nga. Dadako tayo riyon sa ilang sandali, hahayaan ko munang humupa ito sa inyo. Kita n'yo?

231 Ngayon, ngayon nakita n'yo po na di maaaring tumubo ang binhing Salita sa paligid, na gaya, ng kaalaman. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Sa oras kasing paghahaluin n'yo ang kaalaman sa pananampalataya, mamamatay ito sa mismong oras na 'yun.

232 Lumapit nga noon si Eba at sabi, "Sinabi ng Panginoong Diyos: 'Sa araw na kami ay kumain niyaon, sa araw na iyon kami'y mamamatay.'" Tapos napahinto siya para tingnan kung anong sasabihin nito.

233 Sabi nito, "Ngunit, pakinggan mo, giliw ko, na tunay nga namang kaaya-ayang munting nilalang. Kita mo? Nababatid kong may layunin nga talaga ang Diyos kung bakit ka nilikha. Alam mong ganun nga 'yun. Kita mo, isa kang babae, nilikha ka talaga para sa ganitong layunin. Ganun nga 'yun. Hindi mo pa marahil napagtatanto ito ngayon, ngunit nilikha ka para sa ganitong layunin. Oh, isa ka talagang kaaya-ayang munting nilalang, giliw. Uh-huh. Pagmasdan mo nga 'yang magaganda't mumunti mong kamay. Kita mo? Aba, tunay na may layunin talaga para sa iyo. Tunay 'yun."

"Ngunit sinabi Niya, kung aming—kung aming kakanin 'yun, aba'y 'mamamatay' kami."

234 Sabi nito, "Pero, oh, sa tingin mo ba ang isang mabuti't, mapagmahal na Amang, Diyos, ay magagawa ang bagay na gaya n'yan?" Ano tuloy ang ginawa nung babae? Nakinig siya sa pangangatwiran, tinanggap ang karunungan nito. Sabi dun, "Isa 'yung punongkahoy, ng kaluguran. Mananasa ng isang tao." At nahulog siya rito. Ganoon nga ang nangyari. At noong mahulog ang babae, anong nangyari? Gaya ng mangyayari sa sinumang babae. Pagkahulog mo rito, tapos na 'yun sa oras na 'yun mismo. Siyanga.

235 Ngayon, nakita n'yo, ang binhing nasa kanya, na sa ganun sanang paraan ay magiging nanay siya, sa kalooban ng Diyos, sa pamamagitan ng isang binigkas na Salita. Magiging nanay na sana siya sa ganoong paraan. Pero, di siya nakapaghintay, pumasok siya agad sa ganoon.

236 Ngayon, nakita n'yo na, ang nangyari, noong gawin nung babae ang bagay na 'yun, tinanggap ang karunungan imbis na ang Salita, hayan nga't ang karunungan ay laban sa Salita. . . Kung nauunawaan n'yo, sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Kung nakaayon sana ang karunungan sa Salita, at napatunayan na nakaayon ito sa Salita, at ipinamumunga ng Salita ang Sarili Nito gamit ang siya ring 'yun, kung ganoon iyon nga ang Salita. Ngunit kung ang karunungan na 'yan ay laban sa Salita, at di nakaayon sa Salita, bagkus nagsisikap humanap ng bagay na mairaragdag Dito o maaalis mula Rito, sa diyablo nga ito. ["Amen."]

²³⁷ At hindi makatutubo ang mga binhi ng Espiritu Santo ng Biblia sa paligid ng karunungan. Lalabas na patay talaga ang bawat seminaryo sa buong bansa. Lalabas na tadtad sila ng butas, papasukin sila, na ang—ang paghatol nga’y raragasa sa loob. Siyanga. Ganoon ang mangyayari, kita n’yo, dahil hindi maaaring tumubo ang Salita sa piling ng karunungan, nitong karunungan ng sanlibutan. Hindi ’yun maaari.

²³⁸ Dapat na sampalatayanan lamang ni Eba ang Salita sa kung ano lang Ito nung ibinigay sa kanya. Tama ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Hindi siya dapat makinig sa sinumang iba pa na magsasalita ng anumang ibang tungkol Dito; dapat nga’y kung papaano lamang Ito ibinigay sa kanya, ganoon lang niya dapat paniwalaan Ito. Hindi sana nagkaroon ng kamatayan, kung sinampalatayanan niya Iyon. Siyanga.

²³⁹ At ang isang lalaki o isang babae na tatanggap sa Salita ng Diyos nang sadyang kung ano lang Ito nung ipinagkaloob sa atin, na panghahawakan Ito sa paraan ng pagkakasabi Rito ng Diyos, Ito’y Buhay sa kanya. Ngunit kung ihahalo ito sa isang karunungan ng kung anong organisasyon, mamamatay ka sa mismong oras na ’yun, gaya nung nangyari nung una. Ganoon nga ang Binhi. Kung papaanong, kung papaanong kumilos Ito nung una, sa ganoon ding paraan Ito kikilos sa tuwina. Hindi kailanman nagbago. Kung ipahihintulot ng Diyos, patutunayan natin ’yan dito sa Biblia, ngayong umaga. Sa ganoong paraan lamang talaga ito makatutubo, ang humiwalay Ito sa lahat ng pangangatwiran, o anumang iba pa, at sumampalataya lamang sa Salita.

Dapat nga sana’y tinanggap lamang Ito ni Eba sa paraang ipinagkaloob Ito ng Diyos sa atin.

²⁴⁰ At naihayag ko na’t sinasabi talaga sa inyo na naniniwala akong iniingatan ng Diyos at pinapanatiling puro ang Bibliang ito, at ganoon na ganoon Itong ipinagkaloob ng Diyos sa akin dito. Ayaw ko ng iba pang ibang karunungan. Ang nais ko lang ay kung papaanong sinabi Ito ng Diyos Dito.

²⁴¹ Ngayon, sana’y hindi ko kayo masaktan dito. Hayan nga’t kung sinabi ng Biblia na dapat akong “magsisi,” magsisi talaga ang ibig sabihin Nito; hindi mangumpisal, kundi magsisi.

²⁴² Sinabi ng Biblia na ako’y magpabautismo, sa Pangalan ni “Jesus Cristo,” wala na Itong iba pang ibig sabihin pa. Hindi “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Kung ano lang talaga ang sinabi Nito.

²⁴³ “Buweno,” marahil sasabihin n’yo, “Sabi ng Mateo 28:19, ‘Bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo.’” Yun naman talaga ’yun.

²⁴⁴ Ngayon, kung di tama ’yun, kung hindi sila tama sa bagay na ’yun, kung ganun ang pananampalatayang taglay ni Pedro, upang magbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at ang lahat

ng iba pa dun sa Biblia, ang ibig sabihin pala’y mali ang—ang natanggap nilang kapahayagan na Diyos mismo ang nagpala. Babalik sa Kanya ’yun: dahil dapat sana’y Kanyang pinagpala rin si Eba sa pasimula, kung ganoon pala ’yun.

²⁴⁵ Ang pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo,” tatlong titulo ’yan. May nag-iisang Pangalan lang. Hindi ka maaaring nabautismuhan sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo hangga’t di ka nababautismuhan sa Pangalan ni “Jesus Cristo,” ’pagkat ’yun ang Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo. At ganoon nga ang pagkakasulat ng buong Biblia. Bawat tao sa Biblia, na nabautismuhan, ay nabautismuhan sa Pangalan ni “Jesus Cristo.” Walang kahit sino riyang sa Kasulatan, ang nagbautismo kailanman sa mga tao sa mga titulo ng “Ama, Anak, Espiritu Santo.” At bawat isang nabautismuhan sa Pangalan ng—ng “Panginoong Jesus Cristo” ay nabautismuhan nga sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo.

²⁴⁶ Bawat isang nabautismuhan, sa mga titulong “Ama, Anak, Espiritu Santo,” ay di nabautismuhan sa anumang pangalan kahit saan man silipin; titulo lang ’yun, kagaya ng ministro, reverend, doktor, anupaman ’yan; ama, anak, at tao, misis. Mga titulo!

Sasabihin, “Wala namang kaso ’yan.”

²⁴⁷ Kung ganun naman pala’y ilagay n’yo nga ang inyong titulo sa inyong tseke, at hindi ang pangalan n’yo, at tingnan n’yo kung saan kayo dadalhin nun. Uh-huh. Sabihin na lang nating, “Pipirma ako ng tseke sa pangalan ng misis.” Buweno, napaka simple naman n’yang intindihin na pag-aalinlanganan mo pa ba ang Salita ng Diyos gayong nariyan na mismo sa harapan n’yo ang kapahayagan. Napaka simple na. Kita n’yo? Ganoon ’yun. Buweno.

²⁴⁸ Dapat sana’y sampalatayanan Ito sa paraang sinabi Ito ng Diyos. Hindi Nito sinasalungat ang Sarili Nito. Kung salungat Ito, pumarito nga kayo’t ipakita sa akin. Uh-huh. Hindi Nito sinasalungat ang Sarili Nito, saan man silipin. Maaaring gawin Itong salungat ni Satanas sa inyo, subalit hindi ’yan magagawa sa Salita. Hindi. Hayan nga’t, di ito pahihintulatang mangyari ng Salita. Hindi, po. Matagal nang kuru-kuro ’yan, at iniisip, subalit hindi pa ito napatutunayan.

²⁴⁹ Tugaygayin natin itong dalawang pinagkukunan, o kung sa ibang tawag natin kapaligiran, at tingnan kung anong nililikha ng mga ito. Tugaygayin natin ang mga ito nang ilang minuto. Kapaligiran; ang dalawang pinagkukunang ito’y kapwa lilikha ng kapaligiran.

²⁵⁰ Nais ko kayong tanungin ng isang bagay. Naranasan n’yo na bang pumunta sa isang simbahan. . . aking—aking sinasabi ito nang may pagpipitagan ngayon, at may. . . para magpakita ng isang punto; huwag nawang itulot ng Diyos. Naranasan n’yo na

bang pumunta sa isang simbahan kung saan napakapormal nung pastor? Ganoon din pati ang kongregasyon. Siyanga. Kita n'yo? Ano 'yun? Kapaligiran ang nagdulot nun. Pumunta kayo sa isang lugar kung saan sinasabi ng pastor, "Ngayon, sandali nga lang, wala naman talagang ganyan dahil kahibangan lang 'yan. Hindi ako naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling na 'yan, 'yang bautismo raw ng Espiritu Santo na 'yan." Alam n'yo, makikita n'yong ganoon na rin ang bawat isa, sa kanila, ang kongregasyon. Kung di sila ganoon . . .

²⁵¹ Kung may isang agila roon na napasama, lalabas siya dun, sa gitna ng umpukan ng mga manok na naroon. Uh-huh. Tunay nga. Yun ang katotohanan mismo. Lilisanin niya ang lugar na 'yun. Oo. Oo. Lilisanin niya talaga. Hindi niya matatagalan ang ganun. Aba'y isa siyang agila. Isa siyang ibon na nilikha para sa himpapawid, hindi siya nilikha para sa bakuran. Siyanga, po. Ngayon, ganoon nga siya.

²⁵² At ngayon nalaman natin, na, ganoon ang kapaligiran. At kung papasok nga kayo sa mga dako . . . na 'yung mga bagay na gaya nun, na itinuturo ang pananampalataya sa isang iglesya, masusumpungan n'yo nga sa iglesyang 'yun na naroon sila sa ganoong kapaligiran.

²⁵³ Oh Diyos! Nawa—nawa'y maipaunawa ko po ito sa inyo, upang, inyong, inyong makita ito. Kita n'yo? Nagpupunta . . . Iyon nga ang dahilan kung bakit nagpupunta ang mga tao sa pagtitipon ng mga banal kung saan nananalangin sila, na mga mananampalataya. Sabi ni Pablo wala siyang nasumpungan sa bayan, liban kay Timoteo lamang, na taglay-taglay ang tulad ng taglay niyang mayamang Pananampalataya, alam n'yo. Ang iba sa kanila sa dakong 'yun ay mga denominasyonal mag-isip. Kita n'yo? Subalit noong pumasok siya sa kapaligirang 'yun, kita n'yo, siya, maging kayo'y makikita n'yo ang mga bagay-bagay, na nililikha ng naturang kapaligiran. Makikita n'yo ang mga taong namumuhay sa pananampalataya sa pagpasok n'yo sa dakong 'yun kung saan sinasabi, "Grabe, walang duda, totoo talaga ang Biblia. Nagpapagaling ang Diyos." Lumibot kayo sa kongregasyon nila roon, masusumpungan n'yo, "Grabe, halos mamatay na ako sa kanser noon. Pero pinagaling ako." "Dati akong bulag. Nakakakita na."

²⁵⁴ Sasabihin ng baguhan dun, "Whew! Naku! Ano ba 'yan, ibig mo bang sabihin . . .? Ano bang nangyayari sa inyo?"

²⁵⁵ "May dokumento ako galing sa doktor ipapakita ko sa inyo. Sumama po kayo sa akin sa bahay. Halika, kahit dun na po kayo kumain ng tanghalian sa amin at ipapakita ko 'yun. May dokumento ako galing sa doktor. Alam din ng mga kapitbahay kong nasa ganito akong kondisyon noon. Naparalisa ako, nang marami ring taon. Tapos ipinanalangin ako." Kita n'yo? Ano 'yun? Dahil—dahil sa Salita na naroon sa iglesyang 'yun, ang

grupo ng mga mananampalataya roon, ay nakalikha ng ganung kapaligiran.

²⁵⁶ Ngayon, papaano nga na ang Salita, sa kasimplehan Nito na gayong simple ay kumpleto Ito, papaano nga makayayabong sa isang lugar na sinasapawan Ito ng anino ng kaalaman at sasabihin dun, “Aba’y di mangyayari ‘yan’”? Kita n’yo? Hindi nga yayabong. Kaya naman, sa mga lugar na ipinapangaral ang kaalamang galing sa seminaryo, namamatay ang mga anak.

²⁵⁷ Sa lugar naman na ipinapangaral ang pananampalataya na galing sa Salita, nabubuhay ang mga anak. Amen. Iyon nga ang pinag-iba, sadyang Buhay at kamatayan.

²⁵⁸ Ganoon na ganoon ang nangyari sa halamanan ng Eden. Ganoon mismo ang nangyari sa kanila; dalawang kapaligiran ang naroon. Noong umalis si Eba mula Roon sa tama, tapos lumipat sa mali, namatay siya. Kita n’yo? Ganoon na ganoon lagi ang mangyayari, sa lahat ng pagkakataon.

²⁵⁹ Kaya, hindi sila maaaring manatili. Kung ganoong klase ang kapaligiran sa iyong iglesya, oh, anak, kung nais mo pang mabuhay, sampalatayanan mo ang Salita.

²⁶⁰ Ngayon, medyo nakakasakit ng damdamin itong sasabihin ko sa inyo ngayon. At hindi ko ibig na saktan sana kayo. Akin lang. . . Pero ganito talaga ang pagtuturo. Nangyayari nga, na kapag dumadako tayo roon sa mga puntong gaya nito, di talaga maiiwasang makasakit at makapaso, nang kaunti, kita n’yo.

²⁶¹ Ngayon parang ano po ito. Parang naghehero ka ng guyang baka. Ayaw na ayaw ko dating gawin ‘yun, ‘yung paghehero ng guyang baka; nakakaawa kasi ‘yung munting hayop. Titipunin namin sila sa isang dako. At di ko alam kung naranasan n’yo nang magtali ng guyang baka, o hindi pa, at—at—at—at itinatali nga namin sila dun. Tatalian namin ‘yung mga paa, kita n’yo, pagkukrusin ‘yun. . . At ‘yung kaawa-awang munting nilalang! Pahihigain mo siya dun, tapos hahanguin mo ‘yung mainit-init na bakal na pang-hero, at itatak mo ‘yun sa balat niya. Oh, kapatid, nakakapanghina ngang tingnan. Pagkatapos n’yo dun, talagang magtatatako siya. Magtatatambo siya at sisipa-sipa, at sisinghal at hahalinghing sa sakit, at matagal ‘yun. Ngunit, sinasabi ko nga sa inyo, alam na alam na nila, sa oras na ‘yun, kung kanino siya nabibilang. Siyanga. Alam na alam na nila kung anong—kung anong pastulan siya nabibilang. Hindi pala ito isang biro-biro lang.

Kaya, magpa-hero tayo. Magpa-hero tayo. Siyanga, po.

²⁶² Sabi nga nila dun sa, alam n’yo, ‘yung. . . Siguro, marami sa inyo, ang nabasa na o—o naawit na ‘yung *Cowboys Meditation*, kita n’yo. At ang naliligaw na guya, kung ipapasok na nila siya, sa dulong ibayo roon, sa mga bakang pinagtipun-tipon; ang guyang naliligaw, gagawin na lang sabaw, ‘pagkat wala siyang hero, wala siyang hero. At pagkatapos ‘yung iba pang guya ay

papasok na sa itinalagang mga pastulan nila. Hayan nga't alam ng amo ng bakahan kung alin sa mga 'yun ang mga baka niya, kaya kung kayo. . . Masakit naman talaga ang magpa-hero.

²⁶³ Ngayon tingnan n'yo. Kaya ni Satanas na magpatunay ayon sa siyensiya, sa pamamagitan ng karunungan niya. . . Ngayon kunwari doktor ako, nang ilang minuto. Kayang patunayan ni Satanas ayon sa siyensiya, sa pamamagitan nung karunungan niya, na ang lupang ibibigay raw niya, para maitanim ang mga tao't yumabong, ay may mga bitamina. Totoo naman. Kaya nga niyang patunayan ang bagay na 'yan ayon sa siyensiya. Kaya nga ng mga doktor na patunayan ang kahit anong bagay, halos. Kita n'yo? Ganoon nga.

²⁶⁴ May bitamina P raw 'yun, "pagpapakasarap, popularidad." Sangkap 'yun dun. Sangkap sa kanyang lupa ng karunungan. Totoo naman. Totoo. Lahat ng pagpapakasarap sa sanlibutan, lahat ng mga palabas na pelikula, lahat ng mga sayawan, lahat, ng mga bagay tulad nun, "Sige lang. Ayos lang 'yan. Di naman masama 'yan. Hindi 'yan." Kita n'yo? Popularidad naman, "Oh, kayo ang pinakamalaking iglesya saanman dito sa siyudad." Buweno.

²⁶⁵ May sangkap din 'yung bitamina C, na ang tawag niya'y "centido comon." "Para makapangatwiran, kita n'yo." Oo.

²⁶⁶ May bitamina R din, na ang tawag niya roon "rason nang rason." Oo, kaya niyang gumawa ng mga rason. Ngunit, kita n'yo, hindi 'yun uubra.

²⁶⁷ May sangkap ding bitamina big-, B, roon, na sa madaling sabi "bighani." Nakakabighani si Satanas. Nakakabighani ang kasalanan. At habang parami nang parami ang kasalanan, lalo itong nakakabighani.

²⁶⁸ Hindi ba't mas maganda ngang di hamak ang bahay natin sa panahon ngayon kaysa dun sa dampang gawa sa troso noon? Hindi ba't higit na maganda 'yung ngayon? Hindi ba't mas kabigha-bighani ang mga kababaihan sa panahon ngayon kaysa noon? Kita n'yo? Hindi ba't mas kaakit-akit ang Florida, ngayon, kaysa sa pagkakalikha rito ng Diyos noon? Kita n'yo?

²⁶⁹ May bighani ito. Ilan dito ang nakaaalam na may taglay na bighani si Satanas? At nagnasa siya ng bighani, at sinikap na lumikha ng bighani, mas kabigha-bighaning kaharian, at mga gaya nun. Ganoon nga. Alam natin 'yun. Nasa kabighanian si Satanas.

Ngayon pansinin n'yo. May taglay nga siyang bitamina R, o "rason nang rason."

Bitamina B, o "bighani."

²⁷⁰ Bitamina M, o "moderno." "Oh, naghahangad kang maging moderno." Kung kukunin mo ang kaalaman niya hayan nga't tingnan mo kung di ka n'yan mahulog sa di-pananampalataya.

Tutubo kasi 'yun sa loob mo. Yayabong ang bitaminang 'yan diyan sa iyong paglalagi roon.

271 May tatayo roong bigating tao, mamamahagi ng kanyang kaalaman, “Ngayon tingnan n’yo, mga kaibigan. Ano kayang mangyayari kung dadalhin natin dito sa malaki, at magandang katedral natin dito ang bagay na 'yan at pahihintulutan 'yang maraming sigawan na 'yan, at iyakan, at pagsasalita ng iba't ibang wika, at takbuhan nang paroo't-parito, na bumubula ang bibig na gaya ng mga asong nauulol? At—at ano na lamang sa palagay n’yo ang sasabihin ng alkalde ng bayan, kapulungan ng mga diyakono, kung papayagan natin ang gaya n’yan na makapasok sa atin dito?” Oh, walang duda, moderno na talaga.

272 “Sa palagay n’yo ba hahayaan na lang natin na ang mga miyembro natin ay tatayo roon sa lansangan, na may hawak-hawak na tamburin? At anong mabuting idudulot nun kung ang mga kapatiran nating babae ay may malago't, mahahabang buhok? Tapos 'yung lahat ng mga kababaihang nagsisimba rito naglalakad sila sa kabayanan, ‘Tingnan n’yo ang itsura nila. Tingnan n’yo ang itsura nila.’ Aba, mapapailing 'yung pangulo ng iglesia rito, o nakakataas, alam n’yo, ‘Buweno, tingnan n’yo, tingnan n’yo naman 'yung itsura nila. Para namang matandang losyang, diba? Para namang may gulong ng sasakyang walang hangin na nakalugay sa likuran nila.’” Kita n’yo? Alam n’yo na ang ibig kong sabihin, basta parang ganoon.

273 “Hangad naming maging moderno.” Kita n’yo na? Iyan po ang karunungan ng diyablo. Iyan ang nagpatubo rito. Iyan ang bitaminang naroon sa lupa, kaya naman namunga ng ganooong klaseng bunga. Sige ipagpatuloy mo lang, modernong Jezebel. Buweno. Moderno nga, gaya ng mga kababaihan sa panahon ngayon. Ganoon nga. Oh, moderno na. “Buweno, bibisita sa simbahan ang pinaka modernong mga tao ng pamayanang ito.” Ganoon nga. Naging ganoon. . . Bakit? Pinatubo kasi sila nung modernong bitaminang 'yun.

274 Bitamina ng pangangatwiran, buweno, pinatutubo sila nun. Kita n’yo? Ganoon talaga ang mangyayari, mangangatwiran. Hayan nga't kung diyan ka pinatubo sa simula pa lang, patay ka na sa Salita. Sasapit ka muna sa pagtangga sa Salita bago ka magka-ganoon. Kita n’yo?

275 Ang tanging paraan upang matawag kang makasalanan ay tanggihan mo ang Salita ng Diyos. Ano nga ba ang kasalanan? Di-pagsampalataya. Di-pagsampalataya sa ano? Sa Salita ng Diyos. Kita n’yo? Tatanggihan at tatanggihan n’yong talaga ang Salita, bago kayo magkaganoon.

Ngayon, oh, nasa sampu pa ang nailista kong bitamina rito.

276 Hayan nga't sa kabila nun may isang bitaminang nalingat siyang sabihin sa kanila. May bitamina D pala 'yun. Iyon pa

naman ang pinakamalaking bitamina roon, na hahantong pala, sa “di-pagkabuhay.” Kita n’yo?

277 Grupo nga sila ng mga magagara magsipanamit, pinaka moderno, may pinaka magandang simbahan, pinaka malaking organisasyon, kita n’yo po, pinaka moderno, pinaka magagara talaga, masasabi tungkol sa kanila ang pinaka maiinam na mga bagay. “Kaya bakit bawal . . .”

278 “Kung Diyos ang may gawa sa atin na maging mga nilalang Niya, bakit Niya parurusahan ang mga kababaihan kung gusto lang nilang maging kaakit-akit silang tingnan, gaya na lang ng pagkakaroon ng maiksing buhok? Bakit Niya kokondenahin ang kaunting pagpapahid ng kolorete?”

279 Buweno, mayroon nga Siya sa Biblia na ganun ang ginawa, at ipinakain Niya ’yung babaing ’yun sa mga aso. Kaya isipin n’yo nga ’yang maigi, kita n’yo. Ganoon mismo ang nangyari.

280 “Bakit—bakit naman gagawin ’yun ng Diyos? Aba, naman, inaasahan ba Niyang makapamumuhay tayo gaya ng isinasaad ng Biblia.” Inaasahan nga Niyang talaga. Sinabi Niya kay Eba na dapat siyang mamuhay . . . O, pinagsabihan Niya . . .

281 Sinabi ni Jesus, na, “Nabubuhay ang tao sa bawat Salita, bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos.” Sinong nagsabi nun? Si Jesus. Tama po ba? Sabi Niya, “Kung may sinumang magsasabi ng iba, ay maging isang bulaan; ang Kanyang Salita ang maging katotohanan.” “Ang kalangitan at lupa ay lilipas, datapat ang Aking Mga Salita ay hindi lilipas.” Hayan nga.

Kaya naman ang bitamina D ay naroon nakahalal sa pormula niya, ng pagiging moderno. Ganoon nga.

282 Ngayon, hayan nga’t, hindi maaaring tumubo ang binhing Salita ng Biblia sa ganoong lupa. Kaya ano pang dahilan para pumasok ang isang tao sa loob ng mga modernong iglesya na gaya nun ngayon? Samantalang kung lulukob dun ang Espiritu ng Diyos, aba’y magnanais nga ang mga tao—ang mga tao na magsihyaw, “Luwalhatiin ang Diyos! Hallelujah!”

283 Alam n’yo kung anong mangyayari? Aba, mapapalunok ’yung mangangaral sa sinabi niya sa kanyang sermon dahil sa paghiyaw n’yong ’yun. Aba, heto nga’t sinasabi ko na sa inyo. Nakikinita ko—nakikinita ko siyang magpaparinig, “Uhm.”

284 At lahat nung mga naroon ay mapapalingon, magkakanda-haba ’yung leeg ng mga naroon, alam n’yo, magpapalinga-linga sa buong paligid, makikiusisa. “Buweno, ano ba ’yung maingay na ’yun?”

285 Pagkatapos, mga ilang minuto pa, magpapatuloy sa sermon niya ’yung mangangaral, “Si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos.”

“Luwalhatiin ang Diyos! Siyang totoo talaga.”

286 “Uhm,” magpaparinig ’yung mga diyakono. Huh! Di n’yo namamalayan, nasa may pintuan na kayo, agad. Palalabasin na pala nila kayo. Kita n’yo?

287 Hindi maaring yumabong dun ang Salita, sadyang hindi nito magagawa. Hindi talaga, sadyang di nito magagawa. Kita n’yo? Hindi Nito talaga kayang tumubo dun. Kita n’yo?

288 Tapos nun magpapatuloy ’yung mangangaral, bobombahan niya ng lason Ito sa ibabaw, sisikaping puksain ang binhi ng Buhay na nasa loob n’yo. “Ngayon may isang grupo ng mga tao sa bansa ngayon, ang paniwalang-paniwala na nagpapagaling daw ang Diyos. Aba, naman, di tayo maloloko, hayan nga’t ang linaw-linaw naman na binigyan tayo ng Diyos ng mga doktor, para sila ang magpagaling.”

289 Ngayon, tanungin n’yo nga ang isang mabuti’t, matinong doktor kung isa nga siyang tagapagpagaling. Sasabihin niya sa inyo, “Hindi, ako. Kaya kong bumunot ng ngipin, pero hindi ko kayang pagalingin ’yung pinagbunutan nun.” Siyanga. “Kaya kong magbalik ng braso, pero di ko kayang pagalingin.” Yun naman talaga ang tama. “Ang Diyos ang Tagapagpagaling.” Kita n’yo?

290 Ngayon, papaano nga makatutubo ang anumang bagay sa ganoong kalagayan? Papaano makatutubo ang binhing Salita sa ganoong kalagayan? Sadyang hindi makatutubo. Hindi ito makatutubo sa ganoong uri ng kapaligiran. Sadyang hindi nga makatutubo.

291 Dahil nga tumutubo lamang ang pananampalataya sa isang bitamina. Sa iisang bitamina lamang. Di na kailangan ng kung anu-ano pa riyang hahaluan ng ganito, hahaluan ng ganoon. Tumutubo ang pananampalataya sa iisang bitamina, at ’yun ay sa Salita. Iyon lang ang natatanging bagay na mapagtutubuan ng pananampalataya, sa Salita nga. At ang natatanging paraan kung bakit makatutubo ito ay dahil sa pinaniniwalaan nito ang Salita, at nagagawa nga nitong tanggapin ang buong Salita at sampalatayan na Ito’y totoo. At mababaybay ang bitaminang pananampalataya sa isang maiksi’t apat-na-letrang salita, L-i-f-e [B-u-h-a-y sa Tagalog–Tag.], “Buhay.” May bitamina L ito, ang pananampalataya. May bitamina L ang pananampalataya.

292 Ang karunungan nama’y may bitamina P; bitamina R; pagpapakasasa; at bitamina ng rason nang rason; bitamina’t, lahat nitong iba pang bitamina. Lahat ng ito’y nasa, pa-. . . panga-. . . Nasa kaalaman ang lahat ng ito. Kita n’yo? Nasa karunungan ang lahat ng ito, ang lahat ng pangangatwiran.

293 Subalit ang pananampalataya’y may iisang bagay lamang: Buhay. Yun lamang ang naroo’t lumalagi. “Ang Iyong Salita ay Buhay. Ang Iyong Salita ay Katotohanan. Siya ang Salita, ang Daan, ang Katotohanan, ang Ilaw.” Doon lamang lumalagi ang pananampalataya. Doon lamang. At wala ng iba pang kahalo.

Buhay ng Espiritu Santo, Buhay na Walang Hanggan, doon nga tumutubo ang pananampalataya: Salita, *Zoe*, Mismong Buhay ng Diyos. Sa nag-iisang dakong 'yan lamang maaaring kumilos ang pananampalataya, diyan nga sa puntong kapag narinig ng pananampalataya ang Salita ay sasampalataya na Ito nga ang Salita ng Diyos. Pagkatapos, diyan nga sa *Zoe* na nariyan, Ito'y tutubo at Ito'y mamumunga ng kung anong sinabi ng Salita.

²⁹⁴ Ang Diyos, paano Niya nilikha ang sanlibutan? Naniniwala ba kayong ang sanlibutan ay naroon na sa kaisipan ng Diyos? Tunay, naroon na, noon pa man. Paano nga Niya ginawa ito? Sinalita lang Niya.

²⁹⁵ “Pero saan Niya kukunin 'yung panglikha dun?” Paano ka makakapangatwiran ng ganyan sa Diyos, na sasabihin, “Diyos, saan Ka kumuha ng materyales, para—para makagawa Ka ng mga bato? Saan Ka kumuha ng panglikha?” Nanggaling sa gas. “Saan Ka naman kumuha ng gas, Panginoon?” Kita n'yo na? “Paano Ka nakalikha ng tubig? Ano ang pormula? H_2O . Saan Ka naman kumuha ng hydrogen, oxygen?” Kita n'yo? Ganoon lang talaga 'yun. Kita n'yo? Hindi pasok sa katwiran.

²⁹⁶ Ano ang sabi dun ng Diyos? Nasa kaisipan na Niya ito. At ang kaisipan Niya ang Kanyang Salita, bago Ito nahayag. Kaya naman nung sabihin nga ng kaisipan Niya, “Magkaroon,” aba'y nagkaroon talaga. Ganoon lang 'yun. Doon kasi nakalagak ang pananampalataya.

²⁹⁷ “Sa pamamagitan . . . ng . . .” Sinabi ng Mga Hebreo 11, “Sa pananampalataya ang sanlibutan ay nalikha.” Ang sanlibutan ay nalikha sa pamamagitan ng pananampalataya. “Ginawa ng Diyos ang sanlibutan mula sa mga bagay na di nakikita.” Sa pamamagitan ng pananampalataya sinalita ng Diyos na ang sanlibutan ay lumitaw, dahil ito ay—ito ay Salitang nakaplano na nung una. Hayan nga't pagkabigkas na pagkabigkas pa lang Niya rito, ito'y naging buhay.

²⁹⁸ Ngayon madali namang sabihin, “Sinampalatayan ko Iyan, Kapatid na Branham.” Masampalatayan n'yo nga Ito sa puso n'yo. Pero dapat n'yong ihayag, “Sinampalatayan ko Ito.” Huwag na huwag kayong mag-iiba Rito, kahit anong mangyari. Manatili kayo mismo Rito. Makikita n'yo na may uusbong mula rito. Ipamumunga Nito ang Salita, 'pagkat ito'y pananampalataya. Kita n'yo? Kapag karunungan kasi'y ililihis kayo nun. Ang pananampalataya ang magdadala sa inyo Roon. Nakikita n'yo na ba?

²⁹⁹ Tatagpasin ang bawat kredong gawa ng tao, tatagpasin ang bawat paaralan ng kaalaman, ng teolohiyang gawa lang ng tao, talagang matutumba sila't di na babangon pa. Hayan nga sila, mga propesor na galing diyan, D.D., Ph.D., L.L., Q.U.D., aba'y kailangan pa nilang lahat na magsipunta sa paaralan para lang matuto ng sikolohiya at lahat nitong iba pang mga bagay. Pero

may isang Bagay na nakakaligtaan. Hayan nga't gagamit siya ng sikolohiya para itanyag ang sarili, at abala sa kung anong damit ang magandang isuot, at kung papaano niya mabibigkas ang "amen" nang maganda, at, oh, walang kabuluhan ang mga bagay na 'yan! Hayaan n'yong . . .

³⁰⁰ Hayaan n'yong ang Espiritu Santo ang manguna sa inyo. Ang mga Anak ng Diyos ay pinangungunahan ng Espiritu ng Diyos, hindi ng karunungang galing sa seminaryo. Hayan nga't pinangungunahan ng Espiritu ng Diyos ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Siyanga. Ganoon po. Amen.

³⁰¹ Ngayon, ilantad natin ang bawat kredo, bawat paaralan ng kaalaman, bawat teolohiyang gawa lang ng tao. Kaya naman pala hindi sila makasampalataya; wala silang dako roon para makatubo Ito roon. Kita n'yo? Ang taglay nila'y bitamina R, rason nang rason, na dapat nating iwaksi talaga. Bitamina ng popularidad, bitamina ng pagpapakasarap, "Aba'y kailangan din naman nating magpakasarap kahit kaunti." Anong klaseng pagpapakasarap? "Oh, magliliwaliw at magpapakalasing nang kaunti, paminsan-minsan, alam n'yo na. Magpapakasarap lang naman nang kaunti; wala namang malaking kaso 'yun."

³⁰² Alam n'yo ba, nagkalat 'yung mga maliliit na bagay na 'yun dun, nagkalat sila roon, lahat ng bitaminang 'yun. Kita n'yo? At papaano ngang mangyayari na ang ganoong uri ng bitamina ay makapagpapatubo ng Salita, na kontra sa bitaminang 'yun? Papaano n'yo magagawa ang ganun? Kita n'yo? Kontra dun ang Salita. "Kung umiibig kayo sa sanlibutan, o sa mga bagay ng sanlibutan, ay wala sa inyo ang pag-ibig ng Diyos," sabi ng Biblia. Kita n'yo? Kaya papaanong—papaanong mangyayari na ang ano ng Diyos. . . Papaano makatutubo ang Salita ng Diyos sa ilalim ng ganoong klaseng bitamina?

³⁰³ Kinakailangan ng partikular na bitamina sa lupa upang makapamunga ng butil. Kinakailangan ng tamang uri ng lupa. Dadako tayo riyon, maya-maya. Kita n'yo? Kailangan mo ng tamang uri ng lupa, kundi ay hindi nun mapatutubo ang butil. Kung kukuha ka lang ng kung anong lupa riyon, hindi nun mapapatubo *ito*, at iba ang tutubo. Mabuhanging lupa, iba ang bitamina, at ganun din sa iba, iba ang pinatutubo nila. Kung wala, aba, wala ka nito, hindi kasi nito talaga mapatutubo *ito*. Ganoon lang 'yun.

³⁰⁴ Ngayon, ang mga damo nga'y halos kahit saan 'yan tutubo, kahit anong lupa. Di ba tama 'yun? [Sinabing kongregasyon, "Amen."—Pat.] Makatutubo kahit saan ang mga matatandang denominasyonal na damo.

³⁰⁵ Subalit, sinasabi ko nga sa iyo, kapatid, kung nais mong ipamunga ang mga bunga ng Buhay, dun lamang sa Salita 'yun uusbong. Siyanga. Siyanga. Ganoon 'yun. Buweno.

306 Nawa'y di ko po kayo masyadong pinaiinip sa pagkakaupo n'yo, ngayong umaga. [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Kita n'yo? Ngayon, hindi. . . Kita n'yo? Buweno.

307 Kaya naman pala di sila makapanampalataya; wala naman silang maaaring paghugutan ng buhay. May sinabi si Jesus tungkol sa kanila sa Mateo ika-13 kabanata at sa unang talata. Bumuklat po tayo rito at tingnan kung paano ang pagkakasabi ni Jesus tungkol dito, sa mga bagay na tinatalakay natin. Ika-13 kabanata ng Mateo, at sa unang talata.

Nang araw na yaon ay lumabas si Jesus sa bahay, at naupo sa tabi ng dagat.

At nakisama sa kaniya . . . ang lubhang maraming tao, ano pa't lumulan siya sa isang daong, at naupo; at ang buong karamihan ay nangakatayo sa baybayin.

At pinagsalitaan niya sila ng mga bagay, at pinagsalitaan niya sila ng maraming mga bagay sa mga talinghaga, na sinasabi, Narito, ang manghahasik ay yumaon upang maghasik ng binhi;

At sa paghahasik niya, ay nangahulog ang ilang binhi sa tabi ng daan, at dumating ang mga ibon at kinain nila:

At ang mga iba'y nangahulog sa mga batuhan, kung saan walang sapat na lupa: at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa:

At pagsikat ng araw, ay nangainitan; at mangyaring. . . at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo.

. . . ang mga iba'y nangahulog sa mga dawagan; at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang mga yaon:

. . . ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangagbunga ang ilan, nangagbunga, ang ila'y tigisang daan, . . . tig-aanimnapu— . . . at tigtatatlongpu.

At ang may mga pakinig, ay makinig.

308 Hindi sinabing karunungan. "Mga pakinig," kita n'yo, buweno, "pakikinig." Buweno.

309 Pansinin n'yo. Sabi Niya dun noong inihasi ang mga 'yun, noong inihasi 'yung Binhi, nung ipinangaral ang Salita.

310 Nangahulog ang ilan sa tabi ng daan; kagaya ng tubig na ibinubuhos sa likod ng pato, dumadaloy lang at di nananatili.

311 Nangahulog ang ilan sa mabatong lupa, maraming bato, siguro'y may kaunting alikabok pa dun na hinangin dun. Tapos sumibol 'yun, pero wala 'yung mga ugat, walang mapagkapitan ang mga ugat nun. Ngayon may ipapakita po ako sa inyong paghahalintulad dito, at nawa'y wala naman akong masaktan na damdamin sa inyo. Kita n'yo?

312 Iyon kasi ang simbahang Katoliko. Sabi nila'y naitatag sila sa ibabaw ng isang bato. Sasang-ayunan ko sila riyan. Sasang-

ayunan ko sila talaga riyan. Siyanga. Siyanga. Walang lupa sa ilalim, na kahit ano, walang lupa na mapagtutubuan. Bakit? Hindi kasi ito makakapamunga ng... Di sila makakapamunga nitong bitamina ng Biblia, 'pagkat di naman sila naniniwala Rito. Ang mga doktrina nila'y mga dogma, siyanga, dogmang Romano, walang kahit anong Salita roon, maski katiting. Kita n'yo? Nangahulog sa batuhan; nasa pambihirang karunungan. Oh, kapatid, sinasabi ko nga sa inyo, kung kumilos nga sila'y pambihira namang talaga. Ipakikita nilang may sikolohiya sila, at naglalakihang mga gusali, at eleganteng mga damit, na para tuloy silang kabanal-banalang diyus-diyosan, itong mga pari nila at lahat na ng iba pa sa kanila.

³¹³ Ilan ang nakarinig sa patotoong 'yun nung munting madre na tumiwalag na dun? Napakinggan n'yo ba siya rito? Nais ko sanang maiparinig 'yun sa isang Miyerkules ng gabi sa atin rito sa simbahan, at ang bawat isa sana'y mapakinggan ang patotoo na 'yun. May isa sa kanilang matagal na ring sumusubaybay sa akin. Grabe 'yung ginagawa nilang...

³¹⁴ Sumadya mismo ako roon sa Mexico, hayan nga, at nakita ko mismo 'yung mga hukay na tinabunan ng apog, mga hukay kung saan itinapon lang nila dun 'yung mga sanggol nung mga madre; hayan nga't mga pari pa ang ama, nung mga sanggol na 'yun; na sinunog dun sa hukay na tinabunan ng apog, at basta parang ganun. Iyon ang naging dahilan kung bakit sumibol ang komunismo sa Mexico. Sila ang dahilan kung bakit lumaganap ang kabulukang 'yun doon. Iyon ang naging dahilan kung bakit sumibol ang komunismo sa dako roon.

³¹⁵ Huwag n'yong katakutan ang komunismo. Ginagamit ng Diyos ang komunismo. Hindi ko man ito pinaniniwalaan. Sa diyablo naman kasi ito. Subalit kinukuha ng Diyos ang diyablo at ginagamit, gaya ng ginawa Niya kay Haring Nabucodonosor, at pinalusob siya roon para sakupin ang Israel. Kita n'yo? Oo. Tugaygayin n'yo 'yun at tingnan kung di 'yun pinatutunayan ng Biblia. Isa sa mga araw na ito'y hahantong tayo sa ganoon. Pinalitaw ito mismo ng Diyos, upang ipaghiganti ang mga anak ng Diyos, laban sa matandang patutot na 'yun. Ganoon mismo ang sabi ng Biblia. Oo. Sabi, "Siya'y lubos na susupukin ng apoy, at hahantong siya sa kanyang huling wakas." Ganoon mismo ang mangyayari sa kanya, ganoon nga. Hayan siya.

³¹⁶ Iyon nga ang nahulog sa batuhan, na ang lupa'y salat kaya di ito sumibol. Namatay ito. Hayan nga't, isang pambihirang karunungan ito.

³¹⁷ Pagkatapos nangahulog ang ilan sa lupa ng Protestante, ngunit, pagkaraan ng ilang panahon, ininis ito ng pambihirang karunungan ng naglalakihang denominasyon, ininis hanggang mawala ang Espiritu. "Lumipas na ang mga araw ng himala. *Ganito-at-ganoon* ang sabi ni Dr. *Ganito-at-ganoon*. Kita n'yo?"

Walang ganyan.” Talagang, ininis nang husto. Ininis hanggang mawala ang ano? Ininis hanggang mawala ang Espiritu, para ipalit ang karunungan. Kita n’yo?

³¹⁸ Bumaba ang Espiritu Santo sa panahon ni Martin Luther. Bumaba ang Espiritu Santo sa panahon ni John Wesley. Bumaba ang Espiritu Santo sa panahon ng unang iglesyang Pentecostal. Ngunit ano ang ginawa ng mga denominasyon? Sa pamamagitan ng karunungan nila, ininis nila Ito hanggang mawala. Ininis palabas ang ano? Ang Binhi. Ano nga uli ang Binhi? Ang Salita. “Hindi naman kasi Ganoon ang ibig sabihin Nito. *Ganito* ang ibig sabihin Nito, hayan nga.” Kita n’yo? Ininis nila ‘yun. . .

³¹⁹ Ngayon, marami namang mga ministro ang talagang tapat ang mga puso, may nakilala akong ilang gaya nila, naupo at nakipag-usap sa kanila, maging dito sa paksa ng bautismo at maraming iba pang bagay. Sinabi ko sa kanilang maaari silang lumapit, para pag-usapan ito. Sabi nila, “Kapatid na Branham, kung gagawin naman namin ‘yan, patatalsikin kami ng iglesia namin.”

³²⁰ Sabi ko, “Sino? Sino bang matimbang sa inyo, ang Salita ng Diyos o ang iglesia n’yo?” Wala talaga kayong mararating, sa alikabok na ‘yan ng denominasyon. Kita n’yo? Kita n’yo? Buweno. Kung di n’yan matanggap ang Salita, mali ‘yan. Kita n’yo? Ipinakikita lang n’yan na isa lang ‘yang karunungan gawa ng tao.

³²¹ Ngayon, ang mga Protestante ay ininis. Ininis ang Espiritu palabas sa kanila, noong simulan nilang kunin ang karunungan sa halip na dapat pananampalataya sa Salita; karunungan sa organisasyon, karunungan para makapag-organisa sa halip na dapat pananampalataya sa Salita. Lahat ng nauunawaan ‘yan, magsabi ng, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kita n’yo? Pananampalataya sa kung anong—kung anong pinagkaisahan ng grupo ng kalalakihan, ng Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal, ng mga Evangelical, at ng lahat ng nagsama-sama. Hayan nga’t sa pagsasama-sama nilang ‘yan ay bumubuo sila ng kompederasyon ng iglesia, na magiging “ang larawan ng hayop.” At siya’y magtataglay nitong siya ring kapangyarihan sa bansang ito, Apocalipsis 13:11, na taglay nila roon noon; at magdudulot ‘yun ng isang pag-uusig laban sa mga banal, na gaya lamang ng ginawa nila nung una, ng—ng simbahang Romano. Kita n’yo? Diyan na nga hahantong ito ngayon.

³²² At ‘yan ang dahilan kung bakit inihahasik na ang Binhi ngayon, sa lahat ng dako para, “Lumayo kayo roon. Lumabas kayo roon.” Kita n’yo?

³²³ Ngayon, ininis ‘yun ng karunungan. Piniga ng sarili nilang karunungan ang Espiritu Santo palayo sa kanila. Hayaan n’yong patunayan ko ito sa inyo, sa Biblia, Apocalipsis, sa ika-3

kabanata; kung saan nakasaad dito ang pagtatapos ng mga kapanahunan ng iglesia. Piniga si Jesus palabas sa Kanyang Iglesia, at naroon na sa labas; sinisikap tumuktok sa pintuan, para makapasok muli. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.] Uh-huh. Ganoon mismo ang pagkakasabi Rito. “Ako’y nakatayo sa pintuan at tumutuktok. Kung ang sinuman ay mauhaw, kung Ako’y papapasukin niya, Ako’y papasok.” Subalit wala man lang kahit sinong nagbukas nung pinto. Kita n’yo? Pinabayaan lang nila Siya dun sa labas. Ano ’yun? Taglay nila noon . . . Nangahulog sa kanila noon ang Binhi. Kita n’yo? Kita n’yo?

³²⁴ Subalit nangahulog ang ilan sa libis ng pag-uusig. Napunta ang ilang binhi sa libis ng pag-uusig. Ngayon, doon nga sa libis n’yo masusumpungan ang tubig, ang pinakamainam na lupa. Kapag kukunin mo kasi ang isang tao na nabugbog nang husto hanggang masaid palabas sa kanya ang lahat ng teolohiya, nilibak, kinutya, hayan nga’t idinaan pa sa kiskisan at giniling nang giniling hanggang sa maubos ang lahat sa kanya, anupa’t walang humpay siyang dinidikdik dun ng bakal, makikita n’yo po roong may tubig-tubig sa paligid niya. Siyanga. Nahulog sa libis na ’yun, ang taong ’yun ay iwinaksi sa libis na ’yun, sinipa mula sa kanyang organisasyon. Siya’y “iniwan sa tambakan,” gaya ng tawag nila roon. Kita n’yo? Pero hindi ’yun tambakan, kundi “libis,” gaya ng itinuro sa atin. Doon sa libis, alam n’yo, doon tumutubo ang bulaklak na liryo, doon nga, alam n’yo. Uh-huh. Uh-huh. Ganoon nga, kita n’yo, “Sa libis.” Buweno. Nangahulog ang ilan sa libis ng mga pag-uusig, mahirap na pagsubok. Nangahulog ang ilan sa mga Binhing ’yun doon, sa libis ng mga pag-uusig, mahirap na mga pagsubok, babansagan kayo ng lahat na ng masamang masasabi gaya nung Liryo na tinawag na, “Beelzebub,” kinutya.

³²⁵ Subalit sa kabila n’yan sa libis na ito’y may mga agos ng tubig. Mga Awit 1, sabi, “Mapalad ang tao.” Sige po babasahin ko ito. Ipapakita ko sa inyo kung ano ang naroon sa libis. Ano itong, nasa Mga Awit . . . iniisip kong baka wala na tayong oras, pero maglaan lang po tayo ng kaunting oras, kita n’yo, para basahin ito, kita n’yo, para matalakay ito rito. Babasahin natin ito at nang makita natin kung sa ano nakalagay ang tao na ito rito, kung saan siya nakatanim. Kung nakatanim ba siya sa . . . sa ibabaw ng maalikabok na batuhan sa disyerto, kung saan wala man lang lupa, o nakatanim ba siya sa libis? Sige.

Mapalad ang tao na hindi lumalakad sa payo, sa karunungan. . .

Amen. Amen. Amen. Amen.

. . . lumalakad sa payo ng masama, . . . tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, . . . nauupo man sa upuan kasama ng mga manglilibak.

Kundi ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng PANGINOON, ang Salita nga; at sa kautusan, Salita, ay nagbubulaybulay siya araw at gabi.

At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig, . . .

326 “Mga agos.” Ano iyon? Siyam na espirituwal na kaloob. Mga agos ng isang “Tubig,” isang Espiritu. Isang Espiritu, pero nagmumula sa siyam na iba’t ibang paagusan, mga agos ng Tubig. Kita n’yo?

. . .mga agos ng tubig, na nagbubunga, bunga ng Espiritu, sa kaniyang kapanahunan; ang kaniyang mga dahon nama’y hindi malalanta; at anumang kaniyang ginagawa, ito ay giginhawa.

327 Kita n’yo, nangahulog ang ilan doon sa libis na ’yun, kung saan naroon ang mga agos. At nagpasibol ng . . . Napansin n’yo ba? May gusto po akong tumbukin dito. Anong nangyari dun? Nangahulog ito, sa agos. . .

328 Hindi ito naging palipat-lipat. Siya’y naging para bang punongkahoy na “palipat-lipat, lilipat mula rito papunta sa ganoon”? Siya’y “itinanim.” Ano? Itinalaga na nung una. Ang kaisipang ’yun ng Diyos, bago pa man naitatag ang sanlibutan, siya’y inilagay na roon. Kita n’yo? Hindi napadpad lang, hindi nagkataon lang; kundi “itinanim,” itinalaga na nung una (ano?) sa mga agos ng Tubig. Oh!

329 “Ang kanyang ugat ay hindi malalanta.” Oh, hallelujah! “Bagama’t siya’y mamatay, Akin siyang ibabangon sa huling araw.” Siyanga.

330 Siya’y itinalaga na nung una na mapunta sa Dakong ’yun, hindi ’yun nagkataon. Nakatalaga na siyang masalo ang Salita nung maihasik Ito. At siya nga’y nakaantabay lang dun. Nung mahulog ’yun, naroon nga siya. Itinanim siya, hindi lang basta napadpad. Talagang nilayong maitanim siya. Siyanga. Malaki ang pinagkaiba: ng basta na lang nagtusok ng patpat sa lupa, at nilayong magtanim ng isang bagay. Magkaiba talaga. Nung itinanim ang Binhi; nasumpungan Nito ang sarili Nitong mga siwang kung saan gagapang ang kanyang mga ugat. Nung nagumpisa nang dumaloy ang Tubig dun at ibigay ang Buhay nito, ang Espiritu, sinabi nga nun . . .

Sasabihin n’yo, “May siyam na espirituwal na kaloob.”

Sasabihin niya, “Amen.”

“Si Jesus, siya ring kahapon at magpakailanman.”

“Amen.”

“Siya’y nagpapagaling pa rin gaya ng ginagawa Niya noon pa man.”

“Amen. Amen. Amen.” Kita n’yo?

331 Itinanim siya sa tabi ng mga agos, mga agos na dumadaloy saan mang panig niya, mga agos ng Tubig. Kaya naman hindi siya maaaring malanta. Kaya naman pala ganoon, dahil siya nga'y itinanim. May mga Binhing nangahulog sa dakong 'yun. Hindi siya maaaring mamatay. Naroon kasi siya sa mismong batis ng Buhay. Patuloy na namumunga. Siyanga. Kinukuha nito ang Buhay nito mula sa mga agos na 'yun, "mga agos," ang Bagong Tipan, ang Lumang Tipan. Amen. Sagana siyang napupunan dun, nang tuloy-tuloy! Oh, kapatid!

Iibigin n'yo ba Siya? Amen.

Pupurihin n'yo ba Siya? Amen.

Sasambahin n'yo ba Siya? Amen.

Amen. Amen.

332 Siyanga, po. Siyanga, po. Oh, gustong-gusto ko 'yun! Kayo rin ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oo.

...nagbubunga siya, nagbubunga sa kaniyang kapanahunan;... (Genesis 1:11)

333 "Nagbubunga siya." Anong ibinubunga? Mga bunga ng ano? Mga bunga Niya. Anong mga bunga? Mga Sariling Niyang bunga. Anong bunga ito? Ang Biblia. Kita n'yo? Lahat ng Ito'y narito. Bunga ng, pag-ibig, narito sa Biblia. Kagalakan, narito sa Biblia. Kapangyarihan, Espiritu Santo, ang lahat ng mga ito, Makalangit na kagalingan, mga pangako ng Diyos, ito ang mga bunga. *Narito* nga Ito. At kung itinanim siya Rito, itinanim ito sa—sa tamang uri ng lupa, sa pananampalataya. Anong gagawin pagkatapos ng pananampalataya? Sisimulang patubuin Ito ng pananampalataya, amen, sisimulang pakilusin ito para tumaas. Kita n'yo? Ganoon nga; pinakikilos siya para tumaas. Ganoon nga. "Siya'y magiging parang punongkahoy na itinanim sa siping ng katubigan; nagbubunga sa kanyang kapanahunan."

334 Ngayon, anong uri ng bunga ang ipamumunga nito? Juan 14:11, Juan 14:11, sinabi Niya, sinabi ni Jesus, "Ang..." Sa tingin ko sa 14:12 po pala. At sinabi ni Jesus, "Ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa." Bakit? Ang siya ring Salita kasi'y sumasakanya. Siya nga ang Salita. Tama ba 'yun? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] "At kung kayo'y magsipangatili sa Akin, at ang mga Salita Ko'y magsipangatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anumang inyong ibigin."

335 Kausap ko noon si Kapatid na Evans diyan sa likod, hindi pa katagalan. Lagi siyang dumadalo rito. Napakalayo nga ng binibiyahe niya! Nawala ang kanyang kotse. Iniwan lang niya 'yun doon sa may Miller's, naiwan sa loob nun 'yung susi, tapos may dumating at ninakaw 'yung kotse. Naroon pa naman ang lahat ng gamit niya, sa loob. Dumulog siya rito. Siya, siya at si Kapatid na Fred, at Kapatid na Tom, at ang ilan pa sa kanila, sumadya sila dun sa bahay. At sabi...Buweno, mistula nga

siyang batang paslit noon na inagawan ng kendi; hayan siya, balisang-balisa, alam n'yo. Sabi niya, "Talagang di ko na alam ang gagawin ko." Sabi ko, "Buweno, . . ."

³³⁶ Ngayon anong magagawa? Ngayon, dumulog nga sila roon, anong unang gagawin? Dumulog sa Salita; humingi sa Ama. "Kung kayo'y magsipanatili sa Akin, at ang Salita Ko'y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anumang inyong ibigin." Ano? Manatili kayo sa Salita, basta manatili lang kayo mismo sa Salita.

³³⁷ Sabi ko, "Manalangin tayo." Lumuhod kami sa sahig, at nagsimula nang, manalangin.

³³⁸ At habang nakaluhod kami, nanalangin kami roon, sabi ko, "Ama, dumudulog po ako sa Iyo, sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Narito po ang isang kapatid na sadya namang, babad sa pagtratabaho nang ilang araw sa sanlinggo. Ang mga kamay niya'y, halos mamitig, sa pagkukumpuni ng mga lumang sirang sasakyan at mga gaya nun, upang kumita ng sapat na salapi para makapag biyahe nang labing-apat hanggang labinlimang daang milya kada Linggo, upang makadalo sa mga pagtitipon. May ilan din siyang mga anak na pinakakain. Ang gastos niya'y aabot halos, ng limampu o pitumpu't limang dolyar kada linggo, para lang makabiyahe rito, para lang makasimba. Kita n'yo? Ganoon po. Naparito siya, upang makapakinig ng Salita, habang nagsisikap kaming makapagpursigi na ipakipaglaban Ito." At sabi ko, "Ngayon, may masamang lalaki na nagnakaw ng kanyang kotse." Ano Iyon? Sabi ko, "Ngayon, Panginoon, idinadalangin ko sa Iyo, na ibalik Mo po sa kanya ang kanyang kotse, sa Pangalan ni Jesus Cristo."

³³⁹ Ano 'yung ginawa kong 'yun? Inilagay ko ang Salitang ito, ang pangakong ito, sa harapan ng Diyos, tinatakan Ito sa Pangalan ni Jesus, at pinakawala lamang ang Salita. Doon nga sa daan ay kumawala Ito, nagtumulin dun, nasumpungan ang lugar kung saan 'yun unang nangyari; gaya ng isang asong may hinahabol na kuneho. Kita n'yo? Heto na Siyang kumakaripas, nagtutumulín sa daan, umuugong. Umabot, sa may kalahatian patungong Bowling Green, Kentucky. Ano itong kumawalang ito? Ang Salita na natagpuan 'yung lalaki.

³⁴⁰ Noon din ay may isang pangitain na dumating. Nakita ko roon ang isang lalaki, nakasuot ng parang dilaw na kamiseta, nagmamaneho, isang kabataan, dating Cristiano. Tumama sa kanya ang Salita. "Mali ang ginagawa mo." Nahagip siya nung Salita. Isinugo Niya roon ang Kanyang Salita, kita n'yo, kita n'yo, at tumama sa kanya. "Mahuhuli ka sa ginagawa mong 'yan, balang araw, at huhulihin ka ng batas sa ginagawa mong 'yan. Kumabig ka at dalhin mo ito pabalik." Tinamaan siya ng Salita. Isa siyang Cristiano noong araw. Nakita ko nga siyang dinala 'yun dito, itinabi niya 'yun sa gilid ng kalsada.

341 Sabi ko, “Ngayon, kapatid, puntahan mo, ang lugar na *ito*, doon mo makikita ang kotse mo. Maghintay ka lang dito, nang kaunti, hanggang sa maibalik ’yun nung lalaki. Ngayon, puno ng gasolina ang tangke mo?”

“Oo,” sabi niya.

342 Sabi ko, “Wala ka nang dapat alalahanin. Pero kalahati na lang ’yung lamang gasolina nun, dahil nagamit ’yung kalahati nun, sa pagtakbo. Nasa kalahatian kasi ’yung lalaki patungong Bowling Green, mga nasa—mga nasa sandaang milya rin ang tinakbo nun.”

343 Noong matagpuan niya ’yun, ganoon na ganoon niya ’yun natagpuan, eksakto sa pagkakasabi. Ano ’yun? Kumawala dun ang Salita at tumama sa lalaki.

344 Tapos di lang ’yun, dumulog uli siya di katagalan, may isa kasing lalaki ang bumili ng kotse sa kanya. Nakalingat siya at di tuloy siya nabayaran. Kita n’yo? Dumulog siya, “Kapatid na Branham. . .”

345 Naisip ko, “Kaawa-awa naman siya!” Apatnaraang dolyar ang di nabayaran sa kanya. Sabi ko, “Sige mananalangin ako.” Pinakawala ko uli ’yung Salita. Humayo ang Salita, tinunton ’yung lalaki, natagpuan ’yung lalaki.

346 Noong, puntahan namin para tuntunin ’yung lalaki. Yung lalaki nga’y, di kailanman naging isang Cristiano, kita n’yo, siya’y—siya’y. . . Humalakhak lang. May mga nagyaya na noon sa kanya, na dumalo ng simbahan, minsan. Sabi lang ng lalaki, “Buweno, habang nangangaral ang mangangaral, maghahanap lang ako n’yan ng magagandang olandes.” Kaya, nakita n’yo, hindi kayo makakasumpong sa kanya ng. . . Ganoon nga. Ang—ang—ang diyablo, ’yun, kita n’yo. Kaya hindi Siya mahawakan ng Salita.

347 Pero anong ginawa nung Salita? Binantayan Nito ’yung lalaki. Kita n’yo? Basta huwag kayong. . . Si Kapatid na Welch nga’y buong-buo pa rin ang loob na nanghahawakan, sabi, “Maaayos din ang lahat. Maaayos din ang lahat.” Lumukob sa kanya ang Salita. Kita n’yo? “Kung kayo’y magsipanatili sa Akin, at ang mga Salita Ko’y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anumang inyong ibigin.” Kita n’yo? Lumukob sa kanya ang Salita.

348 Sa di inaasahang pagkakaton, nagmamaneho ’yung isa sa mga trabahador niyang lalaki, dito sa kalsada, at ’yun na nga ang nangyari. Nakita niya ’yung naturang lalaki sakay ng isang kotse, nakuhanan niya ng plaka, binigay, ibinigay, kay Kapatid na Wood. Itinawag nila ’yun, tapos natunton nila kung saan naroon ’yung lalaki. Nasa Bowling Green pala.

349 Batid ng Diyos sa Langit, hindi ako nakapamalita ng kahit ano dun, wala akong nalalaman na anuman tungkol dun.

³⁵⁰ Nung nakaraang Linggo, nangyari nga ito nung nakaraang linggo, hapon 'yun, katatapos lang ng pangangaral, naghanda na ako't nagpalit ng damit, at dahil papunta nga kami noon ng Florida, para sa . . . o pupuntahan kasi . . . si Kapatid na Welch, may pagtitipon kasi nung kinabukasan ng gabi. Pagsakay ko sa kotse, nakita ko 'yung lalaki. Sabi ko, "Kapatid na Welch . . ." Hindi ko mabanggit 'yun sa kanya, agad. Kailangan kasing siya ang kumilos, mismo, kita n'yo, parang noong si Meda nung siya mismo ang nagpasya. Kita n'yo? Sabi ko, "Dadaan tayo sa Bowling Green."

Sabi niya, "Mapapalayo tayo nang tatlumpung milya kasi di naman dun ang daan."

³⁵¹ Bumiyahe na kami. Sa isip ko, "Oh, kanya—kanya, kanyang—kanyang matutunugan din ito. Kita mo? Matutunugan niya rin ito. Kita n'yo? Dapat ngang makatunog siya."

³⁵² Bumiyahe na kami. Si Kapatid na babaing Evans at ako . . . At bigla na lang, sabi niya, "Alam mo, Kapatid na Branham," sabi niya, "parang nawala yata ako sa isip ko?" Sabi, "Sinabi mo Bowling Green, kani-kanina lang."

"Oo."

³⁵³ Sabi niya, "Naaalala mo pa ba 'yung lalaking kumuha ng pera ko, at itinakbo 'yun?"

"Oo."

³⁵⁴ Sabi, "Nasa Bowling Green kasi 'yung lalaking 'yun. Kanina ko pa kasi ito iniisip-isip. Ito pala . . . May kailangan lang akong gawin dito. Magbubuwelta lang ako rito, hahanapin ko lang kung nasaan siya. Bubuwelta lang ako . . ." Sabi ko . . .

³⁵⁵ Sabi, "Anong gagawin mo? Pupunta ka ba roon, kukunin mo ang pera mo?"

³⁵⁶ Ngayon, kita n'yo, kung sasabihin ko kasi 'yun sa kanya, aba'y . . . Kita n'yo, may bagay kasi siyang kailangang gawin, na siya mismo ang gagawa. Kita n'yo? May kailangan siyang gawin. Hindi ko puwedeng sabihin sa kanya. Kung sasabihin ko, hindi matutupad nang eksakto ang pangitain. Kita n'yo? Kaya hinayaan ko siya . . . Kita n'yo? Tulad na lang nung . . .

³⁵⁷ Bakit tumayo noon si Jesus, sinabi kay Maria at Marta, "Alisin ninyo ang bato"? Bakit pa, Siya naman ang Diyos. Maaari naman Niyang sabihin, "Bato, maglaho ka," at kusa 'yung mawawala. Subalit may bagay ngang dapat gawin 'yung babae dun.

³⁵⁸ Bakit tumayo lang Siya dun, nakatingin lang sa aanihin? Sumasampalataya ba kayong Siya ang Panginoon ng aanihin? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sinabi Niya sa Kanyang mga alagad, "Idalangin ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala Siya ng mga manggagawa sa Kanyang aanihin."

Sa madaling sabi, “Hilingin ninyo sa Akin na gawin kung anong gagawin Ko.” Kita n’yo?

³⁵⁹ Magkakapatid tayo. Tayo’y—tayo’y. . . Isa nga itong Iglesya. May kailangan tayong gawin, tayo mismo. May bagay kayong dapat gawin. Narito ang Ebanghelyo, alam ko Ito, ngunit kung uupo lang kayo riyon at hindi Ito ipangangaral, anong mabuti ang maidudulot Nito? Kita n’yo? May nga bagay kayong dapat gawin. Kailangan n’yong magpakita ng pagsisikap. Kailangan n’yong. . . Sasabihin n’yo, “Buweno, sumasampalataya naman akong may kakayahan ang Diyos na magpagaling, pero di ko lang talaga alam kung paano.” Tumayo ka at itulot ang Salita na maging salita mo. Sampalatayanan mo Ito. Huwag mong pangatwiranan Ito; sampalatayanan mo lamang Ito.

³⁶⁰ Sabi ko, “Buweno. . .” Alam kong, kung di siya pupunta dun, mawawala ’yun talaga sa kanya. Sabi ko, “Kung ako ’yun, kung ako ’yun, pupunta ako’t kukunin ko ang pera ko ngayon.” At pumunta nga siya. Nung mapabangon na niya ’yung lalaki sa highaan nun, may pera nga noon ’yung lalaki. Tumawag lang siya sa isang kapitbahay, para mabuo ’yung pera, binayaran na ’yun pagkatapos.

³⁶¹ Ano iyon? Iyon ang Salita. Kita n’yo, kung makasumpong lang Ito ng dakong malulukuban, gagawin Nito kahit gaano pang kaimposible. Ngayon, ganoon din ito sa Makalangit na kagalingan.

³⁶² Ngayon, paano kung ang sinabi noon ni Kapatid na Welch, “Buweno, sa palagay ko hindi ko na pupuntahan; sa palagay ko may iba pa namang pagkakataon.” Paano kung ang sinabi niya, “Buweno, hindi ko na lang bababain kasi wala naman dun ’yung kotse”? Kita n’yo? Wala talagang mangyayari.

³⁶³ Subalit kailangan n’yo ngang manampalataya. Kailangan n’yong sampalatayanan ito. At pagkatapos. . . Pagkatapos nga’y mahuhulog ’yun sa isang kapaligiran ng pananampalataya, at tiyak na ibubunga nito ’yun. Ganoong katiyak. Oh, ganoon. . .

³⁶⁴ Napaisip na ba kayo tungkol sa, kapag may isang binuhay mula sa mga patay, kung anong nangyayari? Napaisip na ba kayo, ’yung nangyari dun sa Finland, nung sandaling binuhay ang maliit na batang ’yun mula sa mga patay? Lumisan na ang espiritu niya sa kanya. Ngayon, kinailangan ngang pumaroon ang Salita, doon sa walang katapusang kalawakan sa ibayong ’yun, at kunin ang maliit na kaluluwang ’yun at dalhin ’yun mismo pabalik dun. Papaano Nito nagawa ’yun? Aba’y Ito ang Salita, “Nagpapagaling ng maysakit. Nagbabangon ng patay.” Kita n’yo? Papaano nga Niya magagawa ’yun? Kinakailangan Nitong dumating sa pamamagitan ng isang tinubigang Salita. Ipinakita Niya ang pangitain, at kinakailangang mangyari ito. Nakahimlay dun ’yung bata. Nakalatag dun ang lahat ng bagay nang eksakto sa paraang sinabi Niya ’yun, dalawang taon bago

mangyari 'yun. Hayan ngang nakalatag dun. Iyan ang dahilan kung bakit binanggit ko 'yung tungkol sa osong bumababa sa burol, kahit ano pa 'yun: tiyak na mangyayari 'yun, tiyak na magkakaroon ng katuparan. Kita n'yo? Anong nagpangyari nun? Salita!

³⁶⁵ Sabi ko, “Makalangit na Ama, sa bayan kong pinagmulan, sinabi Mo sa akin, mga dalawang taon na ang nakalilipas, na mabubuhay ang munting batang ito mula sa mga patay. Kaya naman, bumabatay ako sa Iyong Salita, Iyong pangako. Unang-una sa lahat, sinabi ng Salita, ‘Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya.’ Pinahayo Mo ang Iyong mga alagad, Iyong, sinabi nga sa kanilang ‘magpagaling ng mga maysakit, bumuhay ng mga patay, magpalayag ng mga demonyo.’ Tapos naman, sa pamamagitan ng isang pangitain, ipinakita Mo sa akin sa bayan kong pinagmulan na itong munting bata... ay mabubuhay na muli.”

³⁶⁶ “Kung kaya, kamatayan, hindi mo na siya mahahawakan. Nasa akin ang Salita ng Panginoon.”

³⁶⁷ Hindi ako; hindi ako ang Salita. Siya ang Salita. Kita n'yo? Hindi naman maaaring ako ang Salita... Isang Tao lamang ang maaaring maging Salita, iyon si Jesus. Siya ang binigkas na Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng birheng pagkasilang. Ako'y nasa kalagayang baluktot, kita n'yo, ako'y—ako'y bunga ng pagsasama ng aking tatay at nanay. Kinakailangang *nitong* mamatay; *itong* ako nga, kita n'yo, itong katawang kailangang mamatay.

³⁶⁸ Hindi ganoon, si Jesus. Siya ang Salita. Isinilang siya, ng isang birhen. Kapatid, walang babae, lalaki, o sinumang iba, ang dumaan sa katulad nung sa Kanya. Oo nga't may babaing naging taga-dala, siyanga, sumuso rin Siya sa kanyang suso, at kagaya nun. Oo nga't totoong nangyari 'yang lahat. Subalit, sinasabi ko nga sa inyo, Siya ang Diyos. Iyon Siya. Walang anumang pagniniig sa pagitan ng lalaki at babae ang naganap, wala nga. Kinailangan kasing walang maganap na pagniniig, upang dumaloy ang Buhay sa pamamagitan ng Dugong 'yun; na tatalakayin pa natin, sa ilang mga minuto. At pagkatapos, tingnan n'yo, Siya talaga ang Salita.

³⁶⁹ “Subalit ang Salita ng Panginoon...” Ang mga propeta ay hindi ang Salita. “Subalit ang Salita ng Panginoon ay dumating sa mga propeta.” Hindi... Hindi sila ang Salita. Dumating ang Salita sa kanila.

³⁷⁰ Hanggang ngayon ay patuloy na ginagawa Nito ang ganoon sa atin. Noong dumating ang Salita para sa munting batang lalaking 'yun, ano 'yun? Isang pangitain. Ano naman 'yung dun sa oso? Ano naman 'yung para dun sa iba pang bagay? Ang lahat ng 'yun, pangitain. Ang Salita ng Panginoon 'yun, na dumating dun. Pagkatapos anong gagawin nito? Kakapit ito roon.

371 Ngayon, kailangan nga itong bigkasin, muna. “Kamatayan, ibalik mo siya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, isinusugo ko ang Salitang 'yun.” Tutunton, kagaya nang pagtunton Nito dun sa kabataang lalaking 'yun sa may Bowling Green, nung tangay-tangay nito 'yung nakaw na kotse. Heto nga Ito sa dako *rito* at tumutunton muli. Anong gagawin Nito? Kukunin Nito yaong—yaong munting espiritu, dadalhin 'yun pabalik rito mismo, at ibabalik ito sa katawan, na gaya lamang ng sinabi ng Salita na gagawin Nito. Yun na nga ang nangyari. Anong gumagawa nun? Pananampalataya, hindi kaalaman.

372 Sasabihin n'yo, “Ngayon tingnan natin. Ang hangin ay binubuo ng *ganito-at-ganoon*. May ganitong karaming asido. May ganitong karaming gas. May ganitong karaming cosmic light. Kaya kong kalkulahan 'yun. At marahil kung may ano lang ako. . .” Oh, kayo'y—kayo'y. . .Kayo'y nag-aaksaya lang ng oras.

373 Hindi karunungan; pananampalataya! Hindi karunungan; sinasabi ko nga sa inyo na hindi nun kaya. Pananampalataya ang nagpatunay na kaya nitong gawin 'yun, kita n'yo, tama 'yun, ipinapakita ngang Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Buweno.

Bilisan na natin ngayon. Kailangan na nating bilisan.

374 “Namumunga ayon sa Kanyang pagkabunga.” Sinasabi ng Juan 14, sabi dun, “Ang sa Akin ay gumagawa. . . Ang sa Akin ay sumasampalataya, ang mga gawa, ang mga tandang Aking ginagawa. . .”

Ngayon, sasabihin n'yo, “Iyan na ba 'yung mga tandang Kanyang ginagawa?”

375 Tumuloy Siya noon sa isang bahay kung saan may munting dalagita, na kaisa-isang anak na babae ng isang ministro, ang nakaratay; patay na, malamig na, maputla, nakahimlay dun. Marahil mga dalawang oras nang patay 'yung dalagita bago Siya nakarating dun. Inihimlay na nila siya sa isang higaan, inihahanda na siya para dalhin, para embalsamuhin. Pumasok si Jesus sa mismong silid na kinaroroonan nung dalagita, hayan nga. Nagsisipanaghoy ang mga tao at todo ang pag-iyak. Pinalabas Niya muna silang lahat, sabi, “Lumabas muna kayo. Lumabas kayo.” Sabi, “Halikayo rito, Pedro, Santiago, at Juan. Alam Kong sumasampalataya kayo.” Kinausap 'yung tatay, “Sumasampalataya ka rin, kasi kung hindi'y hindi ka susunod sa Akin.”

At sinabi nung nanay, “Panginoon, sumasampalataya ako.” Kita n'yo?

Sabi, “Tumayo kayo rito.”

376 Tumingin Siya. Pinabangon nun din ang munting—munting dalagita. Sabi, “Tabita,” ibig sabihin, “dalaga.” Hallelujah!

Hindi na Niya kinailangang manalangin pa. Siya ang Salita. Uh-huh.

³⁷⁷ Hindi ko na kailangang manalangin pa, kung nariyan nang nakita ko na ang pangitain, 'pagkat naihanda na ang Salita. Kailangan kong manalangin, para makuha ang Salita, makuha ang sasabihin ng Diyos. Pagkatapos nun ay maaari ko nang salitain Ito, matapos ko ngang makuha kung ano ang Kanyang sinabi.

³⁷⁸ Subalit Siya ang Salita. Amen. "Dalaga, sinasabi Ko sa iyo, magbangon ka." Inalalayan 'yung dalagita, sa kamay. Yun na 'yun. Kita n'yo? Oh, grabe!

³⁷⁹ Iyon ang patunay. "Namumunga ayon sa pagkabunga." Sinabi ni Jesus, "Ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa."

³⁸⁰ Kaya naman, hayan nga, kita n'yo, ang lahat ng mga bagay na gaya nitong sa mga denominasyon at kung anu-ano, naipon sa kanila itong mga pinaghalo-halong karumihan at kasalanan, gaya ng ginawa nitong sinapupunan ng lupa sa sangnilikha. Siyanga. Oh, naku! Papaano mangyayari? Papaano tutubo ang tunay na Salita ng Diyos sa mga taong ito na putol-ang-buhok, mahilig-sa-shorts, panay-ang-sigarilyo, tambay-sa-bowlingan, na nakikianib-sa-iglesya? Papaano nga mangyayari, samantalang sila'y maibigin-sa-kalayawan, mapaghanap-ng-kalayawan, pala-tambay at gustong-gusto ang ganoong mga bagay, at iniibig ang sanlibutan? Papaano makakapasok ang pag-ibig ng Diyos? Papaano makatutubo ang Binhi ng Diyos sa ganoong uri ng lupa? Hindi man lang ito tutubuan ng ugat. Hindi kailanman magbibigay ang ganoong lupa ng anumang Buhay dito. Hihimlay lang ito roon sa maalikabok na batuhang denominasyonal at mabubulok dun, subalit di kailanman ito magbibigay ng Buhay. Siyanga, po. Siyanga, po.

³⁸¹ Maibigin-sa-kalayawan, "Mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos." Terible! Subalit, matatalino sila. Dobleng mas matalino kaysa-kaysa dun sa isa pang klase. Siyanga. Matatalino, edukado, mapaghanap-ng-karunungan, gaya ni Eba, at ganon din ang napala nila sa napala nung babae, eksaktong ganon. Iyan ang Katotohanan.

³⁸² Papaano mabubuhay ang isang liryo, ang isang Binhi ng liryo'y mabubuhay at lalago, gayong sa katubigan ito lumalago, tapos patutubuin dun sa mga maalikabok na denominasyon? Papaano ito lalago, gayong sa Tubig ito nabubuhay. Ang tubig ay ang Espiritu. "May anyo sila ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang kapangyarihan ng Espiritu." Kita n'yo? Bagama't nangahuhulog sa kanila ang Salita, hindi pa rin Ito makatutubo. Hindi nga Ito maaaring tumubo. Katulad na lang nung ang Salita ay nakay Eba naman, subalit di Ito makatubo. Bakit? Tinanggap niya kasi ang karunungan, karunungan ni

Satanas. Dumarating ang Salita sa kanila. Nangahuhulog ang Salita sa kanila. Tunay, nangahuhulog naman Ito. Siyanga, po. Para tumubo sana. . . Ito, Ito'y nangahuhulog naman sa kanila. Nakakapakinig naman sila ng Salitang ipinangangaral.

³⁸³ Nakakita na ba kayo ng mga taong nauupo naman dun sa simbahan, pero di man lang magkusang magbago? Mangaral ka sa kababaihan tungkol sa maiksing gupit ng buhok; taon-taon, pa 'yan, kalauna'y kay iiksi pa rin ng buhok. Mangusap ka sa kalalakihan tungkol sa paninigarilyo, sa kababaihan tungkol sa pag-inom; iinom pa rin sila ng alak, kahit anong gawin. Parang nagbubuhos ka lang ng tubig sa likod ng pato. Wala kasi Itong dako na maaaring pagtubuan. Kita n'yo? Ganyan kapag mapaghanap ng kalayawan, katanyagan, "Buweno, gawin muna 'yun ng ibang kababaihan, tapos saka na ako susunod." Wala akong pakialam kung anong gawin nila. Tungkulin mong sumunod sa Salita ng Diyos. Siyanga. Kita n'yo?

³⁸⁴ Kahit na nangahuhulog na sa kanila 'yung Salita, hindi Ito makatutubo. Karunungan kasi ni Satanas, kita n'yo, kaya nauwi lang tuloy sa denominasyonal na alikabok. Hindi sila makasampalataya sa Mga Hebreo 13:8, dahil sa labis na pagpapalalo dulot ng karunungan, walang kahit anong espasyo para mapagtubuan Nito. Kita n'yo? Papaano nila masasampalatayanang ang Mga Hebreo 13:8, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman"? Hindi nila magagawa. Kita n'yo?

³⁸⁵ Oh, sinasabi nilang sinasampalatayanang daw nila Ito. Oh, sabihin n'yo nga Iyon sa kanila, sasabihin nila, "Tunay, sinasampalatayanang namin Ito." Kung ganoon ipakita n'yo sa akin ang mga bunga nito. Gusto kong makita ito. Ipakita n'yo sa akin na ipinamumuhay n'yo nga. Ipakita n'yo sa akin kung ang simbahan n'yo ba'y nagtuturo, gaya nung itinuro ng unang apostolikong Iglesya, na sumampalataya sa Salita.

³⁸⁶ Pinilipit n'yo ang inyong pagbabautismo. Pinilipit n'yo ang inyong mga katibayan. Ginawa n'yo 'yun para iakma 'yun sa kung anong kredo; sa halip na tanggapin ang Salita, hayaang ipamunga ng Salita ang sarili Nitong bunga. Gumagawa kayo ng bagay na sa tingin n'yo 'yun ang nararapat gawin, para magpalitaw sa sarili n'yo ng katunayan Nito. At si Satanas ang nagbibigay-linaw sa mga katunayang pilit n'yong pinalilitaw. Tunay, kaya niya, kaya niyang gawin 'yun. Subalit hindi niya maipapamunga ang Salita. Iyon ang isang bagay na pumapaso sa kanya. Sadyang hindi niya kayang gawin 'yun. Siyanga, po. Oh, oo.

³⁸⁷ Ngayon tingnan n'yo sina Cain at Abel. Kapwa sila sinsiro. Namana ni Cain, ang kanyang karunungan, sa kanyang inang iglesya, si Eba. Kanya ngang nanay. Ilan ang nakakaalam na si Eba ang nanay ni Cain? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ganoon nga. Buweno. Gaya ng kanyang nanay,

gumamit siya ng pangangatwiran, kita n'yo, karunungan, sarili niyang karunungan. Naghanda siya ng magandang hain; nilagyan niya 'yun ng mga bulaklak. Nilagyan niya 'yun ng bunga ng lupain. Sabi, "Buweno, ngayon, tunay, kita mo," sabi niya, "ang Diyos. . ." Tulad nga nung sinabi ni Satanas kay—kay Eba, "Tunay, tunay. . ." "Tunay na tatanggapin ng Diyos ang aking hain. Nagtayo ako ng magandang dambana. Ginawa ko itong kabigha-bighani. Napapalamutian ito nang husto."

³⁸⁸ Katulad na lang nitong darating na Pasko ng Pagkabuhay, gagastos ang mga tao ng milyun-milyong dolyar, sa buong bansa, para makapaglagay ng mga bulaklak ng Pasko ng Pagkabuhay sa ilang mga altar. Hindi ginawa ang altar para sa mga bulaklak; para ito sa hain. Kita n'yo? Ipinapakita lamang n'yan ang dating espiritu ni Cain, kita n'yo, siya ring dating—dating diyablo dun sa Eden. Kita n'yo?

³⁸⁹ Ano—ano bang nangyari dun? Inisip ni Cain, "Tunay. . ." Alam n'yo sinsiro nga 'yung tao, 'pagkat Buhay at kamatayan ang nakataya roon, para sa kanya.

³⁹⁰ At, 'yung mga tao, huwag n'yong isiping kunwa-kunwarian lang 'yun sa kanila. Sinsiro sila. Sasabihin n'yo, "Kung ganoon pala, puwede silang maging sinsiro pero mali naman?" Ganoon nga. Puwedeng makainom ang isang tao ng lasong arsenic, samantalang totoong-totoo sa kanya na castor oil ang iniinom niya o kung anumang gamot. Kita n'yo? Ang pagiging sinsiro; hindi 'yun. Katotohanan, hindi ang pagiging sinsiro. Katotohanan!

³⁹¹ Ang mga kababaihan doon sa Aprika, inihahain nila ang maliliit nilang sanggol sa mga diyus-diyosan, na mga buwaya. Naging ganun na ba kayong kasinsiro? Hindi. Marami sa kanila ang nagsisitayo roon, mga Intsik, binabali ang sariling buto, para sa mga diyus-diyosan ng kusina! At ano ngang masasabi n'yo dun sa mga Mohammedan at magsisipunta dun, at 'yung mga nagsisilakad sa apoy? At nagagawa nga nilang, oh, butasin ng kalawit ang laman nila, sa kanilang bibig, at tatahiin ang kanilang bibig.

³⁹² At 'yung iba pa nga sa kanila maglalagay ng patpat. . . May estatwa nga ako roon, isang maliit na pigurin, pinakikita nun kung paano siya naghahain sa kanyang diyus-diyosan, iniisip na mapupunta siya sa Langit kapag ginawa 'yun. Inilalagay nung pari nila 'yung patpat sa kanyang bibig, paiikutin 'yun sa palibot ng kanyang ulo, habang nakakabit sa kadena; tapos sa ibaba rin, gagapusin niya 'yung mga kamay niya sa likod niya, kakadenahan pati paa. Hindi siya makakainom, makakasalita, makakakain, ni kahit ano, hanggang sa mamatay siya.

³⁹³ Nakakita na ba kayo ng kahit sinong Cristiano na ganoong katindi ang sakripisyo? Ni hindi nga n'yo masampalatayanan ang Katotohanan, ang Salita. Kita n'yo?

³⁹⁴ Ngayon, “Bighani,” sabi niya, “tunay na tatanggapin talaga ng Diyos. Pagmasdan n’yo na lang kung gaanong kaganda ng aking altar.”

³⁹⁵ Nakikita n’yo ba ang siya ring espiritung ’yun ngayon, ng karunungan? “Buweno, kung magtatatag tayo ng malaking denominasyon, tunay na tatanggapin nga tayo ng Diyos.” Hindi Niya tatanggapin ang kahit ano maliban sa Kanyang Salita. Hindi. Kita n’yo?

³⁹⁶ “Buweno,” sasabihin nila, “ngayon, tingnan mo, Kapatid na Branham, kung kami’y—kami’y makapagpapadala lang sana ng *mas* maraming ministro bawat taon. Ang programa namin sa pagmimisyon, noong nakaraang taon, ay umabot ng higit sa sangdaang libong dolyar.” Oo nga’t napakainan nga n’yan, kapatid, subalit kayo’y patay hanggang sa kilalanin n’yo ang Salitang ’yun at lumapit Dito. Ganoon nga mismo.

³⁹⁷ “Aba, Kapatid na Branham, malaki ang iglesya namin! Ano bang tingin mo sa sarili mo, isa ka lang namang mangangaral na singliit ng mani ang utak?”

³⁹⁸ Totoo naman ’yan. Ngayon, totoo namang talaga ’yan. Totoo namang talaga. Ngunit, anuman ako, mananatili talaga ako sa Salita. Tutubo rin Ito, balang araw. Kita n’yo? Basta manatili lamang sa Salita, kahit ano pang mangyari. Wala man tayong pagmamay-ari kundi ang munting tabernakulong ito lang dito. Pero ito lang naman ang kailangan natin, dito mismo sa kasalukuyang panahon, isang dako para manatili, ’pagkat hinihintay nating dumating na si Jesus.

³⁹⁹ Hindi natin hangad ang naglalakihang mga denominasyon na gumagastos ng milyun-milyon kada taon, sa pagpapagawa ng mga gusali at ganoong mga bagay; samantalang ang mga nagsusumikap na mangaral ng Salita, ay naghihirap sa isang dako, wala man lang makain, at kung anu-anong paghihirap. Ano nga bang nangyayari ngayon sa mga tao? Hindi ba’t. . . Oh, tila ba kailangang magising na ng mga tao.

⁴⁰⁰ Subalit, ang mga taong kayang tanggapin ang Katolisismo, sila’y bulag na bulag kaya’t tatanggapin na lang ang kahit ano. Sinasabi ko nga sa inyo ang Katotohanan. Sino pa man ’yan na naaatim niyang lunukin ang bagay na ’yan, kayang—kayang. . . “Mga pantas,” hayan nga’t, sinabi ng Biblia, “maging ang mga hari sa lupa ay nangakiapid sa kanya.” At ang mga pantas, kaalaman nga, kita n’yo, at ginamit nila ’yun, sila na mga pari, matatalinong tao. Oh, naku, nabanggit na bang edukado rin? Naku, nagsisipag-aral nang maraming taon, at maraming taon, at maraming taon, at maraming taon.

⁴⁰¹ Sinasabi nilang hindi nila kinakasama ’yung mga madreng naroon. Kung ganoon nais ko kayong tanungin ng isang bagay. Bakit hindi na lang sila magpakabaog kung ganoon? Uh-huh. Uh-huh. Uh-huh. “Sila ang Nobya, ganoon daw. Ang mga madre

nga raw ang Nobya. At sila ang Nobyo, siyempre, nakita n'yo na." Siyanga. Yung mga Madre Superyora dun kanilang sasakalin 'yung mga sanggol at itatapon sila sa hukay na tatabunan ng apog. Hindi kayo naniniwala rito? Pakinggan n'yo mismo dun sa nakasaksi talaga dun, nagmula roon, na nagpatotoo tungkol dito. Sabi pa nga, "Ngayon sige, ipadakip n'yo ako sa batas."

⁴⁰² At sabi, "Gagawin namin ang siya ring bagay na 'yun na ginawa nila sa Rusya, gagawin sa Mexico. Ibubulgar namin ang bagay na 'yan, ipararating sa pamahalaan."

⁴⁰³ Pero papaano n'yo magagawa 'yun ngayon gayong naroon mismo sa pamahalaan ang pinuno nila? Kita n'yo? Kita n'yo? Nararapat ngang matupad ang Salita, "Nag-organisa sila ng isang larawan sa dako rito, larawan ng hayop na nakaupo roon. At silang dalawa'y nagsanib at ibinigay ang kapangyarihan sa hayop na ito, para makapangusap." Oh, kapatid, ang Salita ngang ito'y di matitinag. Hindi komunismo ang sasakop, kundi Romanismo. Uh-huh.

⁴⁰⁴ Ngayon tingnan n'yo nga rito. Sinabi ni Cain, "Tunay na tatanggapin Niya ang hain ko." Subalit anong klaseng hain? Sabi niya, "Isa ngang hain." Subalit anong klaseng hain 'yun? Buhay botanika: halaman, bulaklak, gulay. Buhay botanika, (ano?) wala namang pagdurusa roon, walang pagbabayad.

⁴⁰⁵ Ayaw magdusa ng mga tao. Iyan ang problema sa panahon ngayon. Magsisilapit lang daw sila, magsisilapit lang daw at sasampalataya sa Salitang ito, kung di nila kailangang umalis sa kanilang iglesya, kung hindi sila lilibakin, kukutyain. Ayaw nila 'yun. Ang gusto nila'y buhay botanika, isang klase ng kung anong karunungan. "Buweno, ang buhay na *ito* nama'y kasing epektibo rin naman Nun." Aba'y hindi. Ipapakita ko sa inyo kung saan ito nanggagaling, sa ilang sandali, kung loobin ng Panginoon.

Ngunit, "Si Abel, sa pananampalataya." Maluwalhati!

⁴⁰⁶ Si Cain, sa pamamagitan ng karunungan, sabi, "Tunay na tatanggapin ito ng Diyos. Naritong may inihanda akong isang altar. May iglesya nga ako." Yun din kasi ang iglesya, isang altar, dakong sambahan. Buweno. "May altar na ako. Sasamba ako nang kasing sinsiro gaya ng kapatid ko. Hayan nga't may naihanda akong kabigha-bighaning mga bagay na mailalatag ko rito. Tunay na tatanggapin ito ng Diyos." Ganoon din ang sinabi ng diyablo sa kanyang nanay; siya ring kasinungalingan, karunungan.

⁴⁰⁷ Ngayon, si Abel. Mga Hebreo 11 sabi dun:

Sa pananampalataya si Abel ay naghandog sa Dios ng lalong mabuting hain kay sa kay Cain, . . . patay na siya gayunman, gayunman ay nagsasalita pa.

408 Kita n'yo? “Si Abel...” Sa pamamagitan ng ano? Karunungan ba? Sa pamamagitan ng teolohiya ba? “Sa pananampalataya ay naghandog sa Diyos ng lalong mabuting hain.” Sa pananampalataya sa ano? Sa pamananampalataya sa ano? Sa . . . Saan nakasandig ang pananampalataya niya?

409 Hayan nga't, tatay at nanay lang naman niya ang naroon, siya at ang kapatid niya sa ina, papaano 'yun mangyayari? Saan naman—saan naman kaya niya makukuha 'yun? Sa ano nga siya nagkaroon ng pananampalataya? Pananampalataya ba sa botanika, pananampalataya sa *ganito*? Hindi, po. Sa Salita siya nagkaroon ng pananampalataya. Sapagkat, ibig niyang malaman kung bakit nasa labas siya ng halamanan. “Bakit tayo pinalabas?”

410 Sasabihin ng nanay, “Nakinig kasi ako sa kasinungalingan ng diyablo. Tapos ang batang lalaking *ito* rito ay naipanganak sa *ganito-at-ganoong* paraan, kaya tayo pinalabas ng Diyos.”

411 “Buweno,” sabi niya, “ni di man lang ako makapuslit dun sa bukana nun. May Querubin kasi dun, na may tabak, na nagbabantay sa Punongkahoy ng Buhay.” Kaya naman, sa pamamagitan ng pananampalataya!

412 Kita n'yo na, sa pamamagitan ng karunungan, si Cain ay naghandog, alam n'yo, nang di nalalaman ang Salita, kundi sa kaisipan lang niya, sa pamamagitan ng karunungan. Gumawa siya ng isang magandang dako, at ginawa 'yung kaakit-akit at kabigha-bighani.

413 Subalit, “Si Abel,” wala namang nagsabi sa kanya, hayan nga't, bata lang siya, “sa pananampalataya nga'y nakita niyang di buhay botanika; kundi seksuwal na pagniniig, dun sa dugo pala.” Hayan nga, kapatid. Subukan n'yong lumusong Diyan, kahit minsan.

414 Sa pamamagitan ng pananampalataya'y nakikita pa rin ito ng Kanyang mga anak. Hindi Niya ito itinuro kailanman sa pamamagitan ng kung anu-ano riyang karunungan. Hindi ito dumarating sa pamamagitan ng karunungan. Dumarating ito sa pamamagitan ng pananampalataya. Sinabi ng Biblia, “Si, Abel, sa pananampalataya.”

Anong inihandog niya? Dugo, mula sa nabubuhay na buhay, buhay ng hayop.

415 Mga hayop tayo, mismo. Tayo'y hayop na mainit ang dugo. Ganoon nga 'yun mismo. Mas mataas na uri, pinakamataas na hayop, pero may kaluluwa na naroroon sa loob. Iyon nga roon ang buhay.

416 Ngayon pansinin. Sa pamamagitan ng pananampalataya nakita ni Abel ang kapahayagan, ang pangitain, at nagdala ng isang nabubuhay, dumadaloy na dugo, sapagkat ang buhay ay nasa dugo.

417 May buhay nga na nasa tangkay ng—ng bulaklak. At buhay botanika ito, na walang pakiramdam. Nawa’y maitimo ko ito sa inyo. [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

418 “Si Abel, sa pananampalataya,” nanatili siya sa Salita. Sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi ng karunungan. “Sa pamamagitan ng pananampalataya nakita niyang sa pagniniig pala, sa dugo.” Nagmumula ang selulang dugo sa lalaki. Ang lalaki ang may selulang dugo sa semilya. Yung hemoglobin ay ’yung dugo, na nagmumula dun sa lalaki. At alam ni Adan na hindi mansanas, hindi seruwela, hindi patatas, o kung anumang, ang naging sanhi ng pagpapalabas sa kanila sa halamanan ng Eden, na nagdulot ng kasalanan. Ang pakikipagngiig nga, dugo, at dugo ang inalay niya bilang hain. Ginawa niya ’yun sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi ng karunungan.

419 Papaano ngang ang isang tao, kung gagamitin niya ang kanyang karunungan, ay makakaunawa rito, samantalang ang buong Biblia at ang buong Iglesya ng Diyos ay naitayo sa Makalangit na kapahayagan, sa pananampalataya? “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya.” Kita n’yo?

420 Huh! “Oh,” sasabihin nila, “tunay, sumasampalataya kami Riyan.” Kung ganoon nasaan ang Buhay ni Cristo sa ganyang mga anyo? Nasaan diyan ang Buhay ni Cristo? Pangalawa. . . Siguro’y ilista n’yo ang ilan sa mga Kasulatang ito rito. Kita n’yo? Saan nga naroon ang Buhay? Kung. . . Sasabihin nila, “Buweno, nananampalataya kami. Nananampalataya kami. Nananampalataya kami.” Kung nananampalataya talaga kayo, kung gayon. . .

421 Sinabi ni Jesus, “Ang mga tandang ito ay lalakip,” hindi sinabing baka lalakip, “lalakip sa mga magsisisampalataya.” Sinabi ni Jesus, “Kung sa Akin ay sasampalataya ang isang tao, ang mga gawang Aking ginagawa, ay gagawin din naman niya. Ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa.”

422 Hindi siya basta magbibiro lang. Gagawin niya talaga ito. Papaano ’yun mangyayari? Hayan nga’t nariyan na kasi ang siyang Buhay na nakay Cristo, sa inyo. Hindi ito magbubunga ng anumang karunungan; hindi nga ito makatutubo roon. Tatanggihan ngang talaga nito ang karunungan, upang kunin ang—ang pananampalataya. Pananampalataya sa Salita, hindi karunungan sa Salita. Pananampalataya sa Salita!

423 Si Satanas nga’y may mas higit pang karunungan sa Salita kaysa kaninumang mangangaral, pagsama-samahin man silang lahat, mga pari at lahat na.

424 Higit ang karunungan niya, subalit hindi siya maaaring magkaroon ng pananampalataya. Pananampalataya sana ang makabubuhay Nito. Pananampalataya sana ang magbubunsod sa kanya para magsisi, magbubunsod sa kanya para lumayo sa

organisasyon niya. Hum! Pero taglay niya ang karunungan, kaya nanatili lang tuloy siya roon. Buweno.

425 “Ngunit si Abel sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakita niyang dahil ’yun sa seksuwal na paginiig, kaya dugo ang inihandog niya, ang buhay na nasa dugo, at tinanggap ’yun ng Diyos.”

426 Ngayon, sa Ikalawang Timoteo 2, 3, sinabi dun na . . . Hayan nga’t dumarating na ngayon ang Salita sa kanila. Yun nga lang nangahuhulog sa masamang lupa. Nakita n’yo na? “May anyo sila ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito,” kapangyarihan ng Espiritu. Ikalawang Timoteo 3, kung inililista n’yo. Buweno. “May anyo ng kabanalan.”

427 Ang mga tanda ng Buhay na Walang Hanggan ng Espiritu Santo, kanilang tinanggihan Yun. “Hindi dapat magsalita ng iba’t ibang wika ang mga tao. Hindi. Wala naman na talagang Makalangit na kagalingan, bautismo ng Espiritu Santo kung tutuosin. Ang bagay na ’yan ay para dun sa mga apostol.” May anyo lang!

428 Sabi ni Pablo, sa isang propesiya. “Sa huling mga araw, sa huling mga panahon, ang mga bagay na ito ay magaganap.” Hindi sa panahon nila noon. “At hayag na sinasabi ng Espiritu: na sa mga huling araw, sa huling mga panahon, ang iba’y magsisitalikod sa Pananampalataya,” at mangyayari nga ’yang mga ’yan. Kita n’yo? Hayan nga, “May anyo ng kabanalan.”

429 Ngayon, papaano makatutubo ang mga tanda ng Buhay na Walang Hanggan ng Espiritu Santo diyan sa eklesyastikal na alikabok na ’yan, na wala man lang Espiritu ng tubig dun, saan man tingnan? Kita n’yo? Hindi talaga maaaring tumubo sa mga lupa ng maka-denominasyong pagsasaya, at karunungan, at pagpapakasarap. Papaano nga makauusbong ang mga tanda at kababalaghan ng buhay na Diyos sa isang—isang babaing wala sa kanya ang angkop na pag-uugali para kumilos na gaya ng isang binibini? Gusto ko ngang itanong ’yan sa inyo. Papaano Ito makatutubo sa isang lalaking tatayo sa isang pulpito at, para lang sa libreng pakain o para pagbigyan lang ang hiling ng kung anong denominasyon, ay lilihis sa Katotohanan ng Diyos? Papaano lalaking ang mga espirituwal na tanda roon? Hindi nga maaari.

430 Papaano—papaano Ito makatutubo kung ang mangangaral mismo ang pasimuno sa pagdala nung denominasyon niya, sa hayag na kahihyan, doon sa pampang? At dito nga nung isang gabi, sa isang lugar na nadaanan ko kagabi, sa isang kapilya, hayan nga’t may mala-piyestang sayawan sila dun, sayawan nang sayawan, papaano nga makauusbong ang mga bunga ng Espiritu sa ganoong lugar? Nasa ibabaw ’yun ng eklesyastikal na bato, siyanga, at hindi roon sa mga libis ng pag-uusig, na dapat sana’y nililibak at kinukutya.

431 Napapagal nang husto ang liryo. Naalala n'yo ang sermon ko di pa katagalan, ilang taon na ang nakalipas, tungkol kay G. Liryo. Napapagal siya. Hayan nga't, sinabi ni Jesus, "Kung paano siyang. . . nangagpapagal, o nangagsusulid man, gayon ma'y sinasabi ko sa inyo: Kahit si Solomon man, sa buong kaluwalhatian niya, ay hindi nakapaggayak na gaya nito." Hayan nga't puspusan talaga ang liryo, upang gayakan nito ang kanyang sarili, (para saan?) para maibigay ang sarili. Yung samyo niya'y lalanghapin nung mga napapadaan. [Lumanghap si Kapatid na Branham sa kanyang ilong—Pat.] Dadapo 'yung bubuyog sa pinaka puso niya't sisipsipin 'yung pulot sa kanya. Walang bayad niyang ibinibigay ang sarili. Siya'y napapagal, habang ginagawa 'yun.

432 Hallelujah! Ganyan nga ang tunay na tao ng Diyos, Pastor Liryo, Rev. G. Liryo, siyanga, po, nagpapagal sa Salita, subsob ang mukha at iiyak na tatawag sa Diyos, "Diyos, hindi ko po makita kung *ito* ba'y lalayon *dito*, *dito*. Dapat itong magmula sa Salita." Kapag nakita n'yo na, at ipinagkaloob na ng Diyos sa inyo, kung gayon ay humayo kayo nang walang bayad. Hindi n'yo dapat hintayin pa 'yung naglalakihang gawain sa labas, "Kung maipapangako n'yo sa akin na mabibigyan n'yo ako ng libo-libong dolyar, pupuntahan ko." Dapat ay, walang bayad, "Kung Timbaktu man o saanman, Diyos, kung saan Mo nilayon akong maghasik ng Binhi, ibibigay ko Ito nang walang bayad." Hallelujah!

433 Sinabi ni Jesus, "Si Solomon man, sa buong kaluwalhatian niya, ay hindi nakapaggayak na gaya nito." Sabi, "Wariin ninyo ang liryo."

434 Ang kaawa-awang munting nilalang, siya nga'y dumaan sa maraming pagpapagal, na hayang pinadadanas sa kanya ang kung anu-ano, at lilibakin at tatawanan. At sisipain pa palabas ng lahat ng mga naglalakihang eklesyastikal na samahan, at babansagan siya ng lahat na ng kung anu-anong maruruming pangalan. Subalit nananatili siyang tapat sa Salitang 'yun, nagpapagal, araw at gabi, nakalagi sa libis. Ano? Siya'y—siya'y nasa isang dako kung saan nakakainom siya sa "mga agos ng Tubig." Nagpapagal, (para saan?) para ibigay 'yun. "Tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad." Siyanga, po. Oh, ang ganda!

Papaano 'yun makatutubo sa ibabaw ng maalikabok na lupa sa eklesyastikal na batong 'yun?

435 Ang mga anak ni Cain ay may karunungan, makasiyensiya. Masdan n'yo nga ang mga anak ngayon ni Cain sa kanilang paglitaw. Masdan natin sila saglit. Ang mga anak ni Cain, ano sila? Mga tagapagtayo, mga imbentor, mga kinikilalang tao ng siyensiya. May karunungan sila. Kita n'yo? Nakapagtatayo sila—sila—sila ng mga gusali, at nagagawa nila 'yun sa bakal, at

napapanday nila ang iba't ibang materyales. Mga siyentipiko sila, matatalino, edukado, at relihiyoso.

⁴³⁶ Ngunit anong ibinunga ng karunungan pananim na 'yun? Kamatayan, sa buong lahi, noong bumaba ang hatol ng Diyos. Yun nga ba? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Anong—Anong idinulot ng grupong 'yun? Nagbunga ng kamatayan. Bagama't, sa kabila ng lahat ng karunungan at katalinuhang taglay nila, anong nangyari? Nangamatay sila. Nangamatay ang bawat isa sa kanila nung humatol ang Diyos. Tama ba 'yun? ["Amen."] Sinabi ng Diyos na gayon nga. Matatalino sila, matataas ang pinag-aralan, mahuhusay, relihiyoso, bihasang-bihasa talaga. Matatalino, edukado, nakasandig sa sarili nilang karunungan, at pinatay naman ang buong lahi ng tao.

⁴³⁷ Ganyan na ganyan ang ginagawa nila ngayon, ang kanilang mga bomba atomika at mga kagaya nun, na binuo nitong mga matatalinong siyentipiko hayan nga't—hayan nga't wawasakin ng mga ito ang buong sankatauhan. Kahit ngayon ay may tira-tirang radyasyon diyan sa hangin. Tapos—tapos. . . Masusunog talaga ang mga mata mo hanggang sa lumuwa, magdudulot sa iyo ng kanser, at lahat na. Kanilang—kanilang pasasabugin ang ilan nun, sa karagatan, ni hindi na nila makikita ang bakas nun. "Kapag pinasabog nila 'yun, wawasakin nun ang buong mundo," sabi nga nila. "Masusunog ang mga tao, habang 'yung laman nila'y nakadikit pa."

⁴³⁸ Kaya naman, sabi ng Biblia, "At kakainin ng mga ibon ng himpapawid ang laman ng mga pangulong kapitan," at nung iba pa; maaagnas, dahil dun sa radyasyon sa hangin, at sa kung anu-ano pa.

⁴³⁹ Sila mismo ang may gawa nito, sa sarili nila, gamit ang matalino nilang karunungan. Iyon ang dahilan kung bakit dumating ang kamatayan: matalinong karunungan. Maging simple lang, sampalatayanan ang Salita ng Diyos, at mabuhay. Pero piliin n'yo ang inyong karunungan, at kayo'y mamamatay. Buweno. Sa pag-aani, sa huling panahon, mangamamatay sila.

⁴⁴⁰ Buweno, ang mga anak ni Abel ay mga mapagpakumbaba, mga magsasaka, mga pastol; mga pastor, alam n'yo. Mga pastol, mga magsasaka, mga mapagpakumbaba, hindi nag-aangkin na mga matatalino, kundi nananatili lamang sila sa Salita. Anong ipinamunga nila sa huling panahon? Isang propeta. Hayan nga. Isang propeta, para saan? Para sa mga tanda ng huling panahon.

⁴⁴¹ Noong tumayo si Noe sa pintuang 'yun, nung itinayo niyang daong, sabi niya, "Darating ang, isang ulan." Tinawag siyang panatiko, ngunit isa siyang propeta. Amen. Anong ginawa niya? Naghatid ng kaligtasan sa kanila na nagsisampalataya, at sa kanila na nagnais na makatakas. Iyon ang ibinunga ng mapagpakumbaba't, di edukadong lahi, na nanalig sa pananampalataya. Ang iba'y nagsisampalataya sa kaalaman,

naghatid tuloy sila ng kamatayan, sa sankatauhan. Pero ano ang—ano ang ginawa ng mapagpakumbaba dahil sa pananampalataya? Nagdala ng kaligtasan, isa siyang propeta ng Panginoon, na nagbigay sa kanila ng isang tanda na ang huling panahon ay naroon na nga.

442 Sa tingin n'yo ba paniniwalaan 'yun ng edukado? Sisinghal lang sila sa ilong nila't lalakad palayo, sasabihin, "Saan naman manggagaling ang ulan? Sige't patunayan mo nga sa akin sa pamamagitan ng siyensiya kung may tubig nga dun sa itaas." Ganyan ang mga siyentipiko, grupo ng mga sobrang bilib sa sarili, sinusubukan nilang, patunayan sa siyensiya na wala raw Diyos. Sinusubukan nila!

443 Noong makunan ang litratong *iyon*, napatayo talaga sila sa kinauupuan nila. Hindi maunawaan nung lalaki. Sabi, "May kung anong Liwanag na tumama sa lente." Hayan nga't gamit dun 'yung sarili nilang siyentipikong instrumento, nakunan Ito ng litrato, gamit ang kamera. Hayan nga't si George Lacy na mismo ang may sabi, sabi niya, "Ginoo," sabi, "hindi kailangan ng sikolohiya para ipaliwanag ang ginawa nitong kamera. May Liwanag talagang tumama sa lente. Talagang naroon Yun." Sabi, "Kung ano Yun, hindi ko masasabi sa inyo, pero nandun talaga Yun." Sabi, "Isusulat ko ang pangalan ko rito." Ginawa nga niya. At maging kayo, mismo. Siyanga, po. FBI na mismo 'yung nagsabi dun. Kita n'yo?

444 Ang ating Diyos, sa huling araw na ito'y, di mag-iiwan ng kahit anong batong di natalikwas, kundi gagawin Niya 'yan hanggang sa di na kayanin ng sanlibutan. Ang karunungan at kaalaman ay patuloy na tataas, tatalilis sa ere na parang mga bangaw, 'yung—'yung mga jet plane, at mga sasakyang pang-gera sa ilalim ng tubig. At laganap na talaga ang lahat ng uri ng katiwalian, at pamumuhay na makasalanan, sinusubukan nilang magtayo ng kung anong kublihan na magbibigay raw sa kanila ng proteksyon sa araw na 'yun.

445 Pero may nag-iisang kublihan lamang: ito ngang katuwiran ng Diyos na nakatayo sa Pintuan ng Daong. Sino ang Pintuang 'yun? Sinabi ni Cristo, "Ako ang Pintuan ng kulungan ng mga tupa." Binabasa ko lamang ang teksto ko rito. "Dinirinig ng Aking tupa ang Aking Tinig. Sa iba'y di sila magsisisunod." Hindi kayo kailanman pipilipit para sumama sa isa man diyan sa mga organisasyon diyan. Lalabas talaga siya riyon, tiyak 'yan. "Kukunin ko sila sa grupong 'yan, at pangungunahan Ko sila. Mauuna Ako sa kanilang harapan." Amen. "Malalaman nilang Ako ito. Walang lumalakad na gaya Ko, walang gumagawa ng mga bagay na gaya ng Aking ginagawa," sasabihin Niya. Amen.

446 "Rabi, ngayon alam na namin na Ikaw nga'y nagbuhat sa Diyos, 'pagkat walang makagagawa ng mga tandang ito na

Iyong ginagawa maliban na sumasakanya ang Diyos.” Kita n’yo? Siyanga. Si Nicodemo mismo ang nagpatotoo. Hayan nga.

447 Nagbunga ang mapagpakumbabang munting lahing ’yun ng isang propeta. At ang propetang ’yun, sa huling araw ng mga anak ni Abel, ay nagbunga ng isang propeta na nagpakita ng mga tanda ng huling panahon at nagbabala.

448 Sadyang ganyan din ito sa panahon ngayon, sa palagay ko. “Ang may pakinig upang makapakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa atin.”

449 Kaya, kita n’yo, hindi makauusbong ang Binhing Salita ng Buhay sa ganoong uri ng kapaligiran ng karunungan. Sadyang hindi nito magagawa ’yun.

450 Sina Moises at Josue ay may pananampalataya sa Salita. Pero ’yung iba’y gustong magpasayaw-sayaw at hubaran ang kababaihan; ganoon si Korah, (bakit?) dahil sa karunungang namana niya sa Egipto. Ayaw ni Moises ng ganoon.

451 Tingnan n’yo ang mga Korah ng panahong ito, gustung-gusto ’yung pasarap-sarap na lang sa buhay, pasayaw-sayaw, magdamagan sa mga kasiyahan; ’yung mga kababaihan: putol ang buhok, maiiksi ang bestida, puwede na ang kahit ano. “Walang kaso ’yun. Ayos lang ’yun.” Hindi ayos ’yun. Sinasabi ng Salita na hindi tama ’yun. Siyanga. Hindi nagbabago. Kita n’yo?

452 Bagama’t nabautismuhan ang bawat isa sa kanila, bawat isa, si Korah at ang lahat ay nabautismuhan, ipinapakita lang n’yan na hayan uli ang eklesyastikal na tipong ’yan.

Sasabihin n’yo, “Nabautismuhan nga ba sila?”

453 Unang Mga Taga-Corinto 10:1 hanggang 2. Basahin lang natin ito. Ating . . . Alam kong tumatanghali na, pero makapag hihintay pa naman ang pananghalian. Mukhang hahaba pa ang tanghaliang ito, kung tuluy-tuloy pa tayong pakakainin ng Panginoon. Kita n’yo? Unang Mga Taga-Corinto 10. Tingnan n’yo nga rito ngayon. Unang Mga Taga-Corinto 10:1 hanggang 2, nahanap ko na. Ngayon, nahanap ko na rin ang Ikalawang Mga Taga-Corinto. Unang Mga Taga-Corinto 10:1 hanggang 2.

Sapagka’t, mga kapatid, hindi ko ibig—hindi ko ibig na di ninyo maalaman, na ang ating . . . mga magulang ay nangapasa ilalim ng alapaap, at ang lahat ay nagsitawid sa dagat;

At lahat ay nangabautismuhan kay Moises sa alapaap at sa dagat;

454 Si Korah nga’y mayroon din nung siya ring bautismo gaya ng iba pa sa kanila. Subalit anong ginawa niya? Hinayaan lang niyang magpasayaw-sayaw ang mga kababaihan, at magsipaginuman ng ilang alak at magpasarap-sarap, huhubaran sila’t mangangalunya, at gagawin nga ’yun. Alam n’yo sinabi nga ng Bibliang ginawa nila ’yun. Kinuha nila ang mga kababaihan at

hinubad ang mga damit nila't, pinasayaw sila, at kung anu-ano pang gaya nun. At nagalit sa kanila si Moises. Naaalala n'yo pa ba nung matalakay natin 'yun dati? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Bakit ganoon? Naroon kasi sa kanila si Dr. Korah, na may taglay na karunungan. Sabi niya, "Dadalhin ko kayo pabalik ng Egipto." Doon nga rin sila napunta, maging sa panahon ngayon.

⁴⁵⁵ Ngunit, si Kapatid na Moises, noong bumaba siya, ibang-iba talaga siya. Nanatili siya at si Josue sa Salita. Nagbitiw ng pangako ang Diyos; nanatili sila roon. Buweno.

⁴⁵⁶ Pero ang iba'y ginustong magsasayaw at magsihubad ng kanilang mga damit, at dahil nga, sa karunungan ni Korah. Hayan nga't nabautismuhan namang lahat sila, sa gayunding paraan.

⁴⁵⁷ Ang Israel at Moab. Oh, akin na itong...inyo nang... natalakay ko na ito, minsan. Hindi na natin siguro pahahabain pa. Kailangan ko na itong bilisan. Buweno. Ang Israel at Moab, alam n'yo na kung anong meron dun. Ang isa, may kainamang taglay, may karunungan, naglalakihang denominasyon. Ang isa naman, maliit, sama-samang maliliit na denominasyon.

⁴⁵⁸ Pagkatapos, isang araw; dito ko po gustong bigyang diin ang pangangaral ko bago tayo magtapos. Isang araw, ang dalawang dakilang pinagkukunang ito, o kapangyarihan, ay nagtagpo para sa isang pagtutuos sa Salita ng Diyos.

⁴⁵⁹ Ngayon patutungo na po tayo sa pinakamagandang bahagi. Maaari nga tayong bumalik para sa mga iba pa rito. May isang dosena pa akong nailista rito. Maaari nga akong tumayo rito nang sanlinggo, pero di ko pa rin matatalakay nang husto ang kahit pabalat lang nito, para patunayan ang mga ito, na mga sinasabi ko rito. Ngunit umaasa akong nakukuha n'yo ito. Kita n'yo?

⁴⁶⁰ Isang araw, humantong 'yun sa isang pagtutuos. Nagharap ang karunungan at pananampalataya. Nagpang-abot si Jesus at si Satanas. Siyanga. Nagpang-abot si Jesus at si Satanas. Itong dalawang malakas na puwersa, karunungan at kaalaman, sila'y humantong sa isang pagtutuos. Kita n'yo?

⁴⁶¹ Ngayon, kapwa sila gumamit ng Salita. Tama po ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, kapatid, paganda na nang paganda ito, sa akin. Kita n'yo? Huwag n'yong palalampasin ito, hayan nga. Oh! Sabihin n'yo nga, "Diyos, buksan Mo po ang puso ko." ["Diyos, buksan Mo po ang puso ko."]

⁴⁶² Kapwa nila ginamit ang Salita ng Diyos, ang siya ring Biblia. Subalit hindi Iyon gumagana sa isang daluyang di sumasampalataya. Tiyak na hindi gagana. Hindi talaga. Kapwa nila ginamit ang Salita ng Diyos. Subalit ginamit Iyon ni Satanas

gamit ang intelektuwal na kaalaman lang, kita n'yo, isang intelektuwal na kaalaman lang, at hindi Iyon gumana.

⁴⁶³ May Kasulatan pa ako rito. Di naman siguro makakaabala kung babasahin ko ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Puntahan natin ang Mga Hebreo, sa ika-4 na kabanata, bilisan natin, sandali lang ito. Nais kong basahin ito. Sadyang tila nga napakainam nito sa akin, sige po, Mga Hebreo 4. Tayo nga'y bumuklat sa Hebreo 4, at simulan natin, sa 1 hanggang 2.

Mangatakot nga tayo, yamang, may iniwang pangako...na pumasok sa kaniyang kapahingahan, baka sakaling sinoman sa inyo ay maging tulad sa di nakaabot niyaon.

Sapagka't tunay na tayo'y pinangaralan ng mabubuting balita, gaya rin naman nila: nguni't hindi nila pinakinabangan ang salitang napakinggan, dahil sa walang kalakip na (kaalaman, karunungan?) pananampalataya...walang pananampalataya ang (ano raw?) nangakarinig.

⁴⁶⁴ Maaaring nasa iyo na ang lahat ng Salita, maaari ngang kabisado n'yo ang Salita mula A hanggang Z, at di pa rin Ito kailanman gagana sa inyo. Nakakita na ba kayo ng mga taong Salita naman ang kinukuha nila't sinisikap na paganahin Ito, sasabihin, "Kapatid, purihin nga ang Diyos"? Pero di pa rin gumagana. Hindi n'yo kasi puwedeng paikut-ikutin ang Salita. Hindi, hindi. Hindi, hindi. Kahit ano pa 'yang ipahayag n'yo, Salita ang magpapatotoo sa Sarili Nito. Kahit ano pa nga 'yang pinanghahawakan n'yo, Salita ang magpapatotoo. Siyanga.

⁴⁶⁵ Ngayon, alam nga ni Satanas ang Salita. Kabisado niya Ito mula A hanggang Z. Buweno, alam n'yo ba? Nakikinita ko, kung may digri siya, siguro'y aabutin ng apat hanggang limang papel para mailista dun ang lahat niyang digri, "Dr., Rev., Elder, Ph., L.L., Q.D." ilagay n'yo na ang lahat ng alpabeto. May digri nga siya sa Biblia. Kabisado niya ang bawat Salita Nito. Kabisado niyang talaga. Kita n'yo? Kaya, nasasabi ni Satanas, "Ngayon, alam ko ang Salita." Alam kong alam niya talaga ang Salita nung lapitan niya si Eba. Hayan nga't, taglay niya Ito gamit ang intelektuwal na kaalaman, ngunit hindi Ito gumana.

⁴⁶⁶ Si Jesus nama'y alam Ito gamit ang pananampalataya, sa kapahayagan ng Salita ng Diyos na naroon sa Kanya Mismong itinalagang Buhay. Maluwalhati! Umaasa po akong tatagos ito nang malalim sa inyong puso. Alam nga ni Jesus kung Sino Siya. Si Satanas nama'y nangangapa. Alam nga Niyang Siya'y isang Nilalang ng Diyos na itinalaga na nung una, na hayan ngang Diyos Mismo ang nahayag sa loob Niya. Hindi Siya ang gumagawa nung mga gawa. Ang Ama 'yun na nananahan sa loob Niya. Amen.

467 Hayaan n'yo ngang lumipad pasugod ang diyablo bitbit ang lahat ng teolohiya niya. Si Jesus; si Satanas alam din niya Ito. Alam nga niya ang Salita. Ngayon, may kakayahan nga siyang banggitin ang Kasulatan nang di man lang tumitingin, naku, parang Bibliang naglalakad. May kakayahan siyang banggitin Iyon nang *paganoon*. [Mabilis na pinalalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri nang makailang ulit—Pat.] Kita n'yo?

468 Subalit si Jesus ay nanatiling nakatayo lamang, sapagkat alam Niya ang Kanyang kinatatayuan. Alam Niyang itinalaga na Siya nang una pa na maging, “ang Cordero na pinatay bago pa maitatag ang sanlibutan.” Alam Niya na Siya ang Taong 'yun. Oh! Oh, kapatid! “Ang may pakinig, ay makinig.” Alam Niya na itinalaga Siya para dun, at sa ganoong paraan Niya nalalaman ang Salita. Kita n'yo? At gumana Iyon. Tunay nga.

469 Samantalang si Satanas alam niya Ito sa pamamagitan ng karunungan. Aba'y nabigo. Yung Salitang binabanggit ni Jesus ay siya rin namang binabanggit niya, iisang Biblia. Dun sa Mga Awit binanggit niya 'yun. “Siya'y magbibilin. . . Hayan nga't nasusulat,” binanggit 'yun ni Satanas, “Siya'y magbibilin sa Kanyang Mga Anghel tungkol sa Iyo, baka anumang oras ay matisod Ka ng Iyong paa sa isang bato. Dadalhin Ka nila.”

Kanya rin namang sinabi, “At nasusulat din naman. . .” Oh! Kita n'yo?

Alam lang Ito ni Satanas sa pamamagitan ng karunungan.

470 Pero alam Ito ni Jesus sa pamamagitan ng karanasan. Alam Niya Ito sa pamamagitan ng kapahayagan. Alam Niyang Siya ang Anak ng Diyos na paririto sa sanlibutan. Alam Niya ang kinatatayuan Niya. Alam Niyang naisilang Siya sa sanlibutan para sa ganoong layunin. At 'yan nga ang dahilan kung bakit gumagana sa Kanya ang Salita ng Diyos, dahil nga alam Niya kung ano talaga Siya. Maluwalhati! Nauunawaan n'yo na ba ito ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Alam Niya kung ano Siya.

471 Si Satanas, hayan nga't ang kabaligtaran, alam niya kung ano nga siya. Alam niyang wala siyang magagawa, gamit ang kanyang karunungan, sa Salita, sapagkat ang Salita ay Diyos. Nakukuha n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

472 Ngayon, kung alam ni Jesus kung Sino Siya. . . Hayan nga't isa Siyang Nilalang na itinalaga na nung una na sumailalim sa oras. Naniniwala ba kayo riyan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Si Jesus, na katawan, alam Niyang Siya ang itinalagang Salita, ang Katauhan ng Diyos na tatayo nung araw na 'yun, upang maging siyang Hain para sa kasalanan. At kilala Niya ang Kanyang kaaway. (Gaya ng naipangaral ko, mga ilang Linggo na ang nakalipas.) Kilala Niya ang Kanyang kaaway; at alam Niya kung Sino ang kaaway. Kaya naman, nagpanagpo

ang dalawang malalakas na puwersang ito, ang kaalaman at ang pananampalataya. Alam ni Jesus kung Sino Siya.

473 Alam ni Satanas ang Biblia gaya na lang ng kung paanong alam na alam 'yun ni Jesus, ngunit hindi Ito gumana para kay Satanas. Kita n'yo?

474 Kahit gaano pang karaming kaalaman ang taglay mo, hindi gagana. Ngayon, dalhin n'yo nga sa ilan sa mga naglalakihang organisasyon dito. Isipin n'yo nga ito, pansumandali. Sabi nila, "Buweno, nasa amin ang Salita." Ipakita n'yo nga sa akin kung gagana. Sa mga Katoliko, sinasabi n'yong kayo ang orihinal. Ipakita n'yo nga. Ipakita n'yo ang inyong mga gawa, na wala namang. . . O, ipakita n'yo sa akin ang inyong mga gawa, sa pamamagitan ng, o, nang wala kayong pananampalataya, at ipapakita ko naman sa inyo ang aking gawa, sa pamamagitan nitong aking pananampalataya. Kita n'yo? Tingnan n'yo kung ano nga ba ang sinabi ng Salita.

475 Makapagtatanim ba kayo ng binhi na di nito maipalalabas kung ano ito, sa oras na lumago na ito? Makapagtatanim ba kayo ng isang butil ng mais na di kayo makakakuha ng mais matapos, na lumaki ito? Makapagtatanim ba kayo ng patatas na hindi mamumunga ng patatas? Makapagtatanim ba kayo ng bulaklak tapos di kayo makakakuha nung ganoon ding uri ng bulaklak pagkatapos? Kita n'yo?

476 Ibig sabihin, kung naihasik na sa inyo, at ang Binhi ng Diyos ay nariyan na sa puso n'yo, tiyak na ibubunga Nito Iyon. Sinabi ni Jesus, "Kanyang gagawin ang Aking mga gawa, kung sumasampalataya siya sa Akin." Kung sinasabi ng isang tao na sumasampalataya raw siya Rito, at hindi naman nagsisilakip ang mga ito sa kanya, sinungaling ang taong ito. "Ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman Niya ang mga gawang Aking ginagawa; lalong higit pa rito, sapagkat Ako'y paroroon na sa Aking Ama." Aba'y, matibay talaga Ito! Ano kaya kung di sila dun sa padausdusan nangahulog at nalihis, napunta sa ibabaw ng kung anong bato sa dakong 'yun! Pero nangahulog nga sila dun sa libis upang hindi Ito tangayin ng hangin, at hindi Ito dagitin ng mga ibon, kaya naman tumubo Ito.

477 Ingatan n'yo Ito sa kaibuturan ng inyong puso. Sabi ni David, "Ang kautusan Mo'y aking iningatan sa aking puso," kaya di Ito maaagaw ng kahit anong denominasyon, hindi Ito madadagit ng mga ibon. "Iningatan ko Ito sa kaibuturan *dito*. Pinagbubulayan ko Ito, araw at gabi. Nakasulat ang mga Ito sa mismong poste ng kama ko at sa lahat ng dako. Narito nga ang mga Ito sa akin, nakatali ang mga Ito sa mismong mga daliri ko. Narito nga ang mga Ito. . ."

478 At sinabi ni Jesus, "Ang iyong pangalan ay nasa palad ng Aking kamay." Kaya, papaano, papaano pang makakalimutan? Hindi na nga. Ngayon, buweno.

479 Kaya naman, kung ginapi na ni Jesus si Satanas ayon sa pananampalataya, ng pagkaalam kung Sino Siya, hayan nga't isa Siyang Nilalang na itinalaga na nung una. Sige handa na ba kayo? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Paano naman ngayon sa Nobya ni Jesus Cristo na itinalaga na rin nung una pa? Sumasampalataya ba kayong itinalaga na nung una pa ang Nobya? ["Amen."] Ang itinalagang Nobya ni Cristo ngayon, ang Iglesya, ang Salitang Binhi, anupa't ang lahat ng bagay na ipinangako ng Diyos na ilalagay sa Iglesya, nandiyan na po Ito mismo ngayon. Taglay na Nito Ito ngayon. Nasa posisyon na ang lahat. Ipinagkaloob na ang Espiritu Santo. Naihasik na ang Binhi. Ang mga Liwanag sa gabi'y nagliliwanag na. Ang tanda ng Sodoma, na ipinangako ni Jesus, ay narito na, at ang Malakias 4. Ganyan na ang itinalagang Iglesya!

Oh, diyablo!

480 Iglesya ng buhay na Diyos, sa mga narito man at maging sa mga nakikingig sa teyp, din naman, alam n'yo ba kung saan kayo nakatayo? Talastas n'yo bang tinawag kayo ng Diyos, na hayan ngang naghahari na ang Banal na Espiritu sa puso n'yo, at totoong talaga ang bawat Salita ng Diyos sa inyo? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, kapatid! Papaano pang makatatayo si Satanas laban diyan? Papaano niya mapipigilan ito sa pagyabong nito? Papaano niya mapipigilan ang mga tandang 'yan sa paglakit Dito? Aba, maari mo silang itapon sa bilangguan. Inyo, nga silang magagawan ng kung anu-ano, di ko alintana anumang gawin n'yo, o anumang pinipilit gawin sa kanila. Binulok sila sa mga bilangguan. Ipinakain sila sa mga leon. Nilagari sila. Pinagpuputol ang katawan nila. Pero di n'yo Ito mapapatay, hayan nga, isang Iglesyang itinalaga na nung una pa. "Yaong mga nang una pa'y Kanyang nakilala," gaya nung ginawa Niya kay Jesus, "ay Kanyang tinawag naman. Ang Kanyang mga tinawag, ay inaring-ganap naman Niya. At ang Kanyang mga inaring-ganap, ay niluwalhati din naman Niya, itinalaga na."

481 At ngayon, sa huling mga araw na ito, ang bawat binhi'y naihasik na; naka-posisyon na ang lahat, naka-posisyon na ang sanlibutan, husto na sa panahon, naka-posisyon na ang Iglesya sa tamang posisyon Nito, ang Binhi, ang mga Liwanag sa gabi, maging ang mga tanda ng tulad sa sinabi Niya, "Kung papaano sa mga araw ng Sodoma." Isang Anghel ng Diyos, ang Espiritu Santo, nariyan nang bumababa, kumikilos, ginagawa ang mga tanda na Kanyang ginawa noon. Ipinangako sa Malakias 4 na magsusugo Siya, sa huling mga araw, nitong ipinangako Niya. At kitang-kita na natin ang lahat ng 'yan dito mismo. Saan? Saan? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Amen. Amen. Amen. Amen. Amen.
Iniibig n'yo ba Siya? Amen.

482 Tunay, dito mismo sa huling mga araw, isang itinalagang Iglesya, na nalalaman kung saan sila nakatayo, na hinasikan ng Binhi, ang Espiritu Santo sa Iglesya.

Satanas, mag-ingat ka.

483 Ano 'yang nangyari? Sandali na lamang po ito. Ano ang nangyari, sa lahat ng ipinangako Rito, maging sa mga pangako ng Malakias 4?

484 Anong—anong ginawa ni Satanas noong makatagpo niya si Jesus? Lumipad siya papunta sa Kanya, bitbit ang lahat ng eklesyastikal na puwersang taglay niya. “Alam ko rin naman ang Salita, hayan nga,” hayan nga’t pasugod sa Kanya. Yaong denominasyonal na alikabok na taglay niya! Ipinukol natin Ito pabalik sa kanya; pero wala man lang kahit anong Liwanag. Aba’y napatalilis siyang mainam! Mas mabilis siyang tumalilis palayo kaysa nung lumipad siya pasugod. Bakit? Tumama ba naman siya dun sa sandaang-bilyong boltaheng Kawad dun. Nalagas ang balahibo niya dahil sa kuryente. Tumalilis talaga siya palayo sa Kanya. Napaatras siya palayo sa Kanya, 'pagkat may taglay na boltahe ang Kawad na naroon.

485 Alalahanin n'yo, si Satanas ay may kawad, din naman. Subalit, kahit gaano pang kainam ang kawad na tanso, kung wala rin namang buhay sa loob nun, patay 'yun. Hindi 'yun gagana. Gayong kawad din naman.

486 Ang isa kasi'y nakargahan ng enerhiya mula sa Dynamo, at ang isa nama'y di nakakabit dun, kaya ganun. Siyanga. Iyan ang dahilan kung bakit gagana lamang Ito sa isang itinalagang sisidlan. Iyan ang dahilan kung bakit gagana ang Salita kung saan lang Ito nakakabit. Nakakabit saan, sa denominasyon ba? Hindi, po. Patay na saksakan 'yun, “May anyo ng kabanalan, tinatanggihan naman ang kapangyarihan nito.” Doon lamang talaga sa nakakabit sa Salita, na hindi kailanman lilipas, at kayang mamunga ng siya ring kapangyarihang tinaglay Niya. Doon lamang sa nakakabit. Maluwalhati!

Amen. Amen.

Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Maglilingkod ba kayo sa Kanya? [“Amen.”] Amen. Tunay.

487 Hindi dun sa nakakabit sa kung anong organisasyon, kundi nakakabit sa—sa—sa—sa Dynamo rito. Kapatid, sinasabi ko sa inyo, talagang gumagana Ito roon, dahil nakakabit Ito, sa siya ring Salita.

488 Nakakabit din naman ang Moab, hayan nga; at maging ang Israel, din naman. Yun nga lang ang Moab ay pulos patay na kredo lamang at may bulaang propeta pa.

489 Subalit ang Israel ay may batong hinampas, tansong ahas, Haliging Apoy, hallelujah, mga tanda ng buhay na Diyos. Amen.

Hayan na nga. Gumana talaga Ito. Bakit? Nakakabit Ito sa pananampalataya. Siyanga, po. Hindi sa kaalaman, kredo ng kung sinu-sinong tao; kundi sa pananampalataya sa Salita, ang Salita Mismo. Nanggagaling ang buhay sa Salita. “Ang Aking Salita ay Buhay.” Ang kuryente nun ay dumadaloy sa Salita.

⁴⁹⁰ Napatalilis palayo si Satanas, agad-agad. Hindi umubra’yung teolohiyang alikabok niya sa dakong’yun. Wala man lang kuryente sa kawad ni Satanas. Patay na kredo kasi’yun. Hindi talaga dadaluyan. Walang dadaloy na kuryente.

⁴⁹¹ Ngayon, kita n’yo, parehas na kawad din naman. Ginamit ni Jesus ang Salita ng Ama; ginamit din ni Satanas ang Salita ng Ama. Si Satanas ay Satanas. Si Jesus ay Diyos, ’yun ang pagkakaiba, ’yun ang Totoo. Ang isa’y kredo, at ang isa nama’y ang Salita. Ang isa’y Totoo, ang isa nama’y bulaan. Ang isa’y ibubunga’yun; ang isa nama’y di’yun ibubunga. Nakukuha n’yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Hayan nga’t parehas namang kawad, ngayon, ganoon na nga, parehas namang kawad. Mga Hebreo 2, natalakay na . . . O, Hebreo 4:2, natalakay lang natin kanina. Kita n’yo? Hayan nga, sa pagiging denominasyon, gaya ng sinasabi ng mga denominasyon, gamit ang karunungan. Kita n’yo? Ang mga denominasyon, gamit ang karunungan, sinasabi nilang, “Lumipas na ang mga araw ng pagdaloy ng kuryente.”

Iniibig n’yo ba Siya? Amen.

Paglilingkuran n’yo ba Siya? Amen.

Sinasampalatayanan n’yo ba Siya? Amen.

Amen. Amen.

Sinasampalatayanan ko Siya. Siyanga, po. Ang ibig sabihin ng *amen* ay “siya nawa.”

⁴⁹² Panginoon, dalangin ko, ngayong umaga, na kunin Mo ang bawat mananampalatayang narito at hilahin siya sa direksyon ng kuryente. Oh! Maglagay Ka ng Buhay sa kanya, ipahintulot Mo na makahugong siya’t pagliwanagin ang kaluwalhatian ng Diyos. Siyanga, po. Padaluyin Mo po ang kuryente.

⁴⁹³ Alam n’yo ba sa pakiwari ko? Naihasik na talaga ang Binhi (Naniniwala po ba kayo roon?) [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] para sa dakilang Iglesya. Gaya na lamang ng mga kawad na nailatag na sa buong gusali, bawat saksakan ay nasubok na ng Salita, oh, grabe, bawat saksakan ay nasubok na ng Salita. “Huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na mga pagsubok. Nariyan ito para subukin kayo.”

⁴⁹⁴ Kung may nakaligtaang kahit katiting na maling dugtong ng kawad doon, magugulo ang daloy ng kuryente, puputok ang bukasa’t patayan ng kuryente. Ayaw ng Diyos na mangyari ang tulad ng ganyan sa Kanyang Iglesya. Dapat walang puputok na bukasa’t patayan ng kuryente at dapat walang puputok na fuse dito sa huling mga araw. Wala, dapat.

495 Hayan nga't babalikan Niya 'yun at hihinangin hanggang bumalik 'yun sa ayos. Siyanga, po. Buveno. Nakakabit na ang bawat ilaw sa tamang lugar nito. Ang tanging hinihintay na lang, ay babaling na ang Panginoon sa dako roon para pindutin ang bukas. Hayan nga. Siyanga, po. Ng Salita! Siyang tunay talaga. Maaaring ngayon na 'yan, kapatid. Kung kailangan mo ng kagalingan, pindutin mo lang ang bukas. Iyon lang ang kailangan mong gawin, kung wasto ang pagkakadugtong nung kawad mo. Kung nagulo ang daloy. . . "Kung nagulo ang daloy ng kuryente sa linya mo, at 'yung dapat na dugtungan, maging 'yun, ay nagulo hayan nga si Jesus, sasabihin sa iyo ang dapat mong gawin." Amen. Siyanga.

496 Ngayon, sasabihin ng maka-denominasyong karunungan, "Lumipas na ang araw ng mga himala." Dahil nga wala man lang kuryenteng dumadaloy sa mga kawad.

497 Subalit nalalaman ng pananampalataya ang mas mainam. Nadarama nila ito. Nakikita nilang gumagana ito. Alam nilang umiilaw ito. Alam nila kung ano na ang pagkilos nito. Ang pananampalataya nga ang kuryente, ang kuryente, Espiritu.

At ang karunungan ay ang mga anyo ng denominasyon.

498 Sinubukan minsan ni Satanas na tuksuhin si Jesus, para lumihis sa pananampalataya sa Salita ng Ama. Hetong ginawa niya. Sinubukan niyang ipakita sa Kanya ang kanyang mga dakila't, naglalakihang organisasyong eklesyastikal sa lupa. Ngunit di nga niya Siya natukso. "Dito Ka na lang at makianib sa akin. Gagawin kitang obispong mataas sa kanilang lahat."

499 "Nasusulat. . ." sabi ni Jesus. Siyanga, naman. Hindi Siya matutukso ni Satanas. Hindi, maaari. Lampas pa kasi ang taas Niya. Hayan nga't, si Jesus ang Salita. May pananampalataya Siya ng pagkaalam kung sino Siya, na Siya nga ang Salita.

500 Kagaya na lang ni Moises. Aba, alam ni Moises kung sino siya. Alam ni Moises na lingkod siya ng Diyos, alam niyang tinawag siya ng Diyos. Alam niya ang gagawin niya. Iyon ang dahilan kung bakit hindi siya natakot sa anumang sabihin ni Satanas. Sinubukan siyang tuksuhin ni Satanas, takutin siya para lumihis dun. Ngunit, hindi nangyari. Alam ni Moises ang kinatatayuan niya. Siyanga.

Ngayon kailangan ko na itong bilisan. Marami na akong, lalaktawang mga pahina, rito.

501 Si Pablo. Gusto ko pong talakayin ang bagay na ito, bago magtapos. Malinaw na itinuro ni Pablo sa kanyang bahagi ng Nobya na kanyang ihaharap. Hayan nga't ihaharap ni Pablo ang bahagi ng Nobya. Naniniwala ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Malinaw na itinuro ni Pablo sa kanyang bahagi ng Nobya na kanyang ihaharap kay Jesus Cristo sa huling mga araw, ang tungkol sa karunungan o pananampalataya.

502 Magbasa tayo rito ng kaunti. Nais kong bumuklat kayo sa Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-4 na kabanata. Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-4 na kabanata, basahin po lamang natin ito. At magtatapos na tayo sa—sa ilang sandali na lamang, kung loloobin ng Panginoon. Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-4 na kabanata, at nais kong basahin ang ika-18 hanggang sa ika-20 talata. Sige. Heto po.

Ang mga iba nga'y nangagpapalalo, na waring—na waring hindi na ako mapapariyan sa inyo.

Nguni't ako'y paririyang agad sa inyo, kung loloobin ng Panginoon, at aking aalamin, hindi ang salita ng sinumang nangagpapalalo, kundi ang kapangyarihan.

503 Alam n'yo, kinakailangan talagang . . . Ngayon, nariyan na nga kasi ang simbahang Romano na nagsisimulang kumawala, sa panahon na 'yan, nagsisimulang kumalas. Kita n'yo? Alam niya nga . . . Alam n'yo nga, sabi ng Biblia, "Sila'y nagsilabas sa atin, sapagkat hindi sila sa atin," nakita n'yo na. Ganoon nga.

Sapagka't ang kaharian ng Dios ay hindi sa salita, kundi sa kapangyarihan.

504 Kita n'yo, "Hindi sa Salita." May magsasalita nga riyang nang ganito, "Buweno, ako, edukado ako, kapatid. Mas marami akong taglay na pinag-aralan kaysa sa anumang 'yang mayroon ka. Isa—isa akong pari. Isa akong . . ." Walang kinalaman 'yan Dito. Walang pinatutunayan 'yan kundi isang hamak ka lang na "baboy," o kung anumang; kita n'yo, kita n'yo, walang kahit anong kinalaman 'yan Dito. Kita n'yo? Ang diyablo nga'y may taglay na maraming kaalaman, din naman. Kita n'yo? Buweno. Kita n'yo?

Sapagka't ang kaharian ng Dios ay hindi . . . salita, kundi . . . kapangyarihan. Kita n'yo na?

Anong ibig ninyo kung gayon? paririyang baga ako sa inyo na may panghampas, o sa pagibig, o sa . . . espiritu ng kahinahuman?

505 Ngayon, sa ika-2 kabanata. Nais kong tapusin ito, sandali na, lamang, bago tayo magtapos. Sa ika-2 kabanata; bumuklat tayo sa kabilang pahina. Simulan natin sa unang kabanata. Ngayon tingnan n'yo rito, si Pablo, kung anong sinasabi niya sa Nobya ngayon. Ihaharap niya ang bahaging ito ng Nobya ni Cristo, kaya hayan nga't gusto niyang maalaman nila 'yun. Ngayon, kung naaalala n'yo, may taglay na di basta-bastang katalinuhan itong si Pablo. Matalino siya, taglay niya 'yun, subalit kanyang "iwinaglit talaga ito," sabi nga niya. Nasa kanya na ang lahat ng sari-saring digri at edukasyon, subalit kinailangan niyang iwaglit 'yun, ngayon, kita n'yo, upang maalaman niya si Cristo.

At ako, mga kapatid, nang napariyan sa inyo, pumaryian, ay hindi ako napariyan na may kagalingan sa pananalita o karunungan. Kita n'yo? Hindi ako napariyan na may karunungan, na nagbabalita sa inyo ng patotoo ng Dios.

506 “Ako si Dr. *Ganito-at-ganoon*, at nasa akin na ang lahat. Ako’y . . . Kami’y aral sa mga seminaryo, ng *ganito-at-ganoon*”? Hindi, hindi. Sabi ni Pablo, “Hindi ako napariyan sa inyo nang *ganoon*, na may karunungan.” Ngayon, at ano po uli . . .

Ano po uli 'yung teksto ko? *Karunungan Laban Sa Pananampalataya*. Kita n'yo?

507 “Hindi ako napariyan sa inyo sa karunungan,” ’yan po ang sinabi Pablo, “nagbabalita sa inyo ng patotoo ng Diyos na may karunungan, na sasabihin ko, ‘Ngayon tingnan n’yo. Ito nga’t sinasabi ko sa inyo. Natutunan namin sa seminaryo na lumipas na ang araw ng mga himala. Natututunan namin sa seminaryo na hindi naman talaga *Ganito* ang ibig sabihin ng mga bagay na ito.” Pero ang sinabi niya, “Hindi ako pumaryian nang gaya n’yan, mga kapatid.” Ngayon ano nga ba talagang sinabi niya?

Sapagka’t aking pinasiyahang walang maalaman anoman sa gitna ninyo, maliban na si Jesus . . . at siya na napako sa krus.

At (kung) ako’y nakisama sa inyo na may kahinaan, at may katakutan, at may lubhang paghihirap ay nakisama ako sa inyo.

At ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan ng tao, . . .

508 Huh? Gaya ng sabi ni Booth Clibborn, “Tao po?” Sino bang kumakatok?

Hindi ako napariyan sa inyo na may kung anong seminaryong *karunungan*, kundi sa patotoo ng *Espiritu at ng kapangyarihan*:

Upang ang inyong (p-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-y-a) pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios.

509 [Sumipol si Kapatid na Branham—Pat.] “Whew!” Amen. Sumasampalataya ba kayo rito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”]

Upang ang inyong pananampalataya ay hindi masalig sa karunungan ng kung anong organisasyon, kundi sa kapangyarihan ng Dios.

510 Pananampalataya sa kapangyarihan ng Diyos! Na ang pag-asa n’yo ay di . . .

511 Ang dalawang pinagkukunang ito ay magkatunggali na mula pa dun sa Eden; ang pananampalataya ng Diyos laban sa karunungan ni Satan. Patuloy na pinatutunayan ng Diyos, sa lahat ng mga kapanahunan, na hindi Ito maaaring mahaluan. Kailangang hiwalay talaga Ito, upang yumabong.

512 Ngayon, mabilis lang po ito, nais kong magpahapyaw ng—ng isa o dalawang salita, sa bawat isang ito, babanggitin ko lang ang ilang mga bagay na nailista ko rito.

513 Sina Esau at Jacob ay eksaktong tipo nito: silang dalawa’y, relihiyoso; silang dalawa’y, kambal.

514 Si Esau yaong tipo ng eklesyastikal. Isang taong matalino namang talaga. May—may mabuting reputasyong moral at mga gayong bagay, pero wala siyang pakialam sa pagkapanganay.

515 Si Jacob nama’y di niya alintana anuman ang gawin niya, basta’t makuha lang niya ang pagkapanganay. At hangga’t magkasama sila, hindi sila magbubunga. Tama po ba ’yun? Ang isa kasi’y laban sa isa.

516 Nakukuha n’yo ba? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Amen. “Magsialis kayo sa kanila. Magsihiwalay kayo,” sabi ng Diyos. “At huwag kayong magsihipo ng mga bagay nilang marurumi. Kayo’y aking tatanggapin.” Kita n’yo?

517 Kinailangang ihiwalay ni Jacob ang kanyang sarili palayo sa kanyang maka-denominasyong kapatid bago siya pagpalain ng Diyos. Ganun din ang sinabi ng Diyos kay Abraham.

Israel; at Moab.

518 Yaong apatnaraang propeta ng Israel na tumayo sa harap ni Micaya. Hayan nga’t inihiwalay ni Micaya ang sarili palayo sa kanila, at pinanghawakan ang Salita ng Panginoon, at Doon pumisan.

519 Si Moises, at Korah, ganoon din, hindi puwedeng magsama. Kinailangan nilang maghiwalay. Tama ba ’yun? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

520 Si Abraham; at si Lot. Si Lot ay relihiyosong tao, tipo ng pormal na iglesya. Hangga’t kasa-kasama ni Abraham si Lot, hayan nga’t naglakbay siya nang kasama siya nang maraming taon. Subalit hindi nga siya. . . hindi siya pinagpala ng Diyos hanggang sa lubusan siyang sumunod sa Kanya at humiwalay kay Lot, ang iglesyang denominasyon. Hayan na nga’t, nung inihiwalay na ni Abraham ang sarili niya at lumayo dun, para lumakad nang mag-isa, sinabi ng Diyos, “Ngayon, Abraham, tumayo ka. Tumingin ka sa silangan, kanluran, hilaga, timog.” Sabi, “Sa iyong lahat iyan.” Subalit hindi Niya muna ginawa ’yun hangga’t hindi pa lubusan ang paghiwalay niya sa sarili niya. Ganoon nga ang nangyari.

521 Hindi nga pinagpala ng Diyos si Set hanggang sa Kanyang maihiwalay muna siya kay Cain. Minarkahan Niya si Cain at

pinatungo sa lupain ng Nod. At si Cain, gamit ang kanyang matalinong karunungan, ay naging siyentipiko at lahat na ng kung anu-ano, nagkaroon ng mga supling na gaya niya. At si Set, sa kanyang katuwiran, at pag-ibig at pananampalataya sa Salita ng Diyos, ay nagkaroon ng mga supling na nagpausbong ng isang propeta na nagbabala sa mga huling araw, siyanga, nagligtas sa bawat mananampalataya. Hayan nga't winasak ng karunungan ang bawat isang naroon. Hayan sila, lahat sila'y, nangamatay. Bawat isa, kahit gaano pang karami ang naabot na digri at sikolohiya na tinaglay nila, lahat ng mga bagay na 'yan, nangamatay sila sa mga paghatol ng Diyos.

⁵²² At ang lahat ng nasa labas ng tunay na, ipinanganak na muli ng Espiritu ng Diyos, na nananampalataya sa bawat Salita Nito at naninindigan mismo Rito, ay mapapahamak sa mga paghatol ng Diyos. Nakikita n'yo nga itong mga kaawa-awang mga kababaihang pakendeng-kendeng sa kalsada, at ang lahat ng pagpapakasasa, at patuloy na kalayawan, tandaan n'yo, wala itong kahahantungan kundi pangatong lang para sa paghatol. Mabubulok 'yan. Mangyayari nga. Nakatalaga na kasi 'yan sa kabulukan. Kaya kababaihan, gumising na kayo.

⁵²³ May munting patotoo ako rito, subalit wala nang oras para sabihin ito, tungkol sa isang munting binibini rito hindi pa katagalan, sa California. Nasa daan pa ako noon, naghihintay na tawagin sa tolda. May nadaanan akong, isang munting . . . Hayan—hayan nga't kahiya-hiya talaga. Di naman makakaila, oo't isang magandang munting dalagita. At palakad-lakad siya dun, pakendeng-kendeng, may suot na maliit na sumbrerong pang-cowboy, naka-bota at 'yung mga palawit sa damit niya'y sunod sa galaw niya, habang pakendeng-kendeng siya sa daan. Binubusinahan siya ng bawat lalaki, at kinakawayan pa, lahat sila'y 'yun ang ginagawa.

⁵²⁴ Naisip ko, “Siguro'y dapat akong huminto, hindi ba't isa akong mangangaral. Kung kasama ko noon si Meda, ganito ang gagawin ko. Sasabihin, ‘Tingnan mo, kapatid, gusto ko sanang sabihin ito sa iyo. Oo nga't maganda ka. Mapapatunayan mo 'yan. Kita mo? Magagawa mo talagang paprenuhin 'yung mga kotse, at pakendeng-kendeng ka rito, at mapapasipol mo 'yung mga lalaki na akala mo'y mga lobo sila, basta parang ganun. Ngunit isa sa mga araw na ito, ang maliit na katawang 'yan, gagapangan 'yan ng mga insekto at mga uod at kakainin 'yan. At baka sa loob ng anim na linggo mula ngayon ay maging ganoon na 'yan, naaagnas, nakahimlay na dun sa libingan. Pero sa kabila nun 'yang kaluluwang nasa loob mo, na nanginginain sa pagnanasang laman, ay mabubuhay sa impiyerno ng diyablo sa—sa loob ng maraming panahong darating.”

⁵²⁵ Moises; at Korah. Lot; Abraham. Juan Bautista; at ang mga publikano. Si Jesus; mga iglesyang denominasyon sa panahon Niya. Kita n'yo? Pananampalataya; karunungan.

Buweno, tatayo talaga 'yung mga saserdote dun, sasabihin, "Kami . . ."

Sasabihin Niya, "Oo."

"Taglay namin *ito*. Oh, magulang namin si ganito, ginawa namin ang *ganito-at-ganoon*."

⁵²⁶ Sabi, "Oo. Hayan kayo, sa inyong mga sali't-saling sabi, niwawalang-kabuluhan ang mga utos ng Diyos, itinuturo bilang inyong pinaka Aral ang mga utos ng tao."

⁵²⁷ Sabi, "Buweno, sino Ka бага, para turuan kami? Sa anong paaralan Ka ba nanggaling?"

⁵²⁸ Sabi Niya, "Ang mga gawang Aking ginagawa, ay nagpapatotoo sa Akin. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Mesiyas, kung gayon huwag ninyo Akong sampalatayanan. Hayan nga't kung ginagawa Ko ang mga gawa ng Mesiyas, kung gayon malalaman ninyo, sampalatayanan ninyo ang mga gawa." Sabi, "Ang mga ito'y nagpapatotoo sa Akin. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa, kung gayo'y huwag ninyo Akong sampalatayanan."

⁵²⁹ May mga denominasyon, na rin, doon noon, taglay-taglay ang kanilang karunungan. Si Jesus nama'y pananampalataya. Pananampalataya sa ano? Kung ano nga Siya: Anak ng Diyos. Kita n'yo? Buweno.

⁵³⁰ Si San Martin; sa simbahang Romano, sa mga araw na 'yun nung isulong ang reporma. Hayan nga't ang tinutukoy ko rito, nung sila, nung bago pa sila napasok sa paganong Roma, noong nagsisimula na itong maging iglesyang Romano. Nanindigan si Martin at tumutol sa dogma ng simbahang Katoliko; gumawa ng mga tanda, at mga kababalaghan, at mga himala. At—at ang kanyang mga iglesya, lahat sila, ay nagsipagsalita ng iba't ibang wika, at nagpropesiya, at dakilang mga bagay. At ang kapangyarihan ng Diyos ay nasa kanya. Binuhay niya ang mga patay at pinagaling ang mga maysakit, at nagpamalalas ng gaya nun. At naroon 'yung simbahang Katoliko, pinalagan siya, at ginawa nila ang lahat para maipasunog siya, at gawin sa kanya ang kung anu-ano. Ano 'yun? Karunungan; pananampalataya. Nangyayari mapasa hanggang ngayon.

⁵³¹ Pakinggan natin ang pinaka putong ng lahat ng ito. Dito sa Zacarias 4:6 ako magtatapos, mismo. Sinabi ng Biblia, "Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Panginoon. Hindi sa pamamagitan ng karunungan, ni ng kaalaman, ni ng kung anong denominasyon, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu ay Aking (ano?) pakikilusin ang Aking Salita." Hayan nga't ipinunla muna Iyon sa mga alagad, pagkatapos dumating sa kanila ang Espiritu para pakilusin ang Salita. Kita n'yo? "Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, ni ng karunungan, ni ng kaunawaan, ni ng *ganito*, ni ng *ganoon*, kundi

sa pamamagitan ng Aking Espiritu ay pakikilusin Ko ang Aking Salita. Sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Panginoon.” Ang Tubig na Salita ng pananampalataya ang nagpapakilos sa Salita ng Diyos at nagpapagana Rito.

⁵³² Alin ang mananalò? Para bang, kung titingnan ngayon, siyempre, karunungan ang gagana. Pero, hindi. Hindi.

⁵³³ Para bang, kung titingnan ngayon, ang munting Iglesyang nananampalataya sa buong Salita ng Diyos ang—ang tunay na nasa minorya. Ngunit huwag kayong mag-alala. Sinabi ng Biblia, “Huwag kayong mangatakot, munting Kawan. Sapagkat mainam na kalooban ng inyong Ama ang sa inyo’y ibigay ang Kaharian.” Uh-huh. Siyanga. Kita n’yo? At huwag nga kayong matakot. Manatili lamang sa pananampalataya. Manatili lamang sa Salita mismo. Huwag n’yong iiwan ang Salita. Manatili kayo sa Salita.

Iniibig n’yo ba Siya? Amen.
Paglilingkuran n’yo ba Siya? Amen.
Sasampalatayanan n’yo ba Siya? Amen.
Amen. Amen.

Awitin natin ito.

Iniibig n’yo ba Siya? [Sinabí ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]
Paglilingkuran n’yo ba Siya? Amen.
Sinasampalatayanan n’yo ba Siya? Amen.
Amen. Amen.

Iniibig n’yo ba Siya? Amen.
Paglilingkuran n’yo ba Siya? Amen.
Sasampalatayanan n’yo ba Siya? Amen.
Amen. Amen.

⁵³⁴ Oh, iniibig ko Siya! Kayo po rin hindi ba? [Sinabí ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ano ito? Sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi ng karunungan! “Sa pamamagitan ng pananampalataya tayo’y naligtas.” Tama ba ‘yun? [“Amen.”] “Hindi sa pamamagitan ng karunungan, ni ng kaalaman; sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Panginoon.”

⁵³⁵ Ngayon hayaan nating tumimo nang malalim ang Mga Ito sa Iglesya rito. Ang kawad na tansong ‘yan, daluyan ‘yan ng kuryente. Ngayon, ang kawad na aluminum ay hindi daluyan ng kuryente. Kita n’yo? Hindi daluyan. Hindi. Ang gomang pandilig ay hindi daluyan ng kuryente; pinipigilan pa nga nun ang kuryente. Ang kahoy ay pumipigil din ng kuryente. Ayaw natin ng anumang pagpigil sa kuryente. Napakaraming ganyan ngayon, at nagdudulot ng pagkakawalay-walay. Kaya ang—ang gusto nati’y. . . Ang gusto nati’y mga daluyan ng kuryente, mga naipanganak na muling kalalakihan at kababaihan na sumasampalataya sa Salita ng Diyos.

536 Ngayon, anong sinabi ng Dynamo? “Hilingin ninyo sa Ama ang anuman sa Aking Pangalan, gagawin Ko ito.”

537 At anong dapat n'yong gawin? Maisaksak dun. Amen. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Maisaksak lang, 'yun lang ang kailangan n'yong gawin, at dadaloy na ang kuryente sa linya.

538 Anong mangyayari? Magsisimulang yumabong ang Salita. “At siya'y magiging parang punongkahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig; ang kanyang dahon ay hindi malalanta; anumang kanyang gawin ay giginhawa. Ang masama ay hindi gayon.”

539 “Ang masama ay hindi gayon.” Ngayon, hindi, “makasalanan,” ang tinutukoy natin dito. “Ang masama,” kita n'yo, 'yun bang nag-aangking taglay raw niya, pero masama naman Dito, kita n'yo. Siyanga. “Ang masama ay hindi gayon. Hindi sila maaaring tumayo sa paghatol na kasama ng mga matuwid.” Hindi, po. Talagang hindi maaari.

540 Hayan nga't, dumating na ang oras. Naipunla na ang Binhi, hayan nga't, sila na mga naitalaga na nang una. “Pagkatalaga” ang tanging paraan dun. Puwede ko ngang kunin ngayon ang Apocalipsis 12, ngayon, at 13, at patunayan 'yun sa inyo, na 'yung mga nakatalaga lamang. Sinabi ng Biblia, na, “Ang anticristong ito na darating sa lupa ay dadayain ang lahat,” (l-a-h-a-t), “lahat ng nasa ibabaw ng lupa, sa pamamagitan ng mga denominasyon at mga kredo. Kanyang dadayain ang lahat ng nasa ibabaw ng lupa, bawat isa sa kanila, maliban sa mga itinalaga na bago pa man itinatag ang sanlibutan.” Kaya, kapatid, wala kang magagawang anuman tungkol dito. Isigaw mo lang, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Oh, ang ganda! Gustong-gusto ko ito. Siyanga, po.

Iniibig n'yo ba Siya? Amen.

Paglilingkuran n'yo ba Siya? Amen.

Sinasampalatayanan n'yo ba Siya? Amen.

Amen. Amen.

541 Nais kong kantahin n'yo nang kantahin 'yan dito sa atin, kayong lahat. Gusto ko ang awiting 'yan. Hindi ba't gusto n'yo rin? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sa Phoenix, 'yan 'yung pinaka temang awitin namin sa buong gawain dun. Oh! Gustong-gusto ko talaga ito. Gustong-gusto ko. Sige po awitin natin uli.

Iniibig n'yo ba Siya? Amen.

Paglilingkuran n'yo ba Siya? Amen.

Sasampalatayanan n'yo ba Siya? Amen.

Amen. Amen.

542 Buweno, wala pong katapusan 'yan kung aawit-awitin n'yo talaga, alam n'yo. “Sasambahin n'yo ba Siya?” Wala talagang katapusan, tuluy-tuloy lang. Ang ganda! Nagsimula 'yan dun sa

Phoenix; halos 'yun nang 'yun ang inaawit namin sa dakong 'yun nang walang sawa. Siyanga, po. "Amen. Amen. Amen."

Naisaksak na ba kayo ngayong umaga? Amen.

Pindutin ang bukas. Amen.

Dumadaloy na sa inyo ang kuryente. Amen.

Amen. Amen.

Ngayon tutubo na Ito. Amen.

Mamumunga na. Amen.

Ipapakita n'yo Ito. Amen.

Amen. Amen.


⁵⁴³ Oh, hindi ba't napakainam talaga nito? [Sinاسب ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Amen. Napakainam talaga. Pasensya na po kung pinatagal ko kayong lahat dito, napahaba tayo sa oras, pero gusto ko lang talagang ilabas, ang kagalakan ko, sadyang napakainam talaga nito sa pakiramdam. Buweno.

Sa susunod na Linggo, po, sa lahat ng narito . . .

⁵⁴⁴ Ngayon, paroroon po ako sa may simbahan ni Kapatid na Littlefield, upang magbahagi dun ng kaunting Salita, marahil dadalhin lamang ang ilan sa Salitang ito rito at ihahasik Ito roon sa gitna nila, ng church of God, kagaya rito. At siguro mangungusap ako dun ng bagay na napangusap ko na rito. Siyempre, kayo'y malugod na iniimbitahang dumalo. Yun nga lang maliit ang simbahan nila dun, kasya lang ang labinlimang daan. Inihandog ko 'yun noon, mga ilang taon pa lang ang nakakaraan. Siksikan na po dun. Pero nangako na ako kay Kapatid na Littlefield na pupunta ako dun. Isa siyang pinakamamahal na kapatid. At dapat lang tuparin ng isang tao ang kanyang pangako kung makakaya niya. Kung loobin ng Panginoon, paroroon ako.

⁵⁴⁵ May simba pa rin dito sa tabernakulo sa susunod. Kaya sa mga dumadalo po rito sa tabernakulo, na malapit lang kayo rito at di kayo abala, at kaya n'yo namang dumalo. Pumunta lang po kayo.

⁵⁴⁶ At pagkatapos, sa susunod na Linggo, huwag n'yo pong kalimutan, pupunta rito si Kapatid na Arganbright kasama ni Kapatid na Rowe. Tiyak na masisiyahan kayo kay Kapatid na Rowe. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Sige.

⁵⁴⁷ Ibigay na natin ngayon ang gawain kay Kapatid na Neville, hintayin natin kung anong ipangungusap niya sa atin ngayon. Pagpalain kayo ng Panginoon. 

KARUNUNGAN LABAN SA PANANAMPALATAYA TAG62-0401
(Wisdom Versus Faith)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Abril 1, 1962, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org